




100 DAY DEAL

I'll do whatever it takes..para kahit sa buong buhay ko siya pa rin at wala nang iba.

©Haven Khion

Characters:



Prologue

How to Make Him Break Up with You:

1. Do what he hates
2. Make him angry
3. Pick fights with him
4. Cheat on him
5. Break his heart

Ganyan lang daw kadali yun. Ewan ko ba kung ba't naniwala ako. Sobrang desperado ko na siguro.
Di ko lang alam, maling-mali pala yung gagawin ko.

Chapter One

Ako si Jamie Nica Reyes. Tawag ng mga friends ko saken **Jamie**. Yung mga super best friends at feeling close, tawag saken **Jam**. Seventeen years old na ako. NBSB. Not that I'm ugly. It's just that I hate commitment. Karamihan sa mga friends ko, may boyfriend na. Ako na lang ang hindi. They always try to set me up tuloy. The problem is, when I get close to a guy, natatakot ako. *Siguro nga, I'm scared to fall in love.*

Medyo matangkad ako compared to others. I have long straight hair na laging naka-ponytail lang. Tapos, I love to wear cargo pants and ang top ko, kahit anong mabunot na damit sa magulong closet. Ang shoes ko, Chucks lang or Red. Kaya medyo mukha akong lalaki sa ayos ko. Pero, may curves din naman ako. Ayoko lang ipakita so I wear loose clothing.

Yung guy naman, si Chase Andrew de Guzman. He's eighteen. Second year na siya and heartthrob sa school. I'm not really attracted to him kasi nga, I rarely look at guys. We're from the same elementary school and same din ang high school. Pero, since one year older siya, di naman kami nagkakausap.

Until then....

Umpisahan natin sa... exactly thirteen days ago.

Pagpasok ko pa lang sa school, I felt like something was wrong. Kasi yung buong student body ay nagkakagulo sa bulletin board na normally ay di naman nila pinapansin.

I saw my bestfriend, Clara sa isang corner at mukhang may katext siya.

"Huy!" tinapik ko yung shoulder nya.

"Ay, shit! Anu ba yan! You scared ten years out of me!" sabi nya sabay hawak sa dibdib. Nerbiyosa si Clara. Sometimes I think na baka dahil yun sa pag-inom nya ng coffee everyday.

"Best, Anong meron?" I asked.

"Ah? Wala. May bago lang tsimis."

"Ha? Ano?"

"Si Chase daw. Nakipagbreak na daw kay Alexandria Gomez."

"What? Yun lang, pinagkakaguluhan na?"

"Shunga." Binatukan nya ako.

"Sakit nun ah. Makabatok ka, wagas."

"Sorry. Alam mo naman eh. Si Chase and Alexandria ang tila king and queen here in our school. With them breaking up, mahahati din ang buong school."

"OA naman nila. Parang break-up lang, ganun na.."

"Best, alam mo namang mahal kita, di ba? Kaya I want to be the first one to tell you na baliw ka."

“Ganun?”

“Oo. Si Chase at Alexandria ay yung tipong high school sweethearts na probable na maging mag-asawa in the future. Ganun ka-perfect!”

“Oh, kung perfect nga, ba’t sila naghiwalay?”

“Yun nga eh. Engaged na daw si Chase. Kaya, di pwedeng he’ll continue being with Alexandria.” Tapos, mukhang super sad nga yung bestfriend ko.

“Best. Para namang teleserye yan. Nako, if I know, they’re still together at patago lang yung relationship nila.” I said.

She shook her head. “No. Nag-break na talaga sila. Kaya nagkakagulo sa bulletin board is because may nakasulat dun na ‘I hate you Chase Andrew!’ Tapos pagkakita ni Chase, umalis bigla. Pero pagtawag sa bahay nila, wala daw dun si Chase. Tapos si Alexandria naman, iyak nang iyak. Ayun, nagkulong sa CR.”

Napatango na lang ako. Malay ko ba dun? Hello! NBSB nga di ba? So yun, whole day napansin kong totoo nga sinabi ni Clara. Yung dating table na inuupuan ng mga “popular” sa school, walang nakaupo. Pati 3rd year and 4th year di umuupo dun. Tapos, parang may invisible line na humahati sa school.

“Clara, san tayo?” I asked her habang dala namin yung tray namin.

“Dun sa side nina Alexandria. Nandun si Clarice eh. Pati din si Whitney.” Sabi nya. Si Clarice yung twin ni Clara. And si Whitney naman ay ang bestfriend din namin na nasa cheering squad kaya close sila ni Alexandria.

So, dun nga kami. Napansin kong wala nga talaga sa sarili si Alexandria. Normally, yung hair nya, super shiny na mukhang pangcommercial. Ngayon, she just pulled it up. Then yung sout nya, normally, colorful na mga damit. Ngayon, gray sweatshirt lang and shorts. Yung mata nya, medyo namumugto. Halatang umiyak. Di sya kumakain. Nakatitig lang dun sa food nya.

Isang buong oras syang ganun at lahat kami ay super na-awkward. Habang kumakain, biglang tumunog yung phone ko. Biglang napatingin si Alexandria away from her food.

*I say leave
But all I really want is you
To stand outside my window
Throwing pebbles
Screaming I’m in love with you
Wait there in the pouring rain
Come back for more
And don’t you leave
Cause I know all I need is on
The other side of the door*

Napatingin silang lahat sakin. Then, si Alexandria biglang umiyak. Then, buong school, nakatingin na talaga.

“Oh. God! I’m so sorry!” I grabbed my phone and went away.

Sinagot ko yung call. Si dad pala.

“Hello.”

“Hello. Naglu-lunch ka ba ngayon?”

“Y-yes.”

“Umuwi ka nang maaga tonight. Kailangan 7 PM nandito ka na. We’ll have dinner.”

“Opo.”

“Okay. Bye.”

Ganun kami ng dad ko. Cold sa isa’t isa. Di kasi talaga kami close kasi lagi syang wala. Pagbalik ko sa cafeteria, bigla akong hinug ni Alexandria.

“Gosh. Sorry. Ayokong isipin mo na baliw ako. It’s just that, yung song kasi eh. I’m sorry if I offended you in some way.” Then, umiyak uli sya.

Talk about awkward.

“Okay lang.” I patted her back.

“Really?” Thank God. Bumitaw sya saken.

“Oo. Sure.”

“Thank you for understanding.” Hinug nya uli ako bigla. Then, umalis na.

Sinundan siya ng iba pa nyang friends at ang natira lang sa table ay ako, si Clara, Clarice at Whitney.

“What was that about?” sabi ni Clarice.

“Oh. Nagso-sorry si Alexanria.” I shrugged like that happens everyday. Eh siguro nga, ngayon lang ako napansin nun. Not being mean, pero she’s popular nga so people like me aren’t really close to her.

“Not that. Yung phonecall.” Sabi ni Whitney.

“Ah. Yun. Tumawag ang daddy ko. Pinapauwi ako ng maaga. Sorry ah. I can’t go with you later.”

“Okay lang. we understand. Bihira nga lang kayo mag-meet ng daddy mo eh. So, okay lang talaga.”

“I’d rather be with you, guys.”

“Awww...” sabi nila.

“Cheesy mo ‘teh! Okay na. okay na. Aura na!” sabi ni Whitney. She does that for fun sometimes. Yung magsalita ng parang gay. So, natawa ako.

I didn’t know na dapat pala din a lang ako pumunta para di ko na lang nagawa yung kabaliwan nay un.

Super higpit ng parents ko. Meron kasi kaming business na namana galing sa lolo ni daddy. So, mula pagkabata eh, tini-train na ata ako. Sa ngayon, huge corporation na sya. Ang kuya ko, VP na. Tapos si ate, asawa ng CEO ng isa ring malaking corporation na business partner ni daddy. After a year nila magpakasal, nag-merge na ang dalawang companies.

Sabi lagi ni mommy na I shouldn’t take any guy seriously kasi someday, baka i-arranged marriage din ako. So, I just enjoy life sa ngayon.

“Jamie Nica, you won’t go dressed like that.” She pointed at my clothes. I went up my room. Marami dung dress na bihira ko lang naman suotin.

I got a red dress and placed my hair in a single braid na nag-reach up to my lower back. Maiksi yung dress at I hate na magsuot ng ganun. Tapos black stilettos. Oo. Kaya ko ring magsuot nun. Bihira lang talaga. I wore yung necklace na gift nila nung thirteenth birthday ko. White gold yun tapos may locket. Sa loob, picture ng parents ko at kaming magkakapatid.

Then, pumunta kami sa isang sikat na hotel. Dun kami laging nagdi-dinner pag nandyang si daddy. No excuses. Pati ate at kuya ko, walang absent sa ganitong dinner. Pagkarating, nandun na nga silang dalawa. Kaming tatlo na lang ang hinihintay.

Pumunta samin yung waiter para kunin yung order namin. Sinabihan lang sya ni mommy ng “Tell the chef we want the usual.”

Tumango ito at umalis.

“Nico, how are the reports doing?” tanong ni daddy.

“Uhm. Okay. We just signed the deal with Mr. Lopez this morning.”

“Good. How about you, Jasmine?”

“Well, Jason (yung husband ni ate) was requesting forms yesterday. He just received them today. We think there’s an error in some of the files.”

“What error?”

“Yung budget nung January. There’s an amount allocated for travel but we didn’t have any out-of-town trip until February.”

“I see. I’ll check with the department.”

Grabe dinner sameng noh? Kala mo, may business meeting na. Ganyan lagi. Parang di nila kaya iwan yung trabaho nila sa opisina. Parang kulang pa yung 8 hours. Nasa dugo ata naming pagka-perfectionist. Lahat dapat tapos and no errors allowed.

“Jamie, how are your studies?” He asked.

“Fine, daddy.”

“I saw a 1.5 na grade ah. What are you doing?” Sobra. Galit na si daddy.

“Sorry, dad.”

“I don’t want that to drop from a 1.25, okay?”

“Yes, dad.”

“And you’ll meet your fiancé tonight.”

“Yes, dad.”

Wait! Anong sinabi ko?!

Chapter Two

“He’s from your school. Alam ko, you’ll get along just fine.” He said. Closed na ang conversation. No protests. At ganun nga ang nangyari. Di na pinag-usapan ang topic nay un. Balik na sa usapan about budget, liquidation, blah, blah, blah...

After half an hour, dumating na yung food namin. Then may isang couple na lumapit sa table namin.

“Oh. Mr. and Mrs. De Guzman, we’re glad that you can make it.” Sabi ni mommy.

“Nako, Sally. Just call me Gina. At sya, Arthur. Para naman di tayong magiging magkumare eh.” Then, tumawa yung woman. Mukha naman syang mabait at medyo familiar yung itsura.

“Okay. Just call me Sally. Siyempre, kilala nyo na ang asawa ko, si Edward.” Sabi ni mommy.

Umupo na yung couple sa gitna nina mommy at daddy.

“This is our daughter, Jamie Nica Reyes. That’s our eldest, Jasmine Mae Reyes-Chan. And our only son, Jaime Nicolas Reyes.” We all greeted them with smiles.

“Sorry. Our son couldn’t make it. Pero I think that you know him, hija.” Sabi saakin.

“I guess so, ma’am. I heard that he’s from our school.” I answered.

“Yes. Pero he’s a second year now. Sabi ko nga eh, okay lang. One year lang naman ang age difference. Si Chase naman ang laging nagsasabi na girls mature faster than boys.” Then, tumawa siya.

Oh my God?! CHASE?!!

Wait..

Oo nga!

De Guzman ang surname nila!! SHIT.

“Ma’am ano ho whole name nya?” I smiled.

“Oh. Hija, just call me Tita Gina.”

“Opo, Tita Gina.”

“Pangalan ng son ko ay Chase Andrew. Cute di ba?” She smiled.

Pilit na rin akong ngumiti.

OH SHIT!!!!!!

Nabaliw ata ako. The whole time, super tahimik ko lang sa table. Hirap ah. Try mo. Ang campus sweethearts ay nagbreak then ako ang ipapalit?! If you told me na mangyayari to around twelve hours ago, baka sinabi ko sayong, “anong droga nahithit mo?!” Pero, ganun na nga.

After dinner, may binigay si Tita Gina saken na picture. Sabi nya, so I can see what Chase looks like. And I prayed na sana ibang guy to. Alam kong imposible pero, desperado na ko eh. Shit naman kasi.

Pagkakita ko sa picture, bumulaga saken ang (okay, gwapong) mukha ni Chase Andrew De Guzman. Pano nga? Ewan. Bahala na. Di ko na alam kung pano to. I told my parents na I'm going out kasama si ate. Pinayagan naman nila ako. Pag weekends kasi, dun ako nags-stay sa bahay nya. So, pumunta kami sa bar.

Super concerned pala sya. Dinner pa lang. Alam na nya agad na may mali nung narinig nya yung name. familiar daw kasi. So sinbi ko sa kanya ang buong storya.

Natawa lang si ate at pinabayaan akong uminom. Normally, I don't drink when I'm not happy. Pero special occasion to. Kasi maaaring magulo buhay ko nito.

Panglimang margarita ko na ata yung nang Makita ko ang mukha ni Chase. Pag sobrang lasing ko kasi, nagha-hallucinate na ko.

"Chase Andrew de Guzman, gag* ka!!" I said. Tumingin sya saken then tumaas yung kilay.

"Baliw ka din, noh?" I said then sabay hampas.

"Do I know you?" tanong nya saken.

"Oo. Fiancee mo ko. Hay nako, bwisit. Imagination lang naman kita so pwede kitang awayin." Sabi ko then hinampas-hampas ko uli sya.

"Ouch! Miss, nakakarami ka na ah!" galit na sya.

"Oh. So, di pala kita imagination." Then bigla akong tumawa.

"Did you just say na fiancée kita?" He said.

"Oo. Yung daddy ko, in-arranged marriage ako sayo. Kaka-meet ko nga lang ng mommy mo eh. Wait ah, may binigay syang picture mo." Then, binigay ko yung picture nya.

Napamura sya bigla.

"Let's make a contract." Bigla syang nagsalita.

"ha?"

"Magiging tayo. And if I break up with you, I'll be make my parents cancel the engagement."

Nagulat ako. "Sure."

Then, nagsulat sya sa isang papel. Tapos, pumirma.

"We'll last for 100 days, okay?"

I nodded. Then, pumirma din ako.

Napangiti sya. In fairness, he's really cute.

“See you around.” Then, he kissed my cheek.

Pagkaalis nya, dumating uli si ate. Pumunta lang daw sya sa dancefloor.

“May nangyari ba?” She asked.

I wanted to tell her about the deal but I couldn't. I just kept my mouth shut.

“If you mean by that, nakainom na talaga ako, then, yes.” Sagot ko.

“Eh, di uwi na tayo.” Yaya niya.

“Okay.” And kinuha ko yung papel and tinago sa bag ko.

What did I get myself into?!

Chapter Three

Over the weekend, pinapunta ko si Clara. Siya lang ang pinakamapagkakatiwalaan ko eh. Then, sinabi ko sa kanya yung nangyari.

“Joke ba yun?” sabi nya.

“No. Magf-freak out ba ako kung joke lang yun?”

“Sorry. Di lang talaga ako makapaniwala.”

“Ako din ah. Ayoko ng ganito. The whole school would hate me!”

“No. They won’t. It’s not your fault, okay? And all you have to do is make him break up with you.”

“How?”

“Wait lang ah. Follow natin yung ginagawa naming nina Whitney and Clarice.” Then she handed me a magazine.

How to Make Him Break Up with You:

1. **Do what he hates**
2. **Make him angry**
3. **Pick fights with him**
4. **Cheat on him**
5. **Break his heart**

“Ang harsh naman nito.” Sabi ko.

“Well, kailangan eh. Besides, it always works.”

I nodded. “Okay. Gagawin ko.”

She told me, “Ingat ah. Bawal ma-inlove o makonsyensya.”

“Okay.”

Pinunit ko yung page na yun then, tinape ko sa mirror.

“By Monday, lose the jeans and the ponytail. Dapat mag-ayos ka na.” Sabi ni Clara.

“Why?”

“Effective lang yan if he likes you. So, make him like you first.”

“Okay.”

That Saturday, pina-curl nila yung buhok ko. Then, binilhan pa ko ng mga shirts and high heeled shoes.

So, for short, ginawa talaga nila akong babaeng-babae.

When I went back to our house, natuwa si mommy sa itsura ko. She said it was good to see a change in me. And I just said thank you.

I don't get why I have to do that. Parang ewan eh. Kasi, anong konek ng pagpapaganda, di ba?

Nung Monday morning, nagulat ako na nagdecide si daddy na makisabay samin ng breakfast. Di naman sya normally ganun eh.

"Jamie, I have to tell you something."

"Ano po yun, dad?"

"Simula today, wala ka ng driver. Si Chase na ang maghahatid-sundo sayo. He got his driver's license already and I feel better kapag alam kong safe ka."

"Y-yes, dad."

Biglang may narinig kaming busina.

"Oh. He's right on time."

"Bye, dad." Nagmano ako then, umalis na. Pagkalabas ko, merong convertible na nasa labas ng gate.

"Ano favorite cartoon character mo?" Yun ang una nyang bati saakin.

"Ah. Good morning din. Salamat sa pagbati." I said sarcastically. Di ko napansin pero naka-match pala suot naming. Naka-blue syang polo shirt and naka-blue na top din ako, then skirt.

"We match. You're my stalker ha. Ginaya mo talaga yung suot ko." He grinned.

Shemay! Sarap sapakin ng lalaking to! Kapal, ah. Ang aga-aga, binibwisit ako. Ganyan ba ang lalaking kakabreak lang sa girlfriend?

"Tweety. Yun. Okay na?"

"Oh. Malapit lang sa sweetie. Eh di sweetie na tawag ko sayo." Ngumiti uli sya.

Maputi si Chase. Nalaman kong palangiti sya. Kaya pala daming patay na patay sa kanya. Nako. Di nya ko madadaan sa pangiti-ngiti noh.

"Wag mo nga akong tawaging ganyan." Nairita ako.

"Nope. Sweetie na kita. Remember the deal we made? Kung binasa mo lahat ng yun, malalaman mo na pag ikaw ang nakipagbreak, ikaw ang magsasabi sa parents natin na i-break off yung engagement."

Anu ba! May ganun pala!!

"Oo na."

Pagdating sa school, nauna syang bumaba ng car. Tapos, he opened the door for me. Nakita ko ang paglaglag ng panga ng mga tao nang makita kami.

“Who’s she?”

“Kapal ng mukha oh.”

“Sya ba yung fiancée ni Chase?”

“Maganda ah. Ligawan natin. Tara.”

Pero ang pinakanakakapagpabagabag ay yung di nagcomment. Yung mga friends ni Alexandria at si Alexandria mismo.

Yung mga pumanig naman kay Chase, nakipag-high five sa kanya. Nasiyahan ata na nagka-girlfriend agad yung loko.

“Chase, sino sya?” tanong ng isa.

“Si Sweetie.” Sagot nya. Tinapakan ko paa nya.

“Jamie Nica.” I said.

“Oh.” Nag-smile din yung friend nya.

“Mica dapat.” Sabi nya.

“Nica!” sabi ko.

“Mas gusto ko ang Mica.” He hugged me. Ged, nakakahiya! I bet, namumula na ako ngayon.

“Bitawan mo nga ko.”

“You’re saying that but you like me.”

“No. I don’t.”

“Eh, pano ba yan? Girlfriend na kita.” Pang-aasar pa nya.

Biglang nag-ring yung bell. And finally, bumitaw na sya.

“Mamaya na lang uli, Sweetie.” Umalis na sya.

Inis na inis na ko!! GRRRR!!!!!! Lagot ka sakín Chase Andrew!!

Sa first class, magkakasama kami nina Whitney, Clara at Clarice. Apparently, alam na nila ang situation ko. Sila **LANG** ang nakakaalam.

“Jam, ano na gagawin mo?” tanong ni Clarice.

“Hay. Kung alam ko nga lang, bawal na ako yung makipagbreak. Pag nangyari yun, ako ang magsasabi sa parents naming na i-break off yung engagement.”

“Oh. So, itutuloy mo yung plan.”

“I have to. No choice eh. Alangan namang ma-engaged ako dun at sya mapangasawa ko.”

“Kawawa ka naman.” Sabi ni Whitney.

“Maiba ako, kamusta si Alexandria?” I said. Nakokonsyensya na rin ako sa ginagawa ko, noh.

“Umiiyak eh.” Sabi ni Whitney.

“Argh! Ba’t pa kasi ako pumayag?”

“Nako. Wag mong i-stress ang sarili mo. Mas isipin mo muna studies mo.” Sabi ni Clarice.

“Nako. Stress din yun. May 1.5 ako eh.”

“1.5, reklamo pa?! Eh ako nga, 1.75 lang, magtatatalon na ako sa tuwa.” Sabi ni Whitney.

“Ganyan talaga. Overachiever family.” Sabi ni Clara.

“Which reminds me, guys, wanna come? Sabi ni daddy, may launching party daw. Around ten days from now. Invited kayo.” I said.

“Sure. Since when ba kami naka-miss ng event nyo?”

“Oo nga, best. When ka ba magpapagawa ng dress?”

“Cocktail dress lang. Okay na yun.” I said.

“Eh ang engagement party nyo?” Whitney joked.

“Wag na. Titignan pa after 100 days. After that, at saka na gawin ng parents ko ang kahit anong gusto nila.”

Buti na lang, mabait yung prof namin. Wala syang pakialam kung nagdadaldalan sa klase nya. According to him, we are allowed to speak freely. Paniwala nya kasi, everybody should be free. May sense pero, ang weird.

Natapos ang klase ng ganun-ganun lang. Nang dumating yung lunch time, nagkaproblema. Hati pa rin kasi ang school. And this time, nandun na si Chase sa isang side. Sa kabila ulit si Alexandria.

“Best, patay. Pano na to? Kalat na sa school na kayo na ni Chase. Di pwedeng makiupo ka samen.” Bulong ni Clarice.

“Oo nga eh. Ged naman.” Sabi ko.

Biglang may yumakap saken.

“Ay, F***!” Napamura ako. Pagtingin ko sa likod ko, si Chase pala nakayakap saken.

“Bitiwan mo nga ko!” Sinipa ko yung tuhod nya.

“AW!” Napabitiw sya.

“Uhm. Bye, Jam. Bye Ch-Chase.” Sabi ni Clara at hinila na nya papalayo sina Whitney at Clarice na mukhang type pa kong asar-asarin.

Bigla nya akong inakbayan. “Tara, Sweetie. Dun tayo, oh.” Tinuro nya yung table nila ng mga kaibigan nya sa basketball team at iba pang girls sa cheering squad.

“Ba’t naman?! Ayoko nga. OP ako dun noh.” At tinanggal ko yung pagkakaakbay nya.

“Dali na. Please! Luluhod ako ditto.”

“Bahala ka.”

O___O

Lumuhod nga ang loko.

Bigla tuloy nangantsaw yung mga tao.

“AYYIIIEEEEE!!!!!!!!!! ANG SWEET!” sabi nila.

“Pst.Tumayo ka nga dyan! Nakakahiya! Oo na!” Bulong ko sa kanya. Namumula na ko sa kahihyan dito.

“Yehey!” Tapos, hinawakan nya yung kamay ko at dinala ako sa table nila.

“Pare, nagiging cheesy ka na ah.”

“Di naman.”

“Weh? Pati ako nga, kinikilig eh.” Sabi ng isang girl.

“Worth it naman kung ganito kaganda ang girlfriend mo.” Tapos, pinisil nya yung pisngi ko.

Ano ako, stuffed toy?!

“Nako. Pano ka naman hindi mapapa-oo pag ganito ka-cute ang boyfriend mo?” Sabi ko. Tapos, pinisil ko ng matindi yung pisngi nya.

“AW! AW! AW! Oo na.Cute na ko.” Sabi nya. Binitiw ko sya at napahawak sya dun sa pisngi nya.

Namumula na.

Ci-nover ko yung mukha ko. Para di nya mapansin na natatawa ako.

“Ano ba yan?! Baka dagain na kayo dito.” Sabi ng isa nyang friend.

“Guys, arranged marriage yan. It doesn’t mean na gusto nila ang isa’t isa di ba? At saka, kaka-break lang nila Chase at Alexandria.” Sabi nung isa.

Nagulat naman ako sa sinabi nya. Kala ko, ang lahat, nakalimutan na na super aga pa para maka-get over agad si Chase kay Alexandria.

“Tama na nga yan, Sef.” Sabi ni Chase. Seryoso yung mukha nya.

“Ah. Guys, nubayan! Mag-aaway ba kayo?!” Pang-aasar ng isang girl.

Tinignan ko yung Sef. Parang familiar yung face nya. Matangkad sya at mukhang mabait.

“Okay. Eh di iba na lang sasabihin ko sayo. Chase, swerte mo sa girlfriend mo. She’s very pretty. Mas maganda pa nga kesa kay Alexandria. Ingatan mo sya, baka maagaw ko yan.” Sabi ni Sef. Tumawa sya. Then, tumawa din si Clarice.

Napatingin ako across the room kay Alexandria. Nakatingin sya samen, bigla syang napaiyak at nag-walk out. Pakiramdam ko, sobrang sama ko na.

“Okay lang yan.” Bigla na lang ako hinila then, inakbayan. He squeezed my shoulder tapos, kiniss yung forehead ko.

Parang ewan. Di ko maintindihan kasi parang bigla nyang naalis yung guilt na nararamdaman ko. Pero dapat, di ganito. Bawal nga di ba?

“Nana-nanching ka na ah!” Tinulak ko sya.

“Sweetie naman oh! Ang sarap sarap mo kaya yakapin!” Then, nagpose sya ng parang yayakapin nga ko.

“Oppss... Tigilan mo yan! Sasabihin ko kay daddy na manyak ka!” Sabi ko.

“Okay lang yun! Para magka-apo agad si tito.” Tapos, niyakap na nga nya uli ako.

“Ano ba! Nakakarami ka na! Bitiwan mo ko!” Sumisigaw na ko sa tenga nya.

“Ang cute naman ng girlfriend ko!”

“Tama na yan! Naiinggit naman kami!” Sabi ni Sef.

Finally, binitawan na ko!

Tumakbo na ko papuntang next class. Ako pa nauna dun sa sobrang pagmamadaling makalayo kay Chase.

Biglang nag-ring yung phone ko.

UNKNOWN NUMBER.

Sino kaya?

“Hello?”

“Sweetie! Nasan ka?!”

Binabaan ko sya ng phone.

Kapal talaga ng mukha! Patawag-tawag pa! Sino ba sya, boyfriend o tatay ko?!

Chapter Four

Naghintay lang ako ng 5 minutes, dumating na din yung classmates ko. Tapos, yung prof. sobrang boring ng subject na un talaga! Kulang na lang ata, makatulog na ako.

Biglang nagvibrate yung phone ko.

From: Clara

Babae, sundin mo na lang tong mga guidelines na to. Mapapa-fall mo sya.

1. Be sure na mapangiti sya everyday.
2. Magdate kayo.
3. Do something sweet for him.
4. Make him open up to you.

Pag nag-open up na sya, ibig sabihin nun, he really trusts you enough. Good luck!

Lecheng buhay naman oh... ang dami kong dapat gawin. Okay. Number one. Oo, nagawa ko na. Sobrang ngiti na nga yun eh. Mukhang baliw.

Mag-date? Ayoko. Nakakadiri. Mamaya kung ano gawin nun...

After ng class, nakita ko agad sya sa pinto.

Putek tong lalaking to ah! Sino nag-hire sa kanya na bodyguard ko?! Daig pa aso kung magbantay ha.

“Sweetie!” Yun ang una nyang sinabi saken.

“Sino ka? Di kita kilala.”

“Sweetie naman, oh. Na-miss nga kita eh.”

“Tigil-tigilan mo nga yung kaka-sweetie mo saken.”

“Sweetie...” Nag-pout sya.

Sobra. Mas magaling pang magpa-cute tong lalaking to kesa saken ah!

“Mukha tayong ewan pag tinatawag mo kong Sweetie. Parang panghayop na pangalan. Tigilan mo nga.”

“Ikaw nga lang tinatawag ko ng ganun eh.”

“Basta. Ayoko.” I crossed my arms.

“Ako na lang magdadala ng bag mo.” Sabi nya ng nakangiti.

“Ayoko nga.”

“Sige ka, bigla akong kakanta dito ng Girlfriend by Avril Lavigne. Sasayaw pa ako.”

Weh?! Maniwala... Impossible, noh? Walang lalaking nasa tamang katinuan ang gagawa nun.

“Ewan ko sa’yo.”

Bigla syang tumigil.

“Hoy, bakit ka tumigil?” Sabi ko.

Di sya sumagot.

“Everybody, listen up!” Bigla syang sumigaw.

*Hey, hey! You, you!
I don't like your boyfriend!
No way! No way!
I think you need a new one!
Hey, hey! You, you!
I could be your boyfriend!*

Kumanta nga at sumayaw pa. ano ba to? Tinuturo-turo pa ko at sumsayaw sya ng akala mo kasama sa Sexbomb Dancers.

Nakakahiya!

*Hey, hey! You, you!
I know that you like me!
No way! No way!
No, it's not a secret!
Hey, hey! You, you!
I could be your boyfriend!*

“Okay! Suko na! Tumigil ka na!” sabi ko.

Huminto na sya. Nakakahiya talaga! Sobra. Kumembot pa sya.

“Yung prize ko?” sabi nya.

“Di ba yung bag?”

“Nope. Hindi yun.” And parang nang-asar yung ngiti niya.

“Eh, ano?”

“Date tayo.”

“Ayoko! Never!”

Hey, hey! You, you!

Shoot. Kakanta na naman!

“Oo na. Sige na! Okay?!”

“YES!” Sumigaw sya then niyakap uli ako. Nagpalakpakan naman yung mga schoolmates naming.

“Sweetie, bukas ha. Date tayo.” Then nagsmile uli sya. Grabe. Abot tenga.

“San naman?” Sabi ko.

“Ay. Wag pala bukas. Sa Friday na lang. Pero bukas, sabi ni mom, invited ka daw. Umuwi na kuya ko galing States kaya family dinner. Gusto ni mommy nandun ka after classes.”

“Ha?”

“Nagpaalam na din sa dad mo.”

No choice na. bawal umayaw. Alam na ni daddy eh.

“Sige.”

Lumabas na kami ng school. Hinatid nya ko hanggang sa gate ng bahay namin.

“Bye, Sweetie.”

So, binalibag ko yung pinto ng car nya. Wala pa parents ko. So, diretso lang ako sa kwarto. Inaayos ko yung gamit ko ng may makapa ako sa bag ko. So, tinignan ko.

Oh my.

Picture ko. Obvious na stolen shot. Mukhang super saya ko. Smile na smile ako dun sa picture eh.

You've got a smile that takes me to another planet
-Chase.

Nakalagay yun sa picture.

Napangiti ako. Weird talaga yung lalaking yun.

Biglang nagring yung phone ko. Lumabas ako sa balcony para mas malakas ang signal.

UNKNOWN NUMBER

“Hello?”

“Sweetie, nagustuhan mo ba yung gift ko?”

“Hindi noh!! Stalker ba kita?”

“Weh... di daw nagustuhan.. Eh, ba't nakasmile ka?”

“Hindi kaya ako nakasmile.”

“Kitang-kita ko eh. Nakasmile ka.”

Lumingon-lingon ako. Then, pagtingin ko sa may gate naming, nandun pa sya, hawak yung phone nya at kumakaway. Di pa pala umalis!!

In-end ko yung call.

Shemay! Baliw na nga ang lalaking to! Di ba kaya humanap ng parents ko ng normal na lalaki?

Day Five

Nagising ako dahil nag-ring yung phone ko.

“Hello.”

“Sweetie, good morning.”

“Alam mo bang sinira mo tulog ko?!”

“So, gising ka na?”

“Oo. Ba’t ka tumawag? Siguraduhin mong maayos ang dahilan mo.”

“Gusto kong marinig boses mo eh. Dapat yun ang una kong marinig.”

“Okay. Bye.” Ibababa ko na dapat yung phone.

“Wait! Pinapatanong ni Mommy kung may allergy ka daw ba.”

“Oo. Meron.”

“Hala! Saan? Para maiba agad yung ulam.”

“Sayo.”

Then, in-end ko yung call. Paikot-ikot ako sa kama.

Putek naman!! Di tuloy ako makatulog! Sino bang nagsabi sa kanyang tumawag sa mga tao ng 4AM?!

Baka di pa tapos ang 100 days, nakalibing na sya.

Nagbihis na lang ako at nagjogging. Dala ko yung SLR ko pati iPod. Naka-isang lap din ako. Tumigil ako nang Makita ko yung sunrise. Nagbreak muna ako, pinicturan yung sunrise. Then, isang lap uli.

Pag-uwi ko sa bahay, diretso shower then nagbihis. Di pa ko nakakapagbreakfast, may narinig na akong busina.

Paglabas ko ng gate, nandun na nga sya.

“Good Morning, Sweetie. Maayos ba tulog mo?”

I glared at him. “Bwisit ka.”

“Pinapasabi ni mommy, okay na daw yung food para mamaya. Excited na sya na makasabay ka mag-dinner.”

“Argh. Shut up.”

“Okay ka lang ba, sweetie?”

Di ko sya sinagot. Nakarating na kami sa school. Inakbayan nya uli ako.

“Sweetie, masama ba pakiramdam mo? May masakit ba sayo?” Super concerned sya. Sunud-sunod yung tanong.

“Kulang na kulang tulog ko dahil sayo kaya manahimik ka! Ba’t ka kasi ganun?! Tapos, kahapon ang weird mo pa!!” Sinigawan ko sya.

“Sorry, Sweetie. Di ko sinasadya.” Then, lumuhod sya sa harap ko.

“Bahala ka.”

“Sweetie. Di ako aalis dito sa pagkakaluhod hanggang di mo ko napapatawad.” Dire-diretso lang ako sa paglalakad.

Maniwala akong gagawin nya yun. Imposible ha.

Chapter Five

Dire-diretso hanggang lunch, di ko sya nakita. Di rin sya nagtetest o tumatawag. Sobra! Ang saya ko!

Finally, nawala na ang number one epal sa buhay ko.

Pagdating ng uwian, wala pa rin yung loko.

Pano kaya ako uuwi nito?

Nagbakasakali ako. Dun nako dumiretso sa parking lot. Wow! Andaming tao sa parking lot! Ano kayang meron?

Grabe! Umuulan na nga, nagkakagulo pa sila dito.

Anong meron?!

At napatigil ako.

Nakita ko yung pinagkakaguluhan nila.

.
. .
. .
. .
. .

Si Chase. Nakaluhod pa rin siya dun at nauulanan. Halatang nanlalamig na.

“Chase!” Nasabi ko.

“Sweetie, s-sorry na.” Sabi nya.

Grabe... parang naiiyak na ko.

“Okay lang. Sh... Di mo kasalanan.” Na-hug ko sya. Ano bato! Ba’t ko ba sya hina-hug?!

“Uwi na tayo.” Sabi ko. Hirap sya makatayo. Buti na lang talaga at nandun sai Sef. Siya yung nagdrive ng convertible ni Chase at tinulungan niya ako na iuwi si Chase.

Binuhat nya ito hanggang sa kwarto ni Chase sa house nila.

“Thank you, Sef.” Sabi ko.

“Sure kang kaya mo na yan?”

“Oo. Dadating si Tita Gina mamaya pati kuya niya. Okay na.”

“Sige. Aalis na ko.” At nagtaxi na lang sya.

Kaming dalawa lang ni Chase sa bahay nila. Walang katulong. Nagikot-ikot ako at nakita yung ref.

Chase,

Aalis kami. May emergency eh. Yung lolo mo daw, inatake uli. Sorry di kami nakatawag sayo. There's food in the refrigerator. Nandyan na dinner nyo ni Jamie. We'll be back tomorrow.

-Mom.

God! Pano to?! Kami lang????

Binalikan ko sya dun sa kwarto nya. Basang-basa pa sya. Di ba nya kaya magbihis?

“Chase, gising!!” Sigaw ko.

He opened his eyes.

“Sweetie...” Then, umubo sya.

Chi-neck ko yung temperature nya. Ged! Taas ng lagnat niya hinanap ko ang closet nya. Kumuha ako ng tshirt at pajama dun.

“Chase, magbihis ka oh.” Inabot ko sa kanya. Hala! Mukhang di nga nya kaya nang mag-isa.

Pinaayos ko sya. Then, hinubad yung shirt nya.

“Sabi ko na nga ba, may pagnanasa ka saken eh.” Sabi nya, then, umubo uli.

“Kapal ng mukha mo kahit may sakit ka na!” Sagot ko.

Sinuot ko sa kanya yung tshirt.

“Chase, kaya mo na ba magpalit ng pants?” Tanong ko.

Ged! Namumula na mukha ko nito! Nakakahiya naman kasi tong ginagawa ko.

“Okay na.” Sagot nya. Binigay ko yung pajama. Then, lumabas ng room nya.

Grabe! Anong meron saken?! Bilis ng tibok ng puso ko ah. Baka mah-heart attack na ko! God, ayoko pa pong mamatay. Marami pa po kong plano. Hayaan Nyo muna kong ma-inlove at magkaron ng matinong boyfriend. Please lang po...

Oo nga pala. Baka di pa kumain tong lokong to mula umaga.

Ay.

Patay.

May isa pa palang dahilan kung ba't ayoko pa mag-asawa...

Di ako marunong magluto!!!

Chapter Six

Tinawagan ko si ate. Habang nakaloud speaker siya sa phone ko, nagtuturo siya kung paano magluto. Paikot-ikot naman ako sa kusina nina Chase.

Kailangan daw kasi sabi ni ate, soup daw ang ipakain ko. Tapos dapat mainit pa daw. Makakatulong daw yun sa kanya. Eh di yun.

Pagkatapos, dumating uli ako dun sa room niya. Mukha siyang “suman” sa pagkakabalot niya sa kumot. Obvious na ginaw na ginaw na siya.

“Chase, kain ka na.” ang sabi ko sa kanya.

Mukhang super sama talaga ng pakiramdam niya.

Pinaupo ko muna siya, pinatong ko yung tray sa lap niya at pinabayaan siyang kumain.

Sana naman Lord ‘di ko to malason sa mukhang epic fail kong luto..

Sumubo naman siya..

“Sweetie, may galit ka pa ba sa akin?”

“Ha?”

“Parang pamatay itong luto mo eh.” then ngumiti siya.

Grabe kung hindi lang siya may sakit, nakatnggap na to ng sapak sa akin.

“Manahimik ka nag-effort ako diyan. First time ko magluto no.”

“Wag kang mag-alala. Di ko to sasayangin. Sisiguraduhin kong walang matitira.” then ngumiti uli siya na mukhang ngpapacute.

Bumalik naman yung mabilis na tibok ng puso ko. Hla, siguro mataas na talaga blood pressure ko. Grabe naman! Di nga ako mahilig sa meat eh or sa junkfood tapos ganito? Grabe!

Pagkatingin ko kay Chase, malapit na niya pala maubos ung lugaw na ginawa ko. Na-cucurious tuloy ako kung bakit niyasinabing pamatay yung luto ko.

“Chase.”

“Yes, Sweetie?”

“Patikim ako ng luto ko..” sabi ko

Inabot naman niya sa akin. Then, tinikman ko.

SHEMAY!!!

Pamatay nga!! Sobrang alat! Ano ba to? Sobra namang EPIC FAIL oh!

“Wag mo na tong kainin.”

“Gusto ko kaya to.”

“Wag na nga sabi eh! Ang sama ng lasa. Irereheat ko nalang yung luto ng mommy mo.”

Pero kinuha niya nung lugaw at tuloy tuloy lang sa pagkain.

“Chase tigilan mo na yan. Mamaya mas lumala pa yang pakiramdam mo dahil diyan eh.”

“Ayoko. Ito ang unang pagkaing niluto ng sweetie ko. Ayokong aksayahin.” at inubos na nga niya.

Sobra rin ang determination ng lalaking ito ah.

“I’m done.” then ngumiti siya.

Kinuha ko yung tray ng pagkain tapos inabot sa kanya ang water at biogestic (endorsement pa oh). Then, paalis na dapat ako.

“Sweetie, alam mo ba?”

Naplingon ako bigla sa kanya.

“Ano yun?”

“Nagindirect kiss tayo.” then ngiting pang asar.

I slammed the door hard. Bwisit! May ganun pa?! Bahala na nga siya. Uuwi na ako.

Kinuha ko yung gamit ko. Palabas na ako ng bahay nila nang bigla namang nag brownout.

At ako naman, tinamaan ako ng konsensiya ko.

Ano ba yan Jamie! Iiwanan mo ba yun? Paano kung malaman ng parents niya yung ginawa mo. Pati din yung parents mo, makakaalam? Ano ang gagawin mo? Di ba kasalanan mo din naman? Siya ang nang inis sa iyo pero di ba ikaw nman yung high blood? Pano kung mas lumala pa yun?

Super tindi ng konsensya ko.

Binalikan ko siya sa room niya. Chineck ko yung temperature niya..

Mas tumaas, lagot!

Kumuha ako ng warm water at towel. Nilagay ko yun sa noo niya. Then binantayan ko siya. Pagdating ng 11pm, saka ko lang naalala na di pa pala ko nakakatawag sa bahay.

Chineck ko yung phone ko.

3 messages received.

From: Edward

Anak, nasabi na ni Tita Gina mo ang nangyari. She sid you should use the guest room. Youn stay there for the night. Be proper. Alam kong engaged kayo, but I don't want to ba a grandfather.

Hayyy...

Daddy naman..kung alam mo lang, may sakit nga to eh. Inaalagaan ko. At never ko gagawin yun kasama tong mokong na to noh!

From: Clara

Best, nasan ka? We heard about what happened. OMG! Sweet niyo naman! Kwento mo sa akin bukas ha..:D

Grabe!! Siya pa ang kinilig para sa akin.

From: Whitney

I called your house. Wala ka daw eh. Nasaan ka ba? Worried kami nin Clara ang Clarice para sa iyo. Text ka agad ha.

Nagreply ako. Sabi ko nagstay ako kina ate at wag silang mag alala. Okay lang ako. Hinatid ko lang si Chase then umalis agad ako. Baka kasi pag sinabi ko sa kanila na nagstay ako, baka kung anu na ang isipin ng mga yun.

CRASH! BOOM!

Bigla akong nagulat.

Kumikidlat na pala. Tinakpan ko yung tenga ko and pumikit. OO na takot na ako sa kidlat. Nanginginig na nga ako sa takot dito eh.

Bigla akong hinila ni Chase.

“Dito ka na, tabi na tayo.” sabi niya.

“Wag na ok lang ako.” sagot ko.

Bigla ulit kumidlat.

Tumabi na ako sa kanya. Takot na takot n ako. Pg naririnig ko kasi yung kulog, feeling ko aabutin na ako ng kidlat. Alam kong impossible pero sobrang natatakot ako.

“Mica..” sabi niya.

Hinug ako ni Chase. Sinubukan kong pumalag pero dahil ata sa takot ko, di ko na kinaya.

Nung hinug niya ako, di ko na anpansin yung kidlat. Parang ang naririnig ko nalang ay yung heartbeat niya.

Shemay! Bilis na naman ng tibok ng puso ko..

“Sweetie, do you hate me?” tanong niya bigla.

“H-ha??”

“Kasi parang lahat ng gagawin ko, nagagalit ka.”

“Hindi, I don’t hate you.”

“Bakit ka galit sa akin?”

Parang super hurt siya, hindi ko naman makita yung mukha niya.

“Bakit kayo nag break ni Alexandria? Is it because of me?”

“No, it’s not your fault.”

“Yun yung kumakalat sa school eh”

“Matagal ko nang iniisip na I should break up with her. Pero hindi ko magawa. NaguigUILTY ako. Then I saw her with another guy, matagal na niya pala akong niloloko.”

Nagulat ako.

“I’m sorry.”

“Di mo kasalanan yun, besides mtagal ko nang alam na may fiancé ako. I just never took the time to look at you.” sabi niya then he kissed me on the forehead agin.

“Ba’t ka ba ganito sa akin?” ang naguguluhan kong tanong.

“What?” naguguluhan din siya.

“Pinagtutulakan kita pero you keep on coming back.”

He sighed. “Nung kami ni Alexandria, I never did anything for her. Siguro yun rin ng dahilan kung bakit niloloko niya ako. This time, I’m trying to do things right.”

“Diba dapat gagawin mo lang yun kung it’s the right person na?”

“How can you be so sure na you are the wrong one?”

Natahimik ako.

“Sa tingin mo ba walang sense yung pagmamatch making satin ng parents natin?” tanong niya.

“Wala.”

“I think meron din. Sabi kasi nila, kilala tayo ng parents natin, match siguro personalities natin. Sa tingin nila, we complement each other.”

“That’s BULLSH*T!”

“Tell me, if things were different, magugustuhan mo ba ako? Kung hindi tayo pinagpipilitan sa isa’t isa, may pag-asa ba ako sa’yo?”

Di ko masagot.

“Eh, ako meron ba?” tanong ko.

“Oo, I’m trying to see lahat ng sides mo. yung bad mood, yung masaya, lahat yun. Im starting to appreciate you. Di ko alam pero siguro sa ngayon, crush na kita.” sabi niya,

Nagblush ako. Ang landi no.

God! Ano ba toh?! Ang haba ng hair ko!! XD

“If things were different, siguro na-fall na ako sa’yo. I would have been one of the girls na magbibigay sa iyo ng love letters at magcoconfess sa iyo. Pero things aren’t like that eh.” ang nasabi ko.

“Okay lang. One day, you will like me even if just a bit.” sabi niya.

“Asa! Kapal mo talaga!” sabi ko naman.

“Goodnight sweetie.” Pang-aasar niyang sabi. Juskopo! nababaliw na naman siguro tong lalaking to.

“Bitiwan mo na ako!” sabi ko. Pero mas hinigpitan pa niya ang pagkakayakap sa akin.

“Mas comfortable pg ganito..”

Nagstruggle ako pero di ko kaya. Natulog nalang din ako. Comfortable nga..

Chapter Seven

Day SIX

Nagising ako sa amoy ng bacon.

Hmmm..

Di pa nga pala ako nagdidinner..

Lumabas na ako ng room. Gising na pala si Chase. Nandun siya sa kitchen at nagluluto. Nireheat niya na yung mga luto ng mommy niya and nagluto pa siya ng bacon.

“Morning, sweetie . Gusto mo magshower muna?” tanong niya.

Grabe ‘tong lalaking to. Kakagaling lang sa sakit ganyan na agad.

“Mabibinat ka niyan..” sabi ko

“Okay na ako. Salamat sa pagaalaga sakin ng sweetie ko. Ikaw ang best nurse!” sabi niya.

Grabe talaga to!

“Pahiram ako ng damit mo ha.” sabi ko.

Buti nalang talaga lagi akong may baon na shorts and tsinelas.

Naligo ako then kumuha ng polo shirt sa closet niya. Sinuot ko yung shorts. Medyo maluwang yung polo. Buti nalang pala uso to ngayon. Kumuha ako ng belt at nilagay ito sa bewang ko.

Pagdating ko sa kitchen, tapos na pala siya magluto. Nakaset na yung pagkain sa table.

“Sweetie, ang ganda mo talaga.” sabi niya.

Nagblush ako. “Baka naman dahil sa sakit mo, nabulag ka na.” sabi ko.

“Nope, super ganda talaga ng sweetie ko!”

Di ko na siya sinagot. Baka abutin pa kami ng kinabukasan kung makikipagdebate ako sa lalaking to.

Kumain na nga kami..

Shemay! Halos lahat paborito ko! Magpapaka patay gutom na naman ako. Gutom na gutom na ako eh.

Sobrang dami kong kinain.

Hinintay ko namang matapos maligo si Chase. After nun, direktso na kami sa school.

Pagkarating sa first class, grabe agad ang interview ng bestfriends ko. Para talagang mga ewan yung mga yun.

“Jam ba’t sabay uli kayo ni Chase?” tanong ni Clara.

“Kasi nga sabi ng dad ko.” sabi ko naman.

Biglang nagring yung phone ko.

UNKNOWN NUMBER

Grabe! Wala pang isang oras kaming nagkakahiwalay ahh.!

“Hoy.”

“Sweetie..”

“Ano na naman?”

Na-sense niya ata ng mga kaibigan ko na si Chase yun kaya biglang nagsilapitan ang mga ewan.

“OMG, si Chase...!!!!...ayieeee!” sabi ni Whitney.

“Shhhh..!” pinatahimik ko sila.

“Sweetie talaga. Ayaw mo akong i-share sa mga friends mo? Patay na patay ka talaga sa akin.” sabi niya.

Ano ba talaga tong lalaking to!

“OO patay na patay na patay ako sa iyo. Gusto mo ikaw rin patayin kita?” sabi ko.

“Weh!!!..” sabi ng mga friends ko.

“Nga pala, thank you for last night.” sabi niya. Then nag-end na yung call.

Namula yung mukha ko SHEMAY!!! Ayoko na maalala yun.

“Best OMG! You stayed sa bahay nina Chase.” sabi ni Clara.

“OMG! Best sobra naman. Ilang araw pa lang kayo ha..” sabi ni Whitney.

“Ano ba kayo. Walang nangyari. May sakit siya dahil dun sa kahapon so inalagaan ko siya.” sabi ko ulit.

“Ahh...okay.”

“So, yun ang dahilan kung bakit amoy lalaki ka.” sabi ni Clara.

“Damit niya to eh.” sabi ko.

“Nga pala, malapit ka na sa number two..” sabi ni Clara.

“Ano?” naguguluhan kong tanong.

“Number two. **MAGDATE KAYO.**”

“Ahh..Friday pa yun.” sagot ko.

“Eh di mabuti. Bukas, walang pasok. Pwede kang magready tomorrow.”

“Ano ba? Eh, di ko naman alam kung saan kami magda-date. Mamaya, sa restaurant pala yun tapos naka-jeans lang ako.”

“Jam, alam naman naming maganda ka. Pero, seriously, kami bahala sa iyo.”

“Okay. Emergency sleep over kina kambal.” sabi ni Whitney.

“Oo na nga.” sabi ko.

Nagtext nalang ako kay daddy.

Chapter Eight

Hindi na ako sumabay kay Chase. Akala ko nga mauuna na siya umuwi dahil mas maaga naman dismissal nila. Pero nung paalis na kami, nandun siya sa parking lot at naghihintay sa akin.

So nag-Starbucks muna kami. Libre niya daw eh.

Sa Starbucks...(commercial ulit o)

“Anong gusto niyo?” tanong ni Chase.

“uhm, ako Java Chip nalang.” sabi ko.

“Coffee-jelly ako.” sabi ni Clara.

“Espresso sa akin.”sabi ni Whitney.

“Vanilla nalang na frappe sa akin.” sabi ni Clarice.

Um-order na si Chase. Pareho kami ng gusto. Then kami naman mga friends ko, pumunta na sa isang table.

“Grabeh teh! Haba ng hair mo! Perfect na ata yung jowa mo!” sabi ni Whitney.

Natawa naman ako.

“Oo nga. Mukhang gusto ka talaga niya,” sabi ni Clara.

“Nakalimutan niyo na bang for 100 days lang kami?” tanong ko.

Then dumating na si Chase sa table. Si Clara, lumipat dun sa other side. So, katabi ko na si Chase.

“Oh ito na yung sa inyo oh.” sabi ni Chase. Then inabot niya sa amin yung coffee.

“Salamat.” sabi ni Clara.

“You’re welcome. Anything para sa friends ng sweetie ko.” sabi ni Chase.

“SWEET!” sabi ni Clarice.

“Pft!! Tigil-tigilan mo nga ako Chase Andrew de Guzman!” sabi ko.

“Kasalanan ko ba kung ganun ko ka-gusto si Jamie Nica Reyes?”

“So, kailangan full name talaga?”

“Oo. My surname fits yours perfectly.” Tapos biglang hawak sa kamay ko.

Yung mga kaibigan ko, tinignan ko for help pero wala, kilig na kilig na sila.

“Sweetie, mamimiss kita bukas!!” sabi niya.

“Nako Thank God nga! Di kita makikita for one whole day.” sabi ko

“Ehh tatawagan kita...” sabi niya.

“Bawal, retreat kami bukas. Girls only” sabi ni Clara.

“So surprise na lang sa Friday ang hitsura ni Jam.” sabi ni Whitney.

“Nga pala, san tayo pupunta?” tanong ko.

“Surprise na lang yun.” sabi ni Chase.

“Anong susuotin ko?” tanung ko.

“Kahit ano..ay dapat nga pala, magbaon ka na lang ng formal. Pero casual muna ang suotin mo ok?” sabi ni Chase.

“Ang arte naman!”

Biglang nagring yung phone niya.

“Sweetie, pinapauwi na ako. Friday nalang ha. Sunduin kita ng 6A.M..”

“6A.M?! Sigurado kang date yan?!!” tanong ko.

“Oo. Basta see you on Friday!” then hinug niya ako ng sobrang higpit.

Grabe to! Parang ayaw akong payagang huminga ha!!!

Nung Thursday, grabe sila! Paikot ikot kami sa mall then nagdecide silang kay ni Clara at Clarice ako magpasundo para daw maayusan nila ako. No choice eh. Sila naman bumili ng mga damit at effort din naman nilang mahirapan.

Dumating ang FRIDAY!

Ginising nila ako..

Putek! 4AM palang!

Naligo ako then kung anu anong hair do na super complicated yung ginawa nila sa buhok ko. Tapos, nagbigay sila ng isang white dress na hindi naman ganun kaikli at kahaba, yung tama lang.

Pagdating ng 6AM, dumating na nga siya. Himala, Di ata yung convertible yung dala niya. Nag-drive naman siya ng red na Porsche 911 Turbo Cabriolet. Grabe dream car ko yun ahh!!

“Bye Jam! Good Luck!” then nag-hug kaming apat.

Paglabas ko ng bahay nina Clara, nandun nga siya sa gate.

“Chase..” ang tawag ko.

Natulala yung loko. Di man lang nagsalita.

“Chase, huy! Ano na?!” sabi ko.

“Ah. Sorry. It’s just that....ang ganda mo kasi eh. Sobra..” sabi niya then nagsmile siya.

SHEMAY! Anu ba to! Pareho nanaman kami ng suot! Naka-red polo shirt siya, tapos red t-shirt ako.

“Ah thank you na lang..” ngumiti ako.

Then nag blush siya..

Nag-BLUSH si Chase Andrew!!!!

“Namumula ka ha” inasar ko siya.

“Ha? Hindi. Ah. Ano..mainit kasi yung panahon.”

“Weh mainit daw...maniwala ako... Ang aga-aga pa eh. Di pa nga masyado maaraw.”

He opened the car door for me. Aba! Gentleman ang mokong!

“Thank you.”

Tapos, in-on niya yung engine. Ged! Nakasakay na ako sa dream car ko. Hindi nga lang sa driver’s seat. Pero pag nag-debut na ako, naku..ganito din daw kotse no..

“San tayo pupunta?” tanong ko.

“Basta sikretong malupett!!!!” sagot niya at ngumiti.

Sobrang layo ng dinadrive niya. Dumaan pa nga kami ng NLEX eh. Nakaka-kaba naman! Saan kaya ako planong dalhin ng lalaking ito....?!

Hindi ko napansin, nakatulog pala ako.

Chapter Nine

“Mica! Dito na tayo!” sabi niya.

Paggising ko, SHOCKING ang ganda! Di ko alam kung nasaan kami pero imba talaga yung place. Tindi ng view. Parang pampelikula. Nasa taas ata kami ng bundok. Maraming puno na nakapaligid, malawak na clearing and sa gitna nun, isang malaking bahay.

“Wow!” sabi ko.

“Ganda diba? Anniversary gift yan ni daddy kay mommy. Dito kami nagvavacation every Christmas.”

“Bakit dito tayo magdadate?”

“Kasi malapit lang dito yung park na pupuntahan natin. Mag-roroller skates tayo.” super excited niyang sinabi.

“Ah parang over naman to for a first date.”

“Di naman. First date ng parents ko, pumunta silang Boracay para magbeach. Surprise daw yun eh.”

Ah.... so may pinagmanahan pala.

“So okay na?” tanong niya.

I nodded.

Ayaw niya ako papasukin sa loob ng bahay. Ewan ko kung bakit.

Siya yung nagbaba ng gamit ko sa loob. Then, nag-drive siya papunta naman ng park.

Maganda nga dun sa park. Feeling ko nga, nasa Burnham Park ako eh. Parang ganun din kasi yung itsura. Then, nagikot-ikot kami.

“Sweetie, rollerblades na tayo.” sabi niya.

“Ayaw ko nga...”

“Dali na..” namimilit na siya.

“Sige na nga..”

“Yehey!.” then nagtatalon siya.

Siya yung nagsuot sa akin ng rollerblades. Shemay! Nakakahiya. Pinagtitinginan kami ng mga tao.

“Halika na sweetie..” sabi niya then nag-skate na siya.

Sinubukan kong sundan siya. Pero umpisa pa lang nadulas na agad ako.

“OUCH!”

“Sweetie, ok ka lang?” tanong niya.

“Ay, oo, sobrang ok lang ako.” I said it sarcastically.

Siya naman tumawa.

“Sweetie, don’t tell me na.....” sabi niya.

“Na ano?!”

“First time mo palang mag ganito.”

Nagblush ako. “Di ahh. Nag ganito na ako dati.”

“Weh..”

“Okay, ice skating lang. Masaya ka na?” nakakainis talaga. Feeling ng lalaking ito napakagaling na niya.

Tumawa siya. Ang yabang talaga!

“eto oh..” inabot niya yung kamay niya.

“Ayaw ko nga..”

“Dali na...” hinawakan ko yung kamay niya. Hinila niya ako para makatayo ako. Then, nagskate kami, or should I say siya. Nakahawak lang ako sa kamay niya habang nagska-skate siya para hindi na ako ma-out of balance.

“Sweetie alam mo ba?”

“Ano?”

“Kung bakit pag nagde-date ang gusto ng lalaki high heels ang suot ng babae?”

“Malay ko dun”

Ngumiti siya.

“Gusto kasi ng lalaki, mahahawakan niya yung kamay ng babae or ma-assist niya man lang pag medyo na-out of balance ito..”

“Haha! Malas mo! Marunong kaya akong maglakad nang naka-high heels..”

Ngumiti naman siya na parang nang-aasar.

“Kaya nga pinilit ko magroller skates tayo eh. Para mahawakan ko kamay mo.” then hinila niya ako and nilagay niya yung magkahawak naming kamay sa tapat ng puso niya.

Ged! Nag-blush ako dito!

“Tigilan mo nga ako, Chase.”

Tumawa lang siya. Then inalis niya na yung kamay namin sa chest niya.

Unbelievable man, medyo ok din si Chase. Baliw nga lang talaga. Kala mo factory ng cheese sa paggawa ng cheesy lines. Parang yun na ang purpose in life niya. Pero, okay din an makasama siya. Mabait din naman pag hindi ako pinagtritripan.

Ganun lang kami for two hours.

Pagdating ng 12:30, naglunch na kami. Dun kami sa isang carinderia na malapit lang sa park kumain. Lakas trip tong bwisit na toh! Ano akala saken, cheap na date?!

“Anong gusto mo?” tanong niya.

“Ikaw bahala.” sagot ko naman.

“Nakakain ka na ba ng caldereta?” tanong ulit niya.

“Hindi pa...” sagot ko naman.

“Yun ang kakainin natin.” then umorder na siya.

Maliit lang yung place pero medyo marami ring kumakain. Sa tabi ng table namin, merong isang family na sama-sama kumakain. Nandun yung mommy, daddy, at saka batang babae n mukhang around 5-6 years old. Ang saya-saya nila. Di ko maalala na nagging ganun kami nina mommy and daddy. Palaging serious sa bahay. Yung dining table, rectangle at ang layo layo namin sa isa't isa.

Sigh...sana ganito nalang ang pamilya ko..

“Huwag kang mag-alala sweetie. Ganyan din tayo sa future.”

Nandun pala si Chase at napansin niya akong nakatitig dun sa pamilya.

“Sino nagsabi sa iyong gusto kong maging asawa mo?” tanong ko.

“Di na kailangang sabihin. Tingin mo palang, nararamdaman kong mahal mo ako.” sabi niya.

I glared at him. Bwisit talaga oh!

“Kain na tayo sweetie...” sabi niya.

Tama! Ang sarap nga ng caldereta!! So, nasayang lang pala ang 17 years ng buhay ko na hindi kumakain ng caldereta.

“Masarap diba?” tanong niya sa akin habang kumakain.

“Oo..” sagot ko.

“Paborito ko yan eh. Sabi nga ni mommy, nung kinder daw ako, every Sunday, caldereta ulam namin. Ayaw ko daw kasi pumasok sa school, magluluto si mommy ng caldereta every Sunday para sa akin. Kaya payag naman ako.”

Natawa ako. “Madali ka pala suhulan na bata.”

“Sige na, ako na!” nagpout siya. Grabe! nakakatawa itsura niya! mukhang ewan talaga itsura nya. As in!

Nakadalawang rice rin ako. Sige na! Matakaw na! Masarap talaga eh. First time ko lang kumain ng ganun eh.

After lunch, nag-ikot naman uli kami sa park. Nang napansin niyang medyo bored na ako, sumakay na kami sa kotse. Then nag-stop kami sa isang bahay.

“Ano to?” tanong ko.

“Orphanage. Dito nag-dodonate yung dad ko. Balak niya kasi maturuan na rin yung mga bata dito. Naghihire siya ng mga teachers at bahala na ang dad ko sa sweldo”.

“Wow”. Speechless ako. Ang bait naman ng dad niya. Idol!

Pumasok kami. Pagkakita sa kanya ng mga bata, nagtakbuhan ang mga ito papunta sa kanya.

“Kuya Chase! Kuya!” sigawan nila.

“Oh ano na? Natutunan niyo na bang magbasketball?” tinanong niya yung mga batang lalaki.

“Opo kuya Chase. Naka-shoot na nga ako kahapon eh!”

“Kuya Chase! Kuya Chase! Laro tayo!” sabi nung isang bata.

“Wait lang, di ako pwede sumali.” sagot niya.

“Bakit?” sabi ng mga bata.

Bigla niya akong inakbayan.

“Di ako sasali hangga’t hindi rin siya sasali.” sabi ni Chase.

“Sino po siya?” tanong nung isang batang lalaki.

“Ito si Jamie Nica Reyes. Siya ang sweetie ko.” ngiting ngiti si Chase.

“Ako si Jamie, tawagin niyo nalang akong Ate Jam ok?” sabi ko.

“Opo, Ate Jam!.” sabi nila.

Nakakatuwa silang tignan.

“Anong lalaruin natin?” tanong ko sa kanila.

“Langit Lupa!!” sagot nung isang bata.

At naglaro na nga kami. Sobrang saya ng laro. Pakiramdam ko, bumalik ako sa pagkabata.

Biglang may umiyak. Nilapitan ko yung bata. May sugat yung tuhod niya.

“Okay ka lang?” tanong ko sa bata.

“Ate Jam, dumudugo...”

“Halika...” dinala ko siya sa isang bench. Kinuha ko sa bag ko yung towel, then, binasa ko yun, pinunasan ko yung sugat niya. Nilagyan ko ng betadine, buti na nga lang pala na lagi akong may band-aid. So, nilagyan ko ng band-aid yung sugat niya.

“Ate Jam, may mommy and daddy ka ba?” tanung nung bata.

“Oo.”

“Ako, wala eh. Lahat kami dito, wala.”

“Ano ka ba, magkaka mommy at daddy rin kayo.”

“Ate Jam, kwento mo naman mommy at daddy mo..”

“Hmmm...tatalian ko muna buhok mo..”

“Sige po..”

Binraid ko yung buhok niya.

“Ahm.. yung mommy ko, matalino. Only child siya. Sosyalin yun. Sanay sa mga formal gatherings. Perfect yung manners. Daddy ko naman, sobrang seryoso. Palaging business ang pinaguusapan at inaatupag. Mukha yung masungit.” sabi ko.

“Okay naman pala parents mo, Ate.”

“Okay nga sila pero minsan hindi ako sang-ayon sa gusto nila.”

“Bakit?”

“Kasi gusto nila akong ipakasal sa taong hindi ko naman kilala.”

“Sino?”

“Si kuya Chase niyo.” sabi ko.

“Ayaw mo kay kuya Chase, Ate Jam?”

“Hindi naman. Ayaw ko lang na ipagpilitan ako nina mommy sa kanya.”

“So ate Jam, paglaki niyo, kayo ang mag-asawa?”

“Pwedeng maging ganun...”

“Okay lang yun. Crush ka naman ni kuya eh, ate..” sabi nung bata. Malapit na ako matapos sa pag-aayos sa kanya nang bigla akong napatigil.

“Bakit mo naman nasabi?”

“Sabi kasi ni Kuya Chase, ang dadalhin lang niya dito na girl ay yung girl na love niya,”

“Joke lang niya yun. Oh, okay na! Balik ka na dun sa laro..” sabi ko.

“Thank you ate.. I love you! Love ka din ni Kuya!” kiniss ng bata yung cheek ko then tumakbo.

Totoo kaya yung sinasabi nung bata? Kung totoo yun, then, that means na....

GUSTO NIYA AKO!!

Shemay! Jamie, maghunodili ka! impossible yan. Pero diba nung gabi, sabi niya crush ka na niya? argggghh! Tama na nga!!

Bumalik na ko dun sa place kung saan sila naglalaro. Dala ko yung SLR. Pinicturan ko sila habang nagtatakbuan.

Sobrang saya ni Chase habang nakikipag laro sa mga bata. Pinicturan ko siya. Grabe! Dati, di ako naiintindihan ang sinasabi nila na pa gang lalaki daw magaling sa bata, nakakapagpagwapo daw yun sa kanya. Ngayon, gets ko na.

Chapter Ten

(CHASE POV)

Nakita ko si Mica. Nilapitan niya yung batang umiiyak. Ang bait niya talaga. I know na di ko masasabing in love ako sa kanya, pero feeling ko, siya yung right girl.

Sinundan ko sila nung bata. Syempre patago. Hahaha :D Sobra. May first-aid kit na ata siya dun sa bag niya.

Actually, ang totoo, matagal ko na siyang kilala. At kasalanan ko din kung bakit kami engaged.

Tinanong ako ng parents ko kung sino ang gusto kong maging fiancée. Thirteen na ako nun. At si Mica yung pinili ko. Di ko alam kung bakit.

Fourteen na ako nang maging kami ni Alexandria. Minahal ko siya. Totoo yun. Pero siguro, di yung sobra. Kasi nung tumagal, nawala din yung feelings ko para sa kanya. Then, nakita ko yung ginawa niya.

Matagal na rin alam ni Alexandria na may fiancée na ako. Di niya lang alam kung sino. Pero sa tuwing malalaman niya na I'm trying to find out more about my fiancé, nagseselos siya. Pero, alam ko na dati pa ang itsura ni Mica. Secretly, pinapakuhanan ko siya ng photos sa classmates niya nang hindi niya nalalaman. Siguro nga may pagka-stalker ako.

That night, nung makita ko siya dun sa bar, sobrang ganda niya. At that exact moment, she got my full attention. Di ko siya nakilala. Di ko maimagine na ganun pala ako kaswerte. So, gulat na gulat ako nang sinabi niyang fiancée ko siya.

Okay na sigurong mukha akong baliw. Gusto ko kasing patawanin at pasayahin si Mica. Pag nakangiti kasi siya, pati ako napapangiti na rin.

Nung nagkasakit ako, siya ang nag-alaga sa akin. Alam kong set-up lang iyon ni mom pero sobrang saya ko. Kabadong-kabado ako eh.

Tapos, nung natakot siya sa kidlat, pakiramdam ko, I want to protect her. At nang hinug ko siya, ang lakas ng kabog ng dibdib ko.

Dinala ko siya dito sa orphanage kasi nagdecide na ako.

I'll do whatever it takes para sa loob ng 100 days kami parin.

And...

PARA SA BUONG BUHAY KO, SIYA PA RIN AT WALA NANG IBA.

Chapter Eleven

Ilang oras din ata kami dun sa orphanage pero super enjoy ako. Ang saya kasama ng mga bata. 6:00 na siguro yun nung umalis kami. Nagsisiyakan nga sila eh. They wanted us to stay there.

Si Chase na yung nakipag-usap sa kanila. May binulong siyang something dun sa mga bata. Nagsingitan naman sila. After that, we had no trouble in saying goodbye.

Nag-drive si Chase pabalik dun sa bahay. The whole time, pansin kong ang ganda ng mood ng mokong. Pasipol-sipol pa.

“We’re here!..”

“Okay. Paano tayo magdi-dinner?..” tanong ko sa kanya.

“Basta. Dinala mo ba yung formal na sabi ko?”

“Oo..” sagot ko naman.

“Okay bihis ka na..”

“Paano ako magbibihis? Eh, di ko nga alam kung nasan mga damit ko eh.” Nakakairita nanaman siya.

“I’ll lead you there..” sabi niya.

“Oh eh di halika na..” bubuksan ko na dapat yung door.

“No! Dapat naka-blindfold ka..”

Ano siya sira? Bakit ako papayag?

“No way!” sabi ko.

“Eh di wag na tayo kumain...”

“Ano yan, blackmail?!”

“Dali na kasi...masisira yung surprise eh..!” nagmamakaawa na siya.

“Sige na...”

Gutom na talaga ako eh. Grabe, ham sandwich nga lang at zest-O (commercial) merienda namin. Feeling ko tuloy, sobrang gutom uli ako.

Sinuot niya sa akin yung blindfold. Then, humawak ako sa balikat nya.

“OUCH! Ano yun??!?”

“Tumama ka sa table...” sabi naman niya.

Tinatry kong kumapa sa dilim. No use. Di ko pa rin talaga alam kung saan kami papunta.

Then BIGLA NIYA AKONG BINUHAT! SHEMAY!

“Hoy! Ibaba mo ako!”

“Wag na, baka bumangga ka na naman, sweetie.”

Sinubukan kong kumawala. Pero no use ulit. The incredible hulk ata tong lalaking to.

“Sweetie please, don’t struggle. Baka mabitawan kita eh. Mamaya, mahulog ka, ayaw pa naman kita masaktan.” sabi niya.

Ano ba yung sinabi niya..parang double meaning ..???..

May inopen siyang isang room at binaba ako dun. Pumasok din sya then tinanggal yung blindfold ko.

“Ayun yung gamit mo..” Tinuro niya yung bag ko na nasa ibabaw nung kama sa kwarto.

Maganda yung room. Siya yung tipong room na makikita mo lang sa mga 5-star hotels.

“Sweetie, I’ll call you when dinner’s ready ok?” sabi niya.

I checked my phone.

GRABE 15 MESSAGES!!

5 from Clara

9 from Whitney

1 from my Mom

From: Sally (Mom)

Anak, pakisabi kay Chase na kailangan mo nang umuwi by 8. We’re having brunch with some investors.

Ano?!

Ibig sabihin, dito ako magsta-stay for the night?! Grabe na to! Kakaiba tong date na to..WHOLEDAY!

Biglang nag-ring yung phone ko.

“Hello?” sabi ko.

“AHHHHHHH!!!” naririnig ko ay sigaw lang from the other line. Sobra naman! Parang gusto akong mabingi nito. Nilayo ko yung phone sa tainga ko. Nang finally, they stopped screaming, at saka ko lang ulit binalik sa ear ko yung phone.

“Okay, tama na!” sabi ko.

“Dali na, tell us what happened!!” narecognize ko yung voice ni Whitney. Sa background, may maingay pa. Malamang sina Clara at Clarice yun.

“What happened? Eh, happening nga dapat, eh.”

“OMG! You mean, hanggang ngayon?!”

“OO best!”

“Eh nasan kayo ngayon?”

“Nasa isang bahay.”

“Oh my..where exactly?”

“Di ko alam eh, pero feel ko, sobrang layo na naming kasi dumaan pa nga kami ng NLEX eh.”

“Wow tindi naman! So, kayo lang diyan?”

“Oo, well, I think so. Kasi, hindi naman niya pinakita sa akin yung itsura ng bahay. Nakablindfold akong pumasok dito. Tinanggal lang niya yung blindfold nang nandito na ako sa loob ng kwarto.”

“Oh my God! Nandiyan siya?!”

“Hindi ahh..nandun siya sa...ewan. Alam ko lang saan dito sa bahay.”

“Ahh..nagdinner na kayo?”

“Di pa eh. Tatawagin daw niya ako pag ready na daw yung dinner.”

“Ah so, saan ka na niya dinala?”

“Pumunta kami sa isang park, then sa isang orphanage.”

“Anong ginawa niyo sa park?”

“Nagikot-ikot lang..”

“Eh sa orphanage?”

“Nakipaglaro kami sa mga bata. Ganun.”

“Grabe. Parang mas maganda pa first date niyo kesa sa kanila ni Alexandria.”

“Bakit naman?”

“Nag-sine lang sila. Tapos, dinner, ganun na.”

“Okay nga yun eh, normal. Eh ito, parang masyadong random yung date namin.”

“Ang sweet kaya. O sige bye na.. Good luck sa iyo. Enjoy your date.” sabi sa akin ni Whitney.

“Bye..” nag-end call na.

Nagshower muna ako. Shemay! Parang boutique ang CR dito. Daming shampoo, conditioner, body scrub at kung ano-ano pang kaarteahan.

After nun, nagblow dry ako ng buhok at nagbihis. In fairness, I liked the dress they chose for me. Hindi siya maiksi at hindi rin mahaba na parang pang madre.

Matagal-tagal din ako naghintay before he finally told me na dinner is ready.

I opened the door. At ang puso ko, it felt like it wanted to jump out of my chest.

Naka-tuxedo siya at sobrang gwapo niya tignan. Grabe, di ako makapaniwala na ito yung lalaking kumanta ng "GIRLFRIEND" at sumayaw pa sa gitna ng corridor.

"Uhm...a..ang ganda mo." sabi niya at nag-blush siya.

Nagblush din ako! feeling ko, kamatis na ako dito.

"Th..thank you.."

"Close your eyes." sabi niya sa akin.

For the first time, sinunod ko siya nang walang angal. Magkahawak kami ng kamay at dahan-dahan niya akong ni-lead pababa ng stairs.

"Open them.."

Pagkadilat ng mata ko, na shock ako. May fireplace then sa gitna, may table for two. Sa ibabaw ng table ay meron pang wine at nakalagay na yung food namin. May takip nga lang.

"For you.." binigyan niya ako ng yellow na daffodil.

"Thank you.. Grabe ah ang ganda dito."

"Ito yung reason kung bakit ayaw ko ipakita sa iyo eh."

Tumawa ako. "Dapat sinabi mo nalang."

"Eh ayoko masira yung surprise ko sa iyo, sweetie."

Nako. Okay na sana..bwisit pa uli ako dahil sa kaka-sweetie niya.

Nag-umpisa na kami mag-dinner. Yung dish, kare-kare.

"Wow, sarap nito ahh.."

"Syempre, luto ko yan para sa pinakamamahal kong sweetie."

I glared at him.

Kumain na kami ulit. Imba talaga tong lalaking to. Ang sarap magluto! Worth it naman pala yung paghihintay ko.

After dinner, inantok ako dahil sa kabusugan. Takaw ko kasi eh. Nagyaya siya dun sa labas ng bahay. We stood there for a while and tumitig lang sa night sky.

“Wow, daming stars dito ahh..” sabi ko.

“Sweetie, gusto mo, pag kinasal tayo dito tayo tumira?” sabi niya.

Binatukan ko siya. Di pa nga ako pumapayag na ikasal kami, naghahanap na agad siya ng tirahan. Excited?!

“Sweetie paano kaya kung ikaw ang nagging girlfriend ko at hindi si Alexandria?” tanong niya sa akin.

“Ang malas ko naman.”

Bigla niya akong inakbayan.

“Hoy! Bitaw!” sabi ko.

Nakangiti lang siya.

“Okay witness ko lahat ng stars sa taas. I promise na never ko ibibigay si Jamie Nica Reyes also known as sweetie ko sa kahit sinong lalaki. I’ll stick to her like instant glue. Kahit anong mangyari, dito lang ako with her forever.”

Ano ba sana naman wag siyang ganyan...nakakakonsensya eh.

“Chase, bakit mo ako gusto?” tanong ko sa kanya habang nakatitig sa mga bituin sa langit.

“Simple lang.” ngumiti siya. “Kasi ikaw si Jamie Nica Reyes na sweetie ko.”

I glared at him. Nako. Nageexpect pa naman ako ng seryosong sagot.

“Bakit nga?”

“Kasi, napapangiti mo ako, kasi ang cute mo magalit, kasi inosente ka sa caldereta, kasi di ka marunong magrollerblades, kasi ang ganda ng ngiti mo, kasi mabilis ka mainis, kasi kahit hindi mo pinahahalata concerned ka din sa mga tao sa paligid mo. Okay na ba un? Pagsinabi ko kasi, baka abutin pa tayo ng taon, hindi pa ako tapos.”

“Okay na..” I rolled my eyes at him...

Grabe talaga tong lalaking to!

“Sweetie, gabi na oh..”

Hinubad niya yung jacket niya at pinatong yun sa shoulders ko. Hinatid niya ako pabalik dun sa kwarto.

“Goodnight!” ngumiti siya. Then, he kissed my forehead. Pumasok na siya sa room niya across the floor.

Siguro ilang minutes din akong nakatayo lang dun.

Pinakikingan ko yung malakas na kabog ng dibdib ko.

Oh my!

Chase Andrew, pwede ba bumalik ka na lang sa pagiging stranger sa akin? Kasi baka hindi ko mapigilan at mag-umpisang magustuhan at mahalín rin kita.

Chapter Twelve

Pagkauwi naman sa bahay, wala uli si dad. Nasa Singapore daw. Ako lang and si kuya ang makikipag-usap at makikipag-meet. Ang mom ko daw kasi may inaasikaso about the launch.

Pagkarating ni kuya Jay, di pa din umaalis si Chase. So, nagpakilala sila sa isa't isa.

“Hi, I’m Jamie Nicolas Reyes. You can call me Jay.” sabi ng kuya ko. Mabait si kuya. Super friendly at campus hearthrob din yung type niya.

Si kuya Jay, matangkad. Weirdo siya dahil sobrang bait. Most of the time, nabo-bored ako pag pinagtritripan siya. Kasi, di man lang siya naiinis sa iyo.

Pero that time, pansin kong may something kay Kuya.

“I’m Chase Andrew de Guzman.” nag-shake hands silang dalawa.

“So, I heard na you are my sisiter’s fiancé.”

“Yes.” Chase smiled. “I’m lucky I have her.” tapos inakbayan niya ako.

Ngumiti si kuya pero halata kong pilit lang.

He turned to me, “Jam, we’re leaving in a few minutes., magbihis ka na.”

“Bye sweetie.” kumaway siya sa akin.

Umakyat na ako at nagpalit ng damit. Sinuot ko yung blue sundress na pilit nina Clara na bilhin ko. Since nagmamadali na, naglugay na lang ako ng buhok. Pagkababa ko, wala na si Kuya sa living room. Nasa kotse na daw. So, pumunta na ako dun.

Sumakay ako sa passenger’s seat at umalis na kami. Yung brunch daw, dun uli sa hotel. May local investors daw na interested sa launching ng latest product ng company. Ang *brunch* kasi, meal between breakfast and lunch. Isa pa yun sa karami raming kaartehan na hindi ko maintindihan. (O may lesson pa!)

Pagdating sa hotel, may tatlong lalaki dun. Yung dalawa, obvious na investors. Tapos yung isa, anak din ata ng investor.

“Goodmorning Mr. Cruz and Mr. Aquino. I believe this is your son, Osmundo Aquino III.” bati ni kuya.

“Yes, he is. But he changed his name to Drake. Nagtampo nga ako eh.” then the man laughed.

Nakitawa din si kuya. “By the way, sir this is my sister, Jamie Nica Reyes.”

I smiled. “Goodmorning Mr. Aquino, Mr. Cruz and Drake.”

Ngumiti din sila sa akin. We sat down.

“So, I heard you just graduated. Isn’t it hard na you’re already helping with the family business?”

“Not at all sir. Sabi nga po ng dad ko, you’re never too young or too old for business. Lahat po kami bata palang educated na about business. We all do our part in keeping up my great grandfather’s legacy.”

Biglang nagsalita si Mr. Cruz.

“Jamie Nica, sa tingin mo, bakit kailangan naming mag-invest sa bagong product niyo?”

I smiled. Grabe. Buti na nga lang talaga maliit pa lang ako, tinuturuan na ako ng tutor ko kung paano maging persuasive.

“Sir, ang company po naming is known for our excellence and quality products. Alam po namin ang needs ng costumers and we would never settle until we’ve given them the best product that they deserve.”

Napansin kong biglang napangiti si kuya.

“Eh what about the price, isn’t it that compared to other companies, your prices are higher?”

“Well, Sir, tatanungin ko po kayo. Would you rather spend say a hundred thousand pesos a month in a product that is of low-quality., and you’re not sure if it will work or not or would you add twenty pesos to that hundred and get a product that is known and has been tested to have actual results?” sabi ko. Para naman akong endorser nito.

“Very well said, Ms. Reyes.” sabi ni Mr. Aquino.

“You better watch out for your sister, Nicolas. Parang siya si Edward mismo kung magsalita. I bet she can sell anything even with just her persistence.” sabi naman ni Mr. Cruz.

Tumawa lang ako.

Napangiti naman uli si Kuya. “Well, sir, I’m proud of her. It just go to show, malakas ang dugo ni daddy. Lahat ata kami, nakuha ang lahat ng talent niya sa business.”

Nag-continue pa ang ganung conversation. Okaayyy..! Halata namang magiinvest sila eh!

Biglang nagvibrate ang phone ko.

UNKNOWN NUMBER

Bumulong ako kay kuya. “Kuya, tumatawag si Chase.”

Nag-nod siya.

Tumayo ako.

“Excuse me, I have to take this phone call.”

“Go ahead, ang kuya mo muna ang kakausapin namin.”

“Thank you po..”

Tumayo na ako at sinagot yung phone call.

“Hello?”

“Sweetie, kamusta ang meeting?”

“Okay lang, hanggang tumawag ka. Ngayon, ewan na..”

“Weh...mukha namang masaya yung mga investors ahh..”

“Pano mo nasabi?” tanong ko.

“Kasi I can feel it.”

“Ano ka, psychic?”

“Pwede..”

“Bakit ka ba tumawag?” naiirita na ako.

“I wanted to hear your voice.”

“Ano ba yan, abala ka naman! You’ve got to find a new hobby..” ang nasabi ko.

“Eh, only you can keep me entertained.”

Grabe naman, ano ako laruan?!

Bigla kong nakita yung anak ni Mr. Aquino. Yung Drake. Bigla niya akong nilapitan.

“Jamie, right?” tanong niya sa akin.

“Yes, and you are Drake. Bakit ka umalis sa meeting?” I asked.

Ngumiti siya sa akin. “Wala kasi dun yung interesting, nandito..”

“I’m sorry Mr Aquino..I’m...”

“You’re what? Alam kong interested ka din sa akin. Kanina ka pa nakatingin sa akin eh..”

“I’m sorry, I think you misunderstood. I was just being polite.” sabi ko naman sa kanya.

Then, I said to the phone. “I’ll call you back later.”

“Sweetie!! Wait!!” narinig kong sinabi ni Chase. Pero na-end ko na yung call.

“Don’t try to hide it. I know you like me...” sabi ni Drak sa harap ko.

Nilagay niya yung kamay niya sa wall on both sides of me. Tulong! Na-corner ata ako.

“Mr. Aquino, I’m only here for business.” sabi ko.

Nako! Mas nakakainis pa ito kesa kay Chase ah.

“We’ll see about that..” he smiled and leaned in to kiss me.

SHEMAY!! TULONG PO!!

“SHE SAID NO! Wag mo siyang pilitin!” may biglang nagsalita.

SI CHASE!

Nagulat naman si Drake.

“Mind your own business!” sabi ni Drake.

Nag-swish lang si Chase. Hinila niya ako at inakbayan. “She is my business.”

“Ano ka ba niya ha?!” galit na galit na si Drake.

“I’m her fiancé.” Then, bigla naman niya akong hinalikan on the lips!

.
. .
. .
. .
. .

OH!!!.....

.
. .
. .
. .
. .

MY!!!...

.
. .
. .
. .
. .

GOSH!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

Chapter Thirteen

Mga siguro one-fourth ng isang minute din na ganun, I mean yung kiss. Sa sobrang gulat ko, di na ako nakapagreact. Si Drake naman, di ko na napansin. Grabe kasi. Ma-heart attack ata uli ako. Natulala lang ako.

“Back-off.” tinignan niya ng masama si Drake.

“Let’s go sweetie.” hinila niya ako at tumakbo kami palayo. Pati si Drake, hindi nakapag-react.

Palabas na kami ng hotel nang narealize ko na paalis na kami. Bigla akong bumitaw.

“Hindi ako sasama sa iyo.” sabi ko kay Chase.

Nagulat naman siya sa sinabi ko. “Why?”

“Sira ka ba?! I have to get bck there. Di mo ba alam na may mga investors?!”

“No! Hindi ka pwede bumalik. You are not safe there.”

“Pabayaan mo nga ako.” In turned to leave.

Shemay! Bigla niya akong binuhat! Yung parang pa-fireman! Arggghh!!

“Bitiwan mo ako!!” I couldn’t care less na maraming tao dun sa lobby, sobra na siya eh..

Pinagtitinginan na kami ng mga tao pero dire-diretso pa rin siya. Pagdating naming sa gurad, pinigilan siya.

“Sir, ibaba ninyo po siya..” sabi nung guard.

Ngumiti lang si Chase. “I’m kidnapping my fiancée.” sabi niya.

Ang ewan nung guard. Pinayagan ba naman siyang dumaan. Nako! Nakakabwisit ahh! Hindi ba niya gets na ayoko nga sumama sa lalaking ito.?!

Sinakay ako ni Chase dun sa Porsche na ginamit naming kahapon. Sinuotan ako ng seatbelt at siniguradong locked yung pinto para hindi ako makalabas. Then, pinaandar na niya yung car.

“Saan mo na naman ako dadalhin?!” tanung ko sa kaniya.

“Anywhere but there. Hindi ka safe dun.” sagot naman niya.

“F.Y.I. nandun yung kuya ko. Kaya niya akong bantayan.”

“Pero he can’t displeas the investors. And the guy who tried to harass you was a son of an investor.” sabi niya.

Grabe! He got me there!

“Pero, kaya kong ipagtanggol ang sarili ko.” sabi ko naman.

“Aminin mo na kasi, kailangan mo din ako kanina.” sabi niya.

Di ako nagsalita.

I guess tama din siya. I couldn't displease the investors, gaya ni kuya. All I could've done was refuse. And wala rin akong logical way out of it nang hindi ko nao-offend si Drake.

“Thank you.” sabi ko.

Tinignan ko si Chase. Deretso lang yung tingin niya sa road. Tapos, grabe panggigigil niya sa manibela.

“Chase, galit ka ba sa akin?” tanong ko.

“Hindi sweetie, I could never be mad at you.” sabi niya.

“Eh bakit grabe ang pagkakahawak mo dyan sa manibela?”

“Yung guy na kasi na yun. Alam mo ba kung gaano katindi yung urge ko na ipakilala siya kay Lucifer?”

“Ha?”

“Wala” he sighed. “Just promise me this, pag kailangan mo talaga ng tutulong sa iyo, tawagin mo ako. I know na iniisip mo na you can handle it by yourself pero gusto kitang tulungan.”

Sobrang lungkot ng expression niya kaya, um-oo na lang ako.

Nag-stop kami sa Starbucks. Nagorder siya ng gaya nung kasama namin sina Clarice, Clara at Whitney. Then, umupo kami sa isang table.

“Alam mo, kahit fiancée kita, wala akong alam sa iyo.” sabi ni Chase.

“Anong gusto mo malaman?”

Naglabas siya ng notebook at ballpen. Grabe! Ano to, lecture para mag-take down ng notes?!

“Ano favorite color mo?”

“Black.”

“Favorite movie?”

“Any horror film basta wag lang corny.”

“Hobbies?”

“Photography, pakikinig sa music, sketching.”

“So, you are an artist?”

“Not necessarily. Wala pa akong work na nakita ng ibang tao.”

“But I think na ang layo naman ng interest mo sa course mo. BS Management Engineering ka diba?”

“Oo. eh, ikaw?”

“BS Legal Management. Then kukuha sana ako ng AB Political Science – Masters in Public Management.”

“After this magaaral pa uli ako ng BS Electronics and Communications Engineering. Si kuya kasi BSM Applied Mathematics: Mathematical Finance.”

“Eh ate mo?”

“BS Management Information Systems/ MS Computer Science. Then, nag BS Legal Management siya.”

“Oh. Family Background?”

“Hmm..kinasal ang parents ko ng August 23, 1980. Pangalan ng dad ko, Edward Reyes Jr. Si mommy, Sally Mae Chua-Reyes. Arranged marriage lang sila. They were 25 when they got married. Panganay namin si ate, Jasmine Mae Reyes-Chan. Birthday niya ay November 24, 1981. Nagpakasal siya ng 26 palang siya. Sa ngayon, 30 years old na siya at may dalawang anak. Si kuya, pinanganak ng August 2, 1990. 21 years old na siya ngayon. Ako naman seventeen palang. At secret na yung birthday ko.”

Nakita ko ang pagsusulat niya sa notebook. Talagang nagmamadali siyang makasulat maka catch up lang sa sinasabi ko.

“Ikaw?” tanong ko naman kay Chase.

“Uhm.. di ko alam kung kailan nagpakasal parents ko. Dalawa kaming magkapatid. Pero, 3 dapat. Si kuya Dominic, ako at si kuya Cesar. Si kuya Dominic yung umuwi galling America. Si kuya Cesar naman, namatay nung 2006. Car accident yung cause.”

“Sorry about your brother.”

“Okay lang yun, matagal na namin tanggap. Anyway, continue natin ang interview ko sa iyo.”

“Go.”

“First Crush?”

“Jesse McCartney.”

“Current crushes?”

“Chase Crawford, Taylor Lautner, Ed Westwick, Scotty McCreary sa American Idol, David Henrie, Chad Michael Murray.”

“Crush mo siChase?” nakangiting pangasar na naman yung loko.

“Wag kang Feeler ha. Chase Crawford yun, hindi Chase Andrew de Guzman.”

“Alam mo bang may mga nagsasabing hawig ko daw si David Henrie pero mas gwapo ako?”

“Tama na nga! Next question!”

“First boyfriend? Ay oo nga pala, NBSB ka..”

“At sino naman ang nagsabing NBSB ako?”

“Obvious naman eh..”

“Nakaboyfriend na kaya ako..” sabi ko. Ayoko atang minamaliit ako ng lalaking ito.

“Sige nga, Sino?”

“Uhm...” nagiisip ako ng name. “John Christian Flores.”

“Taga saang school?”

“Ahm..Xavier dati...”

Nag-nod siya. Then nilabas yung phone niya...

“Hello, Opo. Si Chase de Guzman to. Yes. Sorry di ako nakapunta sa party niyo. Pwede ko po ba malaman kung may John Christian Flores na graduate sa school niyo? Opo. Diyan po sa Xavier.”

Shit!

Inagaw ko yung phone niya at in-end call.

“Okay. NBSB an ako. Grabe ka! Kailanagn bang gawin yun?!!”

“Oo, kailangan kong malaman lahat ng mga importanteng lalaki sa buhay ng sweetie ko.”

Biglang nag-ring yung phone ko..

Patay! Si Kuya!

Chapter Fourteen

“Hello?”

“Jam! Nasaan ka na?! Sabi ni Drake, may weird daw na biglang kumidnap sa iyo. I’m already demanding an explanation from the security guard why they let suspicious people inside the hotel at bakit di na-stop ang iyong abductor.”

“Kuya, si Chase yun.”

“Chase?! Your fiancé?! Isn’t that such a reckless thing to do?” grabe. Galit na talaga yung kuya ko.

“Yes kuya.”

“What is that guy thinking?”

For some reason, parang gusto kong depensahan si Chase kay kuya. “Kuya, nang-harass kasi si Drake. Sinave niya lang ako from him.”

“Does that include him kissing you?”

“Who told you that?” sabi ko. Grabe naman! Ano siya, may informant?

He sighed. “Look Jam, I’m just concerned. We both didn’t know that guy last week then, suddenly malalaman kong he kissed you and sa hallway pa ng hotel where anyone could have easily seen you.”

“Kuya, he is my fiancé. Not some random attacker.”

“Which makes it even worse. Kasi you are just forced into this and it suddenly looks like you are in love.”

“Well, kung yan lang ang pinopoint mo, kuya, wala ka dapat ipag-alala. I’m not in love with him.” Naiinis na din ako.

“Good.” then binaba niya yung phone.

Arrggghh!! Naka-frustrate!!

“Sweetie, okay ka lang?”

“I’m fine. Pwede bang iuwi mo muna ko sa amin? I don’t feel so good.”

Tumango siya. He didn’t make any comment at na-appreciate ko naman yun. Then, binuksan niya yung car door for me at paglabas ko, hinug niya ako.

“I’m sorry, sweetie. Dahil sa akin, nag-away kayo ng kuya mo....” sabi niya sa akin.

“Bitaw!” I ordered him and bumitaw naman siya.

Hindi ko narinig yung pag-alis niya until I got to my room. Pagtingin ko sa labas, nakita ko nalang ay yung car niya na paalis na sa street namin.

Grabe. Bakit ba ayaw ni kuya sa kanya? Diba dapat ako ang tumutol dito?

Chapter Fifteen

Kinabukasan, sinundo agad ako ni Chase. Nag-goodmorning sweetie siy sa akinpero di niya ako pinansin throughout the whole ride. Tapos pagdating sa school, nag-good luck sweetie lang siya at umalis.

Ang saya ko. Finally, lumayo na sa akin ang bwisit na yun!

Pagdating ng first period, ginulo na naman ako ng mga friends ko. Day 11 na daw namin ni CHASE. 89 days to go. Then, pinilit nila akong ikwento yung nangyari sa date namin.

Kaya kinwento ko. Iba-iba naman ang mga naging reaction nila.

Clara: So best, are you falling for him?

Clarice: Paano na yung plan??!!

Whitney: Forget the plan. Jam, this is really is it is it na! Siya na yung the one for you and I think na perfect talaga kayo for each other.

Ano ba! Mas kinilig pa sila kaysa sa akin...

Pagdating ng lunch, wala si Chase. Dun kami umupo sa isang table kasama yung tatlo kong friends, sina Whitney at yung kambal, sina Clarice at Clara, nang lumapit sa amin si Sef.

“Hi” sabi ni Sef.

“Oy! Sef! Bakit hindi ka nandun?” tinuro ko yung place na lagi nilang inuupuan.

“Wala lang. Jamie, pakilala mo naman ako sa mga friends mo.”

“Sure” sabi ko naman at pinakilala ko nga siya.

“Clara, Clarice, Whitney, ito nga apla si Sef. Sef, ano nga pala ang buo mong pangalan?”

“Josef Gonzales.”

“Oh, ayun. Josef Gonzales friend siya ni Chase.” sabi ko.

Umupo siya sa tabi ko.

Masayang kasama si Sef. The whole time nanag-lulunch kami, joke siya ng joke. Di nga ako makakain ng maayos eh.

“Pwede ba kitang tawaging Jam?” tanong sa akin ni Sef.

“Sure.”

Nginitian naman ako ni Sef. Eh di siya na ang gwapo! Grabe. Mas okay siguro siya kesa kay Chase na todo banat lang ang sinasabi sa akin. Nasaan na kaya yung bwisit na mokong na yun?

“Jam, iniisip mo ba si Chase?” tanong ni Sef sa akin.

“Hi-hindi ah! Bakit ko namn iisipin ang mokong na yun?” hala nagmumukhang kamatis na ako.

Tumawa lang si Sef.

After lunch, hinatid niya ako sa next class ko. After classes ko lang ulit nakita si Chase. Sumigaw siya sa gitna ng parking lot ng

“I MISS YOU SWEETIEEEE!!!”

Nakakahiya talaga tong si Chase.

Pagkarating sa bahay, inopen ko yung bag ko. Merong nakalagay sa loob na isang long-stemmed na red rose. Napangiti ako.

Ang weird mo talaga Chase Andrew de Guzman.

◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇

Day 12

Sinundo at hinatid uli ako ni Chase. Ganun lang uli, goodmorning at I miss you sweetie lang ang sinabi niya sa akin. Di ko alam kung magagalit ako o matutuwa sa ginagawa ng lalaking iyon.

On the bright side, walang mangiinis at mang-asar, I mean manggugulo rin sa akin.

Pero....namimiss ko na din siya! TEKA!!... MISSS??!! I mean, nakakirita pala. Ano ba tingin niya sa akin ah?! Bilis naman sumuko, may pasabi-sabi pa siyang I'll stick to her like instant glue. Eh, magalit lang sa kanya si kuya, lumayo na agad siya. Umiiwas na agad..

Hay! Ang gulo talaga ng mga lalaki!! Kaya ayaw ko mainlove eh!!...

Pagdating naman ng lunch, dun uli si Sef sa table naming nina Whitney. Nakakatuwa talaga siya. Parang Bob Ong na hindi maubos ubusan ng kwento..

Pagkauwi nung tinignan ko yung bag ko, meron na namang red rose. Ngayon, meron pang picture. Grabe siya ah!! Di ko talaga nakitang nilagay niya yun sa bag ko. Picture ko nanaman.

Masaya uli ako dun sa picture.

“Strange as it seems, she’s the one I’m after..”
- Chase

Siyempre unexpected na naman.

Ano ba ang pinahihiwatig mo, Chase Andrew?

◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇

Day 13

Tuluyan na akong hindi sinundo ni Chase. Grabe! Mas lalo akong naguiguilt. Wala naman akong kasalanan pero pakiramdam ko galit siya dahil sa akin.

Pagdating ng lunch, nagpasama ako kay Sef para hanapin si Chase. Bumili nalang kami ng snacks at nagikot-ikot sa campus. May mga nag-approach sa amin na friends ni Sef. Lahat sila inasar kami. Inaagaw daw ako ni Sef kay Chase. Tumawa lang naman si Sef.

Medyo boring na ganun lang kaya nagkwentuhan kami..

“Jam, nagka-boyfriend ka na ba?”

“Di pa..I mean...” nga pala bf ko na nga apla si Chase. “Ngayon alng pala, si Chase.”

Tumawa lang si Sef. “Di counted yun. Engaged eh!”

For some reason, nalungkot ako sa sinabi niya. “Oo nga.”

Pi-nat niya yung back ko. “Okay lang yan.”

“Eh, ikaw?”

“Ngka-girlfriend na ako. Nakaka four girlfriends na pero iisang girl lang ang minahal ko.”

“Oh, first girlfriend mo noh?”

“Hindi, never ko pang nagiging girlfriend. I just admire her from far.”

“So, nagpapaka-emo ka sa first-love mo?”

“Nope, kasi isang tingin ko lang sa kanya, masaya na ako.”

“At sino naman ang swerteng babaeng nagustuhan ng isang Josef Gonzales?”

“Hmmm..let’s just call her Ms. Sunshine. Na-meet ko siya nung super bad mood ako. Grabe ang galit ko sa mundo. Then, unlike other girls, bigla siyang nagsalita nang super prangka. From that moment on, nagustuhan ko na siya. Di naman niya alam, napapsaya niya ako sa pakikipag usap lang sa kanya...” sabi niya.

Grabe!!!

Paano kaya kung si Sef ang fiancé ko noh? Siguro nagbreak off na kaagad kami dahil may mahal siyang girl at ngayon ay without a fiancé na uli ako. Haha!

May nakapagturo sa amin kung nasaan si Chase. So, pinuntahan namin yun ni Sef. Malayo palang medyo naririnig kong may nagpia-piano. Familiar yung tune pero hindi ko alam kung anong song yun.

Kumatok ako. Then nag-stop yung music.

Si Chase yung nagbukas ng pinto.

“Jam, Anong ginagawa mo dito?!” gulat na gulat niyang tanong sa akin.

“Wala...kakausapin lang sana kita..”

“O, sige go..” sabi niya.

“Uhm, pwede bang tayo lang?”

Mukhang medyo naiirita siya. “Sige, basta mabilis lang ha..”

Dun kami sa isang corner, si Sef, nasa malayo.

“Chase, galit ka ba sa akin?”

“Hindi ako galit sa iyo sweetie..” sabi niya.

“Eh bakit iniwasan mo ako?” tanong ko naman ulit.

“Basta, sikreto. Sige na. Umalis na kayo. Sweetie, may gagawin pa ako.”

“Chase, yung tungkol kay kuya, wag mung damdamin yun ha...”

“Look, Jamie. Seriously, I have to go.” at umalis siya.

Di ba, dapat masaya ako? Bakit ganun? Parang may something na kumikirot sa dibdib ko?

Chapter Sixteen

Di rin ako nakatulog. Grabe rin makastress yung lalaking yun ha. Inabot ata ako ng 3am bago nakatulog.

Oo nga pala ngayong araw yung launching party. Hindi ako papasok sa school. Buti na lang at half-day kami ngayon at hindi ganun karami ang mamimiss kong activities and lessons.

Umaga pa lang, katext ko na sina Clara, Clarice at Whitney. Grabe pagka excited nila ha. Mga 7 pm magsisimula yung party. Pero 6 pm palang, nandito na agad sila. Dito na daw magdi-dinner eh. After ng party, sleepover na daw sa amin.

Sabi nila, pupunta daw ang buong family ni Chase.

Sana hindi.. Hindi pa ako okay eh. Siguro nga, aatakihin na ako sa puso. Okay. Medyo payag na akong kunin ni Lord. Pinagtatabuyan na naman ako eh.

Pagdating ng 10 am, pumunta na kami ni mommy sa venue. Marami nang workers dun na nagseset-up. Grabe kasi yung corporation, may clothing, may products na for everyday use at meron ding gadgets. Kaya grabe talaga. Kulang nalang siguro, lahat na pati banking and finance kunin ng company. Namamarker na karamihan internationally sa products naming at dumadami na ang consumers naming sa ibang bansa.

Ngayon, shoes naman ang ilau-launch. Ang parang theme ng party ay Olumpus, kaya Grecian. Ang point daw kasi, light lang daw kasi yung shoes mainly designed for speed so, si Mercury yung sort of ang pinakitang may suot ng shoes. Ang tawag ay “Fly Shoes” umpisa lang daw yun sa “Gift of Gods” na shoes.

5 pm na nang matapos silang maayos yung buong venue. Galing talaga nila! Saktong saktong yung lighting at may effect pang parang may fog. Para talagang nasa Mt. Olympus kami.

Pagdating ng 6 pm, dumating naman sina Clara, Clarice at Whitney. Nabaliw ata yung mga yun. Masyado ata natuwa sa itsura nung venue. Sa labas kami nag-diner and bumalik nalang sa venue ng bandang 6:45 pm.

On the appointed time, napuno na ng guests ang venue. Halos lahat business partners ni daddy. Pumunta din yung iba ko pang friends.

“Ladies and gentlemen, I present to you, “Fly Shoes”” sabi nung emcee. Then, may lumabas na model na naka Greek outfit na suot yung fly shoes na kakalaunch lang.

“Fly shoes is made up of lightweight materials that guarantees speed and comfort.”Nagcontinue pa yung emcee, kami naman ni Clara, naguusap. Si Whitney, kausap sina kuya at Clarice.

“Jam, kamusta na yung plan?” tanong ni Clara.

“ha?”

“#3 ka na. Do something sweet for him.”

“Eh anu namang gagawin ko? At saka, wala namang pag-asang magustuhan ako nun noh.” sabi ko. Parang may something na naman na kumikirot sa dibdib ko. Pa-check up na kaya ako sa doctor?

“Jam, anong ginawa ni Chase? I swear, bubugbugin ko ang lalaking yun!”

“W-wala..” sabi ko.

“Jam, wag kang magsisinungaling sa akin..”

>_< nakakatakot si Clara.

“okay, diba yung lunch kahapon,hindi kami sumama ni Sef?”

“Oo”

“Hinanap namin si Chase.”

“Oh, yun naman pala eh. Eh anu nangyari?”

“Nakita naming siya. Manghihingi sana ako ng sorry sana ako dun sa nangyari sa kanila ni kuya pero, nagmamadali siya eh. Pinaalis niya kami.

“Nakoo! Wag kang magalala best. Hindi ko hahayaang makalapit sa iyo yung lalaking iyon. Pinaiyak niya best ko ah..humanda siya! Wag na wag niyang iappakuta yung pagmumukha niya sa akin. Kahit na anong gwapo niya, sisiguraduhin kong kakailangain niyang ipareconstruct ang mukha niya.”

“Teka, ako?! Iniyakan yun?! Impossible noh!” sabi ko. Grabe ahh..bakit ko naman iiyakan si Chase.

Tinignan ni Clara ang mukha ko na parang naawa sa akin.

“okay lang yan best. If denial helps you to cope with the pain, okay lang yan!” sabi ni Clara.

HALA! ANU BA YUN!

Biglang lumapit sa akin si kuya.

“Jam, can I interrupt for a second?”

“Sure.”

“Yung fiancé mo, pumunta sa akin yesterday to say sorry and I approve of him now.”

“Kahit wag na kuya, I don’t think I’d even speak to him in the future.” sabi ko.

Nagulat si kuya. “How come?”

“I have my reasons..”

Biglang may tumawag sa kuya ko kaya umalis na siya. Tinignan naman ako ni Clara.

“Ano yun?”

“Best, ang bitter mo..” sabi ni Clara

“Sama mo..” hinampas ko siya. Brutal ko noh.

Biglang nag-dim yung lights. Then, may single spotlight sa stage. Then parang may something na tinatapatan yung spotlight.

Then, may nag-piano. Familiar pero hindi ko maalala kung saan ko narinig. May lalaking umakyat sa stage. Nakatalikod siya kaya hindi ko makilala.

*Sir, I'm a bit nervous
'Bout being here today
Still not real sure what I'm going to say
So bear with me please
If I take up too much of your time.*

Ano kayang konek nito sa launch? Wala naman to sa original plan nung program ahh.

Kinuha nung guy nung box dun sa floor. Tumapat sa kanya yung spotlight. Then, humarap siya...

OH!

.
. .
. .
. .

SHOOT!!!

.
. .
. .
. .
. .
. .
. .

SI CHASE!!

O_o

Chapter Seventeen

SI CHASE!!!

O_o

*See in this box is a ring for your youngest.
She's my everything and all that I know is
It would be such a relief if I knew that we were on the same side*

Lumapit siya kay daddy. Ano ba yan! Nakakahiya!!

Very soon I'm hoping that I...

*Can marry your daughter
And make her my wife
I want her to be the only girl that I love for the rest of my life
And give her the best of me 'till the day that I die, yeah
I'm gonna marry your princess
And make her my queen
She'll be the most beautiful bride that I've ever seen
Can't wait to smile
When she walks down the aisle
On the arm of her father
On the day that I MARRY YOUR DAUGHTER*

May binulong siya kay daddy. Tapos, nag-nod lang si daddy. Tumayo siya sa kinauupuan.

May spotlight na tumapat sa akin.

SHEMAY! Ayaw kong madawit diyan!

Biglang nag-hati ung daan para mabigyan ng way para makadaan at makapunta sa akin si daddy. Tinignan ko sa tabi ko si Clara, wala na yung promise niya. Kilig na kilig na yung loka! Tulong!

Lumapit sa akin si daddy at kinuha yung kamay ko. A few steps from us, nandun naman si Chase.

*She's been hearing for steps
Since the day that we met
I'm scared to death to think of what would happen
if she ever left
So don't you ever worry about me
ever treating her bad*

Nandun na kami sa harap ni Chase. Pinasa ako sa kanya ni daddy. Nag-thank you siya at umalis na si daddy.

*I've got most of my vows done so far
So bring on the better or worse
And 'till death do us part
There's no doubt in my mind
It's time
I'm ready to start*

Nilagay niya yung kamay ko sa tapat ng dibdib niya.

I swear to you with all of my heart...

*I'm gonna marry your daughter
And make her my wife
I want her to be the only girl that I love for the rest of my life
And give her the best of me 'till the day that I die*

Hinila niya ako. Then, tumakbo kami papunta sa stage. Grabe! Naka-white tuxedo pa siya!! Kaya pala white na cocktail dress ang pinasuot sa akin ng mommy ko eh!!

*I'm gonna marry your princess
And make her my queen
She'll be the most beautiful bride that I've ever seen
I can't wait to smile
As she walks down the aisle
On the arm of her father
On the day that I marry your daughter*

Lumuhod si Chase sa harap ko. Then nilabas niya yung box. In-open niya yun. Sa loob, may ring.

*The first time I saw you
I swear I knew that I say I do*

Sinuot niya yung ring sa akin. Wala. Tulala na lang ako dun. Di ko na alam ang gagawin ko! >_<

*I'm gonna marry your daughter
And make her my wife
I want her to be the only girl that I love for the rest of my life
And give her the best of me 'till the day that I die*

Magkahawak yung kamay namin. Tinaas niya yun at ngumiti at tumango si dad. Bigla siyang nilagay na parang crown made of white lilies sa ulo ko. Then, meron din siya, pero sa kanya parang gold crown.

*I'm gonna marry your princess
And make her my queen*

*She'll be the most beautiful bride that I've ever seen
I can't wait to smile
As she walks down the aisle
On the arm of her father
On the day that I marry your daughter*

Ngumiti siya, then, nilapit niya yung forehead niya sa forehead ko.

Grabe!!

Nagblu-blush na ako!!! Nakakahiya!!

Bumilis nanaman ang tibok ng puso ko..

Di ko na napansin yung standing ovation na binigay nila kay Chase. Ang nakita ko nalang ay yung mata niya. He has beautiful eyes.

SHEMAYY!!!

Chase! Don't make me fall for you.

◇◇◇◇◇◇◇◇◇◇

After ng ewan na special presentation ni Chase, nagkaroon ng mga taong nagsasayaw sa gitna. At siyempre, kasama kami dun ng mokong.

Super tahimik lang. Medyo awkward nga eh. Di kami nag-uusap. Di man lang kami tumingin sa isa't isa.

Grabe yung kaba ko. Para ngang ayaw ko na makipag-sayaw sa kanya eh.

Siya yung nag-break ng silence.

"Sweetie.." sabi niya.

"O?"

"Okay ba ang surprise ko sa iyo?"

"Baliw!"

"Di mo ba na-appreciate sweetie?"

"Hindi. Nakakahiya nga eh."

"Ikinahihiya mo ako?"

"Oo, gusto ko na nga sanang sabihin kanina, hindi ko kilala yang lalaking yan."

"Eh, gusto ko lang naman mapasaya ka sweetie.."

Ewan ko ba kung bakit parang bigla kong naalala yung kahapon. Yung itsura niyang masungit habang pinipilit akong umalis.

“Alam mo, hindi mo kailangang magpanggap at tawagin akong SWEETIE. wala namang nakatingin eh. At tigilan mo na mga kalokohang ginagawa mo. At wag kang magkunwaring gusto mo ako lalo na sa kuya ko.” sabi ko. Tinignan ko siya.

“I have to go.” tumakbo ako sa labas.

Walang nakapansin sa akin. Umiiyak pala ako. Bakit kaya?

“Jam” may tumawag sa akin.

Pinunasan ko yung luha ko. Then, humarap ako.

Si Sef pala.

“Jam, are you okay?”

“Ah..oo. Bakit naman ako hindi magiging okay?” Then, ngumiti ako.

Hinubad niya yung blazer niya at nilagay yun sa shoulders ko.

“Malamig eh...” sabi niya.

Ewan ko ba kung bakit. Pero dahil dun, napaiyak ako. Tipong humahagulgol na talaga. Si Sef naman, niyakap ako.

“Jam okay lang. Ilabas mo lang lahat ng sama ng loob mo..” sabi niya.

So ginawa ko. Umiiyak ako nang umiiyak.

“Sweetie!” narinig kong may sumigaw. SHOCKS! Si Chase!

Biglang napabitaw si Sef.

Pagkakita sa akin si Chase, bigla niya akong hinila.

“Bitiwan mo nga ako!”

Pero hinila parin niya ako.

“Chase, sabi ni Jam bitiwan mo siya..” sabi ni Sef.

Nagulat ako. Mukhang galit na yung dalawa sa isa’t isa. Di ko alam kung bakit. Bigla akong binuhat ni Chase at naiwan si Sef.

“Chase, bitawan mo ako, pabayaang mo na ako!”

“No.”

Sobrang seryoso nung mukha niya. So, I didn't argue.

Sinakay niya ako sa convertible niya. Dun ako sa passenger's seat. Siya sa driver's seat at naka-lock yung mga pinto.

“Chase, what is your problem?”

Pinikit niya yung mga mata niya then, he sighed. Tinitigan niya ako.

“Why do you keep pushing me away?” tanong niya.

“Why are you so annoyed of me yesterday?”

Kumunot ang noo niya. “Kahapon?”

“Oo, halos pagtulakan mo ako, umalis lang ako dun.”

“Sweetie, busy ako kahapon..” he pleaded.

“Look, tigilan na natin to. It will never work out.”

“Sweetie, stop saying that. You don't know anything.”

Nagulat ako sa sinabi niya.

“You will never have feelings for me. Kaya tama na. Ginagamit mo lang ako parang experiment ng what would've happened kung nag-effort ka kay Alexandria. Well, newsflash! Hindi ako si Alexandria!” my voice broke.

He reached out to touch me pero umiiwas ako.

Then, I realized na umiiyak na pala ako.

“Ewan ko if you will listen to me or not. Pero, I want you to know na matagal nang walang Alexandria Gomez sa puso ko okay? I thought na you trusted me. The reason that I avoided you yesterday was para di mo malaman yung surprise ko sa iyo ngayon. Kasi, dun kami nagpra-practice. And if nasaktan kita kanina, I'm sorry. Pag nakikita kong may iba kang kasama, ewan ko pero nagagalit ako. And I'll understand if you don't believe me.” Then umalis siya.

Naiwan ako dun sa loob ng car.

I just kept on crying.

Bakit ba ang insensitive ko?! How could I hurt a guy na gusto lang pala ako mapasaya sa surprise na super nilagyan niya ng effort??

Chapter Eighteen

DAY 15

Nag-online ako sa FaceBook.

Relationship status?..

Anong ilalagay ko dito?! Single? In a relationship? It's complicated?

I closed my phone. Namugto yung mga mata ko. Last night, pagkalabas ko sa car ni Chase, I got a cab and went home. Tumawag nalang ako kina mommy at sinabing hindi ako okay at uuwi nalang ako.

Di ako agad nakatulog. Sa isip ko, paulit ulit kong nakikita yung mukha ni Chase kagabi na super lungkot. So, nung hindi ko na talaga kaya, I drew his face. Siguro napuno ko yung sketchpad ko ng mukha niya. Di ko kayang kontrolin. Parang my hands just flew to the pages and kept drawing his face.

At ngayon, di ko na alam kung anong gagawin ko dun sa sketchpad. Dinala ko pero di ko rin alam kung bakit.

The whole day, tulala ako sa classes. Then, pagdating ng lunch, di rin nila ako kinakausap.

Gusto ko magsorry kay Chase pero hindi ko magawa. Parang hindi ko alam kung ano yung right words. Sorry for not trusting you? Sorry for being mad at you? Anong gagawin ko.

“Sorry.” May nabangga nanaman ako. At nabitawan ko yung sketchpad. Pupulutin ko na dapat yun.

“Sweetie?..”

OH

GOD

SI CHASE!!!

Pinulot niya yung sketchpad, then binuksan ito.

Tinignan ko siya, his face broke out into a smile. Bigla akong hinug.

“Hoy! Ano ba?!” sabi ko.

“Sweetie.. I accept your apology.” Sabi niya.

“Sinong nagsasabing nag-sosorry ako?” Ewan ko ba, gumana nanaman ang kasungitan ko sa lalaking ito.

“I love you too sweetie...” kiniss niya yung forehead ko at tumitig sa akin.

Umiwas ako ng tingin sa kanya.

Nag-blush na ako eh..

Sige na, ikaw na ang the best, Chase Andrew.

Then, sabi niya, "I'll treasure this forever.."

"Patapon lang kaya yan, scratch paper ko lang yan. Doodle lang.." sabi ko.

"Nope. Ito ang patunay na mahal ako ng sweetie ko.."

"Di kaya.."

"Ito ang masterpiece ng sweetie ko noh! Irreplaceable to and super precious."

Tumawa lang ako.

Siguro, kaya ko din ang 100 days.

Day 17

Monthly all-girl outing namin ng mga friends ko. Kaya, wala ulit pagkakataon si Chase na ma-harass ako ngayon.

Back to before siya. Ginugulo niya uli ako ng sobra at parang mas natutuwa pa pag pinmagtatubuyan ko siya.

So, kwentuhan ulit kami.

"Oh My GOD! Jam! Totoo ba?!"

"Totoo na what?"

"Binigyan mo raw si Chase ng sketch?" tanong uli ni Clara.

"At ano naming meron dun?" sabi ko.

"Jam, so nagawa mo na ang step 3?"

"Anong step 3?"

"Step 3, do something sweet for him." Sabi ni Clarice.

"Best, don't tell me you forgot the plan and you actually are starting to fall to Chase..." pang-aasar ni Whitney.

"What?! I'd never fall for that guy. Seriously..."

"Kahit ganito kayo?" then may nilabas siyang picture.

Tinignan ko nang mabuti yung picture.

GED! Picture yun naming dalawa ni Chase. Yung nung kinakantahan niya ako sa party at nung nagsayaw kami.

“San galing yan?” tanong ko habang sinusubukang hablutin yung picture sa kanila.

“Ito? It’s all over the campus. Kumakalat na officially dating na kayo ni Chase.” Then, nginitian nila ako ng parang nangaasar.

NO WAAAY!!

Bakit biglang may ganun na issue?!!

“Actually, dati, di pa official since it wasn’t on FaceBook.” Sabi ni Clara.

“Ganun ba?! Basta nasa FaceBook totoo na?” tanong ko sa kanila.

Tumango naman sila..

Nag-online kami sa phone ni Whitney. May group kasi sa FB ang batch namin. Nandun lahat ng latest na chismis at mga requirements ng iba’t ibang mga professors. Then, may mga picture ng outings.

SHEEMAAYY!!

May pictures namin ni Chase- yung binigay ng friends ko, yung nga talaga ang mga nakapost dun sa group.

GOSH!! Lampas 200 comments pa per photo... >.<

Person1: SWEET :”>

Person2: Okay. Bagong King and Queen!!

Person3: No! Chase and Alexandria pa rin ako >.<

Person2: Mas bagay si Chase at Jamie!

Person4: Ang romantic ni Chase!! Nakakainggit talaga si Jamie!! XD

Puro ganun ang mga comments. Well, I sort of saw it coming. Siguro nung um-oo ako kay Chase sa deal, alam ko nang ganito. Pero di ko alam na matindi pala. At sa tindi ng appeal ni Chase, mas dumadami pa ang nagkakagusto sa kanya.

“Kinakabahan ka noh, best?” biglang sabi ni Whitney.

“Ha? Ba’t naman ako kakabahan? Eh, di naman talaga kami mag-on ni Chase. Bahala sya kung makipaglandian sya sa mga babaeng yan. Wala naman akong gusto sa kanya. Imposible yun ha!” dire-diretso kong sabi.

“Defensive natin ‘the. Grabe ah. Dito ba boylet mo?” nag-gay lingo na naman si Whitney.

Nagblush ako.

“Halika na nga, tapos naman na ko sa ice cream eh. Punta na tayong stores para mas mainlove si Chase kay Jam.”

Umalis na kami sa Dairy Queen. Kulang na lang ata, kaladkarin nila ko paalis. Oorder pa naman sana ako ng isa pang blizzard.

Diretso boutique agad. Pumili sila ng mga kung kung anu-ano at pinasuot saken. Ano ba ko oversized Barbie doll nila?!

Tuwing aangal naman ako, pinipilit nila akong isipin na para daw yun kay Chase kaya mas lalo akong naiinis.

After that, nagdrive si Clara papuntang Cerealicious. Naglu-lunch kami nang may biglang nagtakip ng mata ko.

“Guess who.”

“Ha? Uhm.. Kuya?”

“Nope.” He popped the ‘P’.

“Okay. Sino ka?” triny kong tanggalin yung kamay nya..

Tumawa lang sya.

“Alam ko na. Sef.”

Buitaw sya. Si Sef nga! Grabe! Naka-leather jacket pa sya. Ang cool tignan.

“Ba’t ka nandito?”

“Uhm, kakagaling ko lang ng school. Then, maglulunch sana bago ako mag bookhunting sa National.”

“Bait na estudyante.” Sabi ni Clarice.

“Book hunting? Sabay na ako. Kailangan ko pa kasi ng isa pang reference book.” Sabi ko.

Umupo si Sef sa table namin. Dun sya sa gitna namin ni Clara. Nilibre nya kami ng cereal. Dessert daw. Saya sigurong maging best friend ni Sef ngayong mahilig syang manlibre. Haha.

Buti palang hindi ako naka-dress. Wala kasing kotse si Sef. Ang dala lang daw nya motorcycle. Grabe. Rich kid talaga sya. Harley-Davidson ba naman eh. Him already. Haha.

Sina Clara, Clarice at Whitney yung nagdala ng mga pinamili namin. Id-drop off na lang daw nila sa bahay. Pupunta daw kasi mamaya si Laurence, yung bagong manliligaw ni Clarice.

Dun kami sa second floor ng National Bookstore. Well, sort of second floor. Anyway, grabe si Sef. Memoryado ata nya yung buong National. Alam agad nya kung san didiretso. Tinanong nya lang saken yung subject at kung anong course ko at tinuro agad kung saan yung book.

“Lagi ka ba dito?” tanong ko.

Tumawa sya. “Halata ba?”

“Hindi naman sa hitsura mo. Pero kasi, parang memoryado mo na ang buong bookstore.”

“Hindi, ah.”

“So, secretly, bookworm ang lalaking naka-leather jacket at may motorcycle?”

“Shh.. Baka may makarinig. Masisira reputasyon ko.” Joke nya. Natawa naman ako.

“Sef, ba’t kayo close ni Chase?”

“Kasi, friends kami.”

I rolled my eyes. “DUH. I mean, pano kayo naging friends?”

“Hmm...” Humawak sya sa baba nya nang parang may balbas dun. Eh, wala naman.

“Nako. May Alzheimer’s ka na.”

“Joke lang. First day of classes, maingay si Chase. Di sya nakikinig sa professor. Ginagawa nya lang, nagsusulat ng kung anu-ano. Yun pala, talented yun. Ayun, nagingay sya hanggang nainis ako. Pinagsabihan ko sya. Di ko namalayan, close na kami. Ngayon, drummer na ako sa banda nya.”

“Kelan yan?”

“Ngayong first year college lang.”

“Grabe. Di ko akalain. Akala ko, highschool or elementary pa kayo close.”

“Grabe naman. Mukha ba kaming kambal?”

Tumawa ako. “Hindi naman. Si Chase kasi, mukhang good boy. Ikaw, parang bad boy type.”

Nginitian ako ni Sef. “Actually, para kaming twins ni Chase minsan. Pareho kami ng gusto. Favorite song, pareho. Celebrity crushes namin, pareho.”

Grabe naman pala sila! Daig pa ata sina Clara at Clarice ng dalawang ito ah.

“Nung first year, may nagustuhan kaming gitara. Iisa lang daw yun sabi ng store owner. Gusto kong bilhin pero gusto din ni Chase. Sabi nya, contest daw kami. So, nagpataasan kami ng grades. Halos magkapareho kami sa lahat. Pero may isang subject na .25 ang lamang ko sa kanya. Kaya, nanalo ako. Eh, nag-away kami ni Chase dahil dun. Pagbalik ko sa shop, wala na yung guitar. May nakabili na. since then, nagpromise kami na wag nang pag-aagawan kung sino ang magiging may ari kapag iisa lang ang gusto naming.”

“so, pano kung iisa lang ang gusto nyong girl?” tanong ko.

Tumingin sya sa akin ng seryoso. Then, biglang ngumiti. “Di ako papatalo kay Chase.”

Nag-ikot pa kami ni Sef. Then, nagMcDo kami. Inabot din kami ng 5:00. At saka nya ako hinatid samen.

Naenjoy kong kasama sya. As always, puro sya joke at walang katapusang kwento.

Nakasalubong naming yung car nina mommy at daddy.

“Jamie Nica, why are you just coming home?”

“Mommy, nag-ikot po ako sa mall with Clar, Clarica and Whitney. Then, we bumped into Sef. Clarice had to go home already. Eh, may bibilhin pa po ako. So I stayed with Sef.”

“Hm,”

“Nga pala where are my manners? Mom, Dad, ito po si Josef Gonzales. Also known as ‘Sef’. Friend po sya ni Chase.”

Nag-nod lang yung parents ko. Then, dumiretso na sila sa loob.

“Gusto mo ba pumasok sa loob?” tinanong ko si Sef.

“Nope. I have to go. Baka hinahanap na din ako sa bahay.”

“Oh. Next time, ha? Promise?” Then ni-raise ko yung right hand ko nang parang magpa-Panatang Makabayan.

Tumawa sya then, ni-raise yung hand nya. “Sige. Promise.”

Nginitian nya ako tapos umalis na.

Pagpasok ko, nandun na parents ko sa sala. Mukhang seryoso ang pinag-uusapan nila. Pagkakita nila sa akin, bigla silang tumahimik.

As always, pag ganun kaweird ang parents ko, I try to find out kung ano ang secret nila. Kinausap ko yung isa sa mga maid naming. Sabi ko, ilagay nya yung recorder saomewhere malapit kina mommy. Pero di dapat mahahalata. Pumayag naman sya at ang bayad lang eh 500 pesos.

Umakyat ako sa kwarto ko. Nagpaugtog ako ng music at nag-aral. Pagdating ng 7:00, narinig kong bumukas yung gate at umalis uli sina mommy. At saka naman umakyat yung maid dala yung dinner ko ast yung recorder.

Kumain muna ako. At nag-aral uli. Ewan ko ba pero... nakalimutan ko na yung recorder...

Chapter Nineteen

(SEF POV)

Nakasama ko si Ms. Sunshine kanina. Di ko talaga ma-explain pero konting ngiti nya lang talaga, napapasaya na ako.

Nakilala ko sya nung first year. Malungkot ako nung time nay un. Lahat kasi ng naging girlfriend ko, pinaglaruan lang ako. Ginamit nila ako para pagselosin yung mga crush or exboyfriend nila. After nun pag nakikipagbalikan na sa kanila, iiwan na nila ako.

Bilang pagch-cheer up saken, niyaya nila ako. Ib-blind date daw ako. Pinagpipilitan nila kaya, pumayag na din ako.

12:00 dapat ang meeting. Pero sanay na ako na kapag babae, malamang 10-15 minutes yan late. Kaya, dumating ako ng 12:05.

Table 4 daw.

Pagkakita ko sa table 4, may nakaupo nang girl. Sya yung tipo ng girl na boyish manumit. Feeling ko lang, ah. Mukha kasi syang di komportable sa suot nyang dress. Pero, pakiramdam ko, kahit di sya magpaganda, okay pa din itsura nya.

Pagkaupo ko, bigla nyang kinuha yung kamay ko. Grabe! Gulat na gulat na ko. First date pa lang, ganun na?! Ang itsura ko naman ay yung tipong super nerd. Na-trauma na ata ako sa mga ex ko kaya panigurado na lang na di ako magiging boyfriend nito para lang sa looks ko.

“I’m not looking for a relationship, okay? Di pa nage-exist ang lalaking magiging boyfriend ko. Kaya kung naghahanap ka ng girlfriend, pwede ka na umalis.” Sabi nya.

Natulala ako. Unexpected.

“Di ako naghahanap ng girlfriend. Kakabreak ko pa nga lang sa girlfriend ko eh.” Sabi ko.

She looked relieved. “Good. So, napilitan ka lang din gaya ko?”

“Oo.”

“Ano naman ang reason kung bakit pinagtutulakan ka ng mga friends mo na magka-girlfriend agad?”

“Ayun. Kakabreak ko lang. gusto nila akong i-cheer up. Ganito naisip nilang paraan.”

Ngumiti sya. “Okay lang yan. Di talaga minsan Makita ng mga tao-lalo na nung mga in a relationship na minsan, we want to be alone. We NEED to be alone. Kasi, that way, nakikilala natin lalo ang sarili natin. And in your case, nah-heal mo yung sakit ng breakup nyo.”

Napangiti ako for the first time in a week that day ng isang babaeng hindi ko naman alam ang name.

“Ikaw, ba’t ka nila pinipilit?” tanong ko.

“NBSB ako eh. Kaya yun, feeling matchmaker ang friends ko.”

“So, anong ginagawa mo pag ganito?”

“Hmm.. sasabihin ko yung first na sinabi ko sayo kanina. Then, aalis na sila.”

“Grabe naman. Desperado ssila magkagirlfriend?”

Tumawa sya. “Most people don’t know how to differentiate what they need from what they want.”

“Ba’t naman?”

“They think after someone leaves them, dapat i-replace na nila. Di nila alam, gusto lang nila yun. Ang kailangang gawin, maghanap ng kaibigan na tutulong sa kanilang maka-move on.”

“Idol. Ang galing, ah.”

Ngumiti lang sya. “Tara. Let’s go on a date. Or, I mean, a NON-date.”

Pumunta muna kami sa isang department store. Bumili sya ng jeans and tshirt. At tuluyang lumabas ang pagka-boyish ni Ms. Sunshine. Pumunta kami sa Star City at nagikot-ikot. Grabe sya. Ang gusto nya rollercoasters tsaka mga pang-horror. Pagkatapos, dun kami tumambay sa Luneta.

After that, sumakay kami sa LRT at nag-roundtrip. Nagkwentuhan lang kami the whole time. Kinwento ko sa kanya yung nangyari, kung bakit kami nagbreak ng girlfriend ko. At naintindihan naman nya ako. Sabi nga nya, mas malala pa daw ako kesa sa kanya.

Then, bumalik kami sa place kung saan kami nagmeet.

“Oh. Sorry. I have to go. 5:00 na pala.” Sabi nya.

“Ah. Okay. Salamat sa time mo, Idol.”

Tumawa sya. Then, umalis na sya.

Grabe. Ang saya nyang kasama. Kung di lang sana sya masyadong anti sa relationship, sana liligawan ko sya.

Oo nga! Di ko pa pala alam ang name nya.

Lumabas ako ng restaurant at hinabol sya.

“MISS! MISS! IDOL!!!”

Tumigil sya.

“H-hindi ko pa p-pala natatanong name mo.” Hinihinal ako.

“Jam. Jamie Nica Reyes!!” Sagot nya. Then nginitian uli nya ako at umalis na.

JAM. Jamie Nica Reyes.

Tumatak ang pangalang yun sa isipan ko. At ngayon, nandun na yun sa puso ko.

Chapter Twenty

Day 18 December 5. MONDAY

Ang aga pa lang, dumating na agad si Chase. Ako naman, medyo sanay na sa routine namin. Halos 3 weeks na rin kasi kami.

“Good morning, Sweetie!” bati nya saken.

“Morning.” Sobra pagka-cheerful nya kumpara saken na parang tamad na tamad. Sino naman kasing sisipagin kung ang tanging nangyayari lang sa school eh binibwisit ka ng epal mong fiancé??

Pagdating sa school, ayaw ko nang pumasok. Maganda naman ang reason ko eh...

May picture.

At di lang basta picture. Picture namin ni chase na magkasma. Nasa isang MALAKING tarpaulin. Then, may nakasulat pa doon na “King and Queen”.

Grabe!

Sino kayang baliw ang nakaisip niyan? Sinong ewan na tao ang sa tingin eh, magandang practical joke to?!

“Sweetie, ganda ng kuha natin dyan ah.” Sabi ni Chase.

Kilala ko na ang number one suspect!!! -_-+++

“Chase...” grabe inis ko. Lumabas na lang ako sa kotse bago ako makasuhan ng murder.

Naku talaga! Pagpasok ko dun sa first class, nandun na yung mga friends ko. Nagngingitian sila.

“Good morning, your majesty.” Sabi ni Whitney.

“ARGH! Wag na wag nyo yang babanggitin sa harap ko.”

“Bakit?”

“Nakoo... Baka makapatay ako ng isang tao a.k.a. Chase Andrew de Guzman.”

“Grabe naman reaction mo. Picture lang yun ah.”

“Kahit na... ang point ko eh, di nya dapat ginawa yun. Grabe naman. Parang sumusobra na sya eh. Kung anu-ano na lang ginagawa nya kahit nakakahiya nay un. Besides, ayokong makumpara kay Alexandria.”

“What’s wrong with that? Maganda ka naman ah.”

“Required kayong sabihin yan kasi friends ko kayo. Ang totoo, average lang itsura ko. At di kami bagay ni Chase.”

“Ms. Reyes?” bigla akong tinawag nung prof namin. Grabe! Kala ko ba naniniwala syang may freedom ang lahat?! Ano ba to!! Pagagalitan kaya ako??

“Congratulations to you and Mr. de Guzman.” Ngumiti yung prof.

“AYIIIEEEE!!!” nagsigawan yung mga classmates ko.

Umupo na lang ako at nagdasal na sana di ko mapatay si Chase Andrew de Guzman mamaya.

Pagdating ng luch, nakita ko uli si Chase. Pagkakita nya sa akin, tumakbo agad sya para salubungin ako.

“Sweetie, maglulunch ka na?”

“Ay, hindi. Hindi. Kaya nga nasa cafeteria di ba?”

Ngumiti lang uli sya. Nakakabwisit talaga.

“Ikaw yung naglagay nung picture natin ditto sa school, noh?”

Namutla sya. “Nakita mo?”

“Oo. Buong school nakakita. Nakakainis ka talaga!” tinapakan ko yung paa nya. Then, umalis na ko.

Di na ko nagluch. Nawalan na ako ng gana. Tumambay na lang ako sa isa sa mga bench sa school grounds. Nilabas ko yung libro ni Clara. One month na ata sakin yung Pride and Prejudice na book nya pero di ko man lang nauumpisahan. Nasa first page pa palng ako nang magring yung phone ko.

KUYA JAY

“Hello?”

“Jamie, did you like our surprise?”

“What surprise, kuya?”

“Di nyo ba nakita? I specifically asked the staff in your school na ilagay yung tarpaulin sa place na makikita ng lahat.”

OH. GOSH!! O_O

“Kuya, sino kakuntsaba mo?”

“Ha?! Chris thought it would be a nice surprise.”

“Chris?!” Grabe. Nakakapagtaka. Ang alam ko lang na Chris ay si Christian Magat and kung tama ang pagkakaalala ko, nasa Singapore na sya nag-aaral.

“Si Chris. Yung bestfriend mo nung elementary. Christian Magat.”

“What?! Chris is back???” o_O magkakadelubyo...

“Yup.”

“At alam nyang may fiancé ako?”

“Oo.” Nag-umpisa nang magtaka si kuya.

“You told him??” O_O guguhon na ang mundo.. in 3...2...1..

“Oo. I thought you’d want him to know. Di ba bestfriends kayo?”

BOOM sumabog na ang utak ko.

“No, I mean, yes. Kuya, sya ba nagsuggest nung surprise?”

“Oo. He said na gusto ka daw nya i-congratulate. I thought that it was nice of him.”

SHOCKS!!

“Kuya, I have to go.”

“Okay. Say ‘hi’ to him for me.”

“What do you mean?”

“Magt-transfer na sya dyan sa school nyo.”

BOOM *BOOM* okay sumunod na din ang kidney at liver ko.

“Kelan?”

“Today.” Sagot ni kuya.

BOOM *BOOM* *BOOM* pira-piraso na ako.

“And, oo nga pala, Jam. Remember what I told you about Chase visiting me? Namention ko yun dun sa party eh.”

Ano ba kuya? Kanina bad news ka. Tapos ngayon, pinapaalala naman saken ang kasalanan ko.

“He went to me. And, I think his exact words were. ‘Alam kong di nyo ko kilala. Pati si Mica di nya din ako kilala. But given the chance, I’d like to be with her. I’d like to adore her, support her and cherish her every single day of her life. Kung papayagan nyo po ako, I swear I would never make her cry. I’d protect her from harm. Please, payagan nyo po akong makasama si Sweetie.’” Then, tumawa si kuya.

Matindi memory ng kuya ko. Isang beses mo lang sabihin ang isang statement, memorized na agad nya. Kaya, di ko na dino-doubt yung sinabi nya.

Bumibilis na naman tibok ng puso ko. Kelan nga ba huling checkup ko??

“Totoo, kuya? Ginawa nya yun?”

“Oo. Di ko akalaing I’d find a guy I’d willingly give my baby sister to.”

“Ohm... okay kuya. I have to go.” In-end ko yung call.

Oh. Shoot. Inaway ko pa si Chase! Tinapakan ko pa yung paa nya tapos... di pala nya kasalanan... PATAY!!

Bumalik ako sa cafeteria. Dun ako unang lumapit sa friends ko.

“Nakita nyo ba si Chase?”

“Nope, best. Pagkaalis mo, maya-maya umalis na si Chase.”

“Sige. Thanks.”

Lumapit ako sa friends nya.

“Nakita nyo ba si Chase?”

“Hinahanap ka nya, actually.” Sabi nung isang girl na taga-cheering squad.

“Thank you.”

Then, lumabas ako ng cafeteria. Nasan kaya si Chase...?

Oo nga!

Yung pinagpractice-an nya dati!!

Tumakbo ako papunta dun. Pagpasok ko, walang tao at naka-off yung lights.

AH! Biglang may yumakap sakin!!!

Nag-calm down ako at inalala yung tinuro sameng dati sa karate. Hinawakan ko yung arms then, filinip yung kung sino mang nakayakap saken.

In-on ko yung lights.

Patay! Si Chase pala!!

Chapter Twenty-one

Nilapitan ko sya agad. “Chase okay ka lang?”

“Medyo okay naman.” Then, tumayo sya.

“Ikaw kasi, eh. Bakit basta-bastang nangyayakap? Kala ko kung sino ka. Yan tuloy, na-flip kita.”

Ngumiti lang sya saken. “Okay lang. Love hurts.”

“Love-love ka dyan. Ilublob kita sa pool.”

“Sweetie naman di ka mabiro..”

Tinamaan naman ako ng konsyensya.

“Nga pala, Chase.”

“Yes, sweetie?”

“Sorry.” Sinabi ko nang super hina. Tipong pabulong na.

“Ha?”

“Sorry.” Medyo nilakasan ko,

Ngumiti yung loko. Obvious na nangt-trip na. Putek naman! Nagb-blush na ko dito oh.

“Di ko talaga marinig, Sweetie.”

Ah, GANUN AHH...

“SORRY!!” Sumigaw ako sa tenga nya.

“Ouch!” tinakpan nya yung tenga nya.

“Buti nga sayo.”

Then, pinisil nya yung cheeks ko. “Nagb-blush ang sweetie ko..”

Tinanggal ko yung kamay nya. “DI KAYA!!”

“Sweetie, pahiram ng cellphone mo.”

“Bakit?”

“Makikitext lang.”

Inabot ko yung phone ko.

“Grabe. Lampas zoo ang contacts mo. Dual sim pa to.”

“Extra phone ko yan. For business purposes only. Yung isang phone ko na tinatawagan mo lagi, yun ang personal phone ko.”

“Ah.. Peram nun.”

“Ayoko nga.”

“Please sweetie. Sige ka, magsusulat ako ng love letter para sayo. Gagawin kong note sa fbat ita-tag ko almost lahat ng classmates mo.”

Inabot ko sa kanya yung phone. Mahirap na. natuto na akong sa sobrang pagka-weird ng lalaking to, pag sinabi nya kahit ang baliw, gagawin nya.

May ginawa ata syang ewan sa phone ko. Then, binalik na nya saken.

“Thank you, Sweetie.”

“Di ka welcome.”

OH, shoot! May klase pa pala kami!

“Chase, I have to go. Di ba papasok sa class mo?”

“Nope.”

ANUBAYUN! Ang daya nya ><

Tumakbo na ako papunta sa room. Pagpasok ko, walang tao. Patay! Nasan na sila?!

Nagring yung phone ko.

SWEETIE KUNG SUPER GWAPO <3

Grabe! Ano ba yung nilagay ng bwisit na yun na name nya!! -_-

“Hello?”

“Sweetie!”

“Chase, ano ba tong ginawa mo sa phone ko?!”

Tumawa lang sya. “Nandyan ka na ba sa class mo?”

“Oo. Dahil sayo, nalate ako.”

“Nakalimutan ko nga palang sabihin sayo, noh? Wala ng classes. Ci-nut, in-announce kanina pero wala ka.”

ARGH!

“Ba’t di mo agad sinabi?”

“Eh, umalis ka agad, eh. Pupuntahan na kita dyan, Sweetie. Uwi na tayo.”

Anubanaman!! Nakakainis ah...

Dun na lang ako sa labas ng room. Sumalampak ako sa floor at nakinig muna sa music. Then, nilabas ko yung sketchpad kong bago (yung dati na kay Chase na eh).

*You could be the peanut butter to my jelly
You could be the butterflies I feel in my belly
You could be the captain and I could be the first mate
You could be the chills that I feel on our first date*

*You could be the hero and I could be the sidekick
You could be the tear that I cry if we ever split
You could be the rain from the cloud when it's stormin'
Or you can be the sun when it shines in the morning*

Nag-hum na din ako habang dinodrawing ang ewan ko kung sinong tao...

Hmmm....

SHEMAY!! Si Chase na naman na-drawing ko!! ARGH!!!!

Biglang may nagtanggap ng earphone ko.

“Chase! Ano ba! Nakikinig ako dun ah!!” Sigaw ko.

Pero di pala si Chase yun...

Si Chris. ><

“Chris...” sabi ko.

“Jam, did you miss me?”

“Ah.. ewan.” Di ako makasagot.

Tinignan nya yung sketchpad ko. SHOOT! Di ko natakpan yung drawing ko kay Chase!!

Ngumiti sya ng super inosente. “You still like drawing, I see.”

“Ah.. eh, oo.” Tinago ko na yung sketchpad.

“SWEEETIEEEEE!!!!!!!!!!”

Ged! Wrong timing naman si Chase.

“Mukhang paparating na fiancé mo. This is going to be interesting.” Ngumiti uli si Chris.

“Look, about Chase..” Ie-explain ko dapat yung about sa deal.

He just shook his head. “Jam, I have to go. And I’m sure I don’t need to interfere this time.” At umalis na sya.

Sakto namang dumating si Chase.

“Sweetie, sino yun?”

“Ah. New student lang. Nagtatanong lang ng directions.”

“Baka naman inaaway nya yung sweetie ko ah.”

“Hindi.” Sabi ko agad.

“Okay. Tara na!” at umalis na nga kami.

Nako, Chase... kung alam mo lang...

Chapter Twenty-two

Day 20. December 7. WEDNESDAY

Malapit na akong mabaliw. Palagi ko kasing nakikita si Chris. At kinakabahan ako kung anong gagawin nya.

History muna tayo...

Noong unang panahon (grabe! Tanda na namin XD), close kami ni Chris. Nagkakilala kami nung lumipat sila sa bakanteng bahay sa tapat ng bahay namin.

Si Chris ay supe tahimik na bata. Bago ko pa maging friend sina Clara, Clarice at Whitney, kami na lagging magkasama. Pero, may kakaiba kay Chris.

He's a sadist.

Mahilig sya mangblackmail. Matindi yun. Gumagawa ng kung anu-anong plano para masunod ang gusto nya.

Nung grade six kami, may crush ako sa school. Para mapansin ako ng crush ko, pinilit nya akong sumama sa cosplay. Ayaw ko pero napapayag nya ako. Tapos, may ginawa syang never ko in-expect.

Ki-niss nya ako sa cheek. Then, ayun. Nagselos nga yung crush ko. Nagconfess nga saken. Pero, nakuha yung first kiss ko... sa cheek ><

Nag-away kami at pumunta na sila sa Singapore. Di ko na sya nakita. Until now...

.....
Day 25. December 12. MONDAY

Nag-ikot ako nang makita kong magkasama sina Chris at Chase. Ged! Ano kaya pinag-uusapan nila??

Lumapit ako. Pero di obvious para di nila ako mapansin.

"So, gusto nya yun?" tanong ni Chase.

"Yup. Mahilig din sya sa matamis. Pero pag chocolates, dapat dark chocolates." Sagot ni Chris.

"Mahilig ba sya sa music?" sabi ni Chase.

"Hm... nung bata kami, gusto nya yung Westlife at Backstreet Boys. Then, alam ko sa ngayon, Paramore, The Script, Nevershoutnever... mga ganun. Pero gusto nya din daw sina Taylor Swift. At alam ko nung bata kami, pag nagbihis sya, tila Avril Lavigne."

"So, may pagka-random din ang type nya?"

"Pwede. But she's also the type of girl who can go and listen to the orchestra without falling asleep."

"Really?"

"Oo. Nung ten kami, dinala kami sa orchestra. Yun yung birthday gift nila saken. Then, ako nakatulog. Paggising ko, nakikinig pa din sya. Nagtataka nga ako nun eh."

Tumawa naman si Chase.

OH!

Ako pinag-uusapan nila!! o_O

“So, bukas, ah.” Sabi ni Chase.

“Yup.” Sabi ni Chris.

Tumakbo ako papalayo para di nila ako Makita. Pagkalapit saken ni Chase, medyo mabilis pa heartbeat ko dahil sa pagtakbo.

“Sweetie! Excited na ko.”

“Bakit naman?”

“Bukas kasi eh...”

“Wait. Ano bang date ngayon?”

“December 12.” Sagot nya.

OH! SHIT!

Birthday ko nga pala bukas!!! Ano ba. Sarili kong birthday eh, nakakalimutan ko.

So, that means alam na nyang birthday ko...

Ano kayang kabaliwan na naman ang pinaplano ng loko???

“Chase, anong meron bukas?” tanong ko.

“Bukas kasi, may gig yung band namin. Tagal na kasi naming di tumutugtog sa events eh. Excited na ko.”

Phew! Di pa pala nya alam!! XD

“Sweetie, manood ka ng gig namin bukas, ah.”

“Ayoko nga.”

“Please..”

“Ano namang mapapala mo kung pumunta ako?”

“Maiinspire mo ko.” Ngumiti sya.

“Hindi ako pupunta.” Anuba!! Bwisit talaga!!!

“Dali na, Sweetie. Pag di ka pumunta, magtatampo ako. I already asked permission from your parents naman eh. Pumayag na sila.”

Ang daya! Di na ako makakahindi nito...

“Sige na. San ba?” Napilitan ako.

Sinulat nya sa isang papel yung place and time tapos inabot nya saken yung paper.

“Di na kita mahahatid dyan bukas ah. Kailangan din kasi naming i-set up yung equipment.”

“Okay na. Nga pala, 5:00 na.”

“Oo nga noh?. Ihahatid na kita, Sweetie.” Then, inakbayan nya ako. Super saya nya compared to usual. Ano kayang meron?

Ano kayang tumatakbo sa isip ng lalaking to?

.....

Day 26. December 13. TUESDAY

Gosh! 18 na ko!! ><

Officially, pwede na kong uminom, pwede na ko magdrive... FREEDOM!

Pagdating ng umaga, una kong ginawa ay nag-tweet. Then, pumasok ako sa school. Si Manong naghatid saken. Hindi si Chase.

Marami ding bumati ng Happy Birthday.

Pag pasok ko sa first class, kinorner na ko nina Clara, Clarice and Whitney.

“Best, Happy Birthday!” nag-grouphug kami.

Nung nandun na yung prof, binati nya ko. Sabay kantsaw na pwede nang mag-asawa.

Pagdating ng 6:00 PM, umalis na ako ng school. Mga 6:30, dumating na ko sa place na sinabi ng lokong yun.

Pumasok ako dun sa loob, nahalata kong ang dami kong schoolmates dun. Pati sina Clara, Clarice at Whitney nandun. Tapos, lahat naka-cocktail dress. Nakakahiya namang naka-jeans lang ako.

Nandun sa stage si Chase. Mukhang mag-uumpisa pa lang sila. Si Sef naman drummer syempre.

“Good evening, everybody. Kumpleto nap o tayo so, closed na. no one’s allowed to leave until midnight. Uumpisahan ko muna with something slow.”

*I’m 5 years old it’s getting cold I’ve got my big coat on
I hear your laugh And woke up smiling at you
I run and run Past the pumpkin patch
And the tractor rides Look now, the sky is gold
I hug your legs and fall asleep On the way home.*

Nagcontinue pa si Chase dun sa song. Ako naman, umupo sa table at nagh-hum. Biglang lumapit sakin si Dad. Binigyan ako ng pink na rose.

“Happy Birthday.” Sabi nya.

Chapter Twenty-three

Di ko ma-explain yung feeling. Tumayo ako at hinug si Dad.

“Thank you po.”

Nung binitawan ko na sya, hinila nya ko dun sa gitna ng dancefloor ng bar. May spotlight na nakatapat samen. Tapos lahat, tumigil sa pagsasayaw.

*I have an excellent father
His strength is making me stronger
God smiles on my older brother
Inside and out, he's better than I am*

Tiningnan ko si Chase. Sakto namang nakatingin din sya saken. Kumindat sya at nagblush ako.

Dad cleared his throat.

“Um... yes, dad?”

“Si Chase ang nag-organize nito. Your mom and I were planning to give you a trip to Paris with your friends na lang sana but he insisted. Ang sabi nya, you’ll only turn 18 once.” For the first time sa loob ng ilang years, nginitian ako ni Dad.

Natapos yung song and nag-thank you uli ako kay Dad. Nag-iba yung song.

*When I'm lost in the rain
In your eyes I know I'll find the light
To light my way*

May lumapit uli.

Si Kuya Jay ☺

Gaya ni Daddy, binigyan nya ako ng pink rose. Nginitian ako ni Kuya.

“Surprised ka, noh?”

“Syempre naman. Naka-jeans pa nga ako eh.”

Tumawa si Kuya. “Pero hindi mo made-deny na gusto ka talaga nya.”

Kung sana nga lang...

“Nako, kuya. Pati ba naman ikaw, sine-set up mo din kami?”

“Hindi naman. I’m just supporting him. Jam, kilala kita. You tend to push people away pero promise me na you’ll give this guy a chance.”

“Anu ba yan, kuya. Di namin gusto ang isa’t isa.”

“Kung hindi eh, bakit na sinabi yung words na yun saken para lang humingi ng permission ko? At bakit pa sya nagpapakahirap na iplano lahat to para sayo?”

May point si kuya. Di ako makasagot. Kung dahil lang naman to sa deal, siguro naman may mga importante pa na dapat gawin yung ewan nay un. Siguro di na sya mag-aabala pa na mag-organize ng ganitong event.

“Pero, kuya. Maybe he’s just trying to be nice.” Sabi ko.

“Nice?! Eh kulang na nga lang, maglagay sya ng billboard sa EDSA declaring his love for you.”

Speechless ako. Narealize kong ganun nga kabaliw si Chase. Lord, sana naman po... wag pumasok yun sa isip ni Chase...

“Sige na.” bumitaw si Kuya.

Maya-maya, may lumapit pa. OMG! Si Chad!!

“Hi, Jam.”

“Hi, Chad.”

Inabot nya saken yung 3rd rose.

Shemay!! Ang awkward naman! Di ko alam kung ano gagawin ko. Di man lang ako makatingin sa kanya.

*Here I am with all my heart
I hope you’ll understand
I know I’ve let you down
But I’m never gonna
Make that same mistake again.*

“Jam, sorry na we didn’t end things right.” Bigla syang nagsalita. Tumingin ako sa kanya. SHEMAY!!

“Okay lang. I’m sorry din.”

Nagkatitigan kami. Then, bigla kaming sabay tumawa.

“Weird naman.” Sabi nya.

“Bakit?”

“Yung song kasi. Sakto na gusto kong sabihin sayo.”

Ngumiti ako. “I’m really sorry, Chad.”

He shook his head. “It’s my fault. Hindi dapat kita dineny dati lalo na’t M.U. na tayo that time. Dapat nakinig ako sa reasons mo. Di dapat ako nagdecide by myself.”

“So... di ka na galit saken?” tanong ko.

“Nope. And kong wala ka sanang fiancé, liligawan uli kita.” He winked at me.

Tumawa kaming dalawa. Nung matapos na yung song, nag-hug kami. Then, umalis na sya.. Tumayo lang ako dun. Then, may lumapit uli. Si Dave.

Chapter Twenty-four

Inabot nya sakin yung 4th rose. Then, nagsayaw na kami.

“Happy 18th birthday.” Sabi nya.

“Thanks, Dave.”

“Kamusta ka na?”

“Hmmm... Okay lang naman.”

*Ikaw na ngang may sabi Na ako’y mahal mo rin
At sinabi mong Ang pag-ibig mo’y di magbabago
Ngunit bakit Sa tuwing ako’y lupalapit
Ika’y lumalayo Puso’y laging nasasaktan
Pag may kasama kang iba Di ba nila alam
Na tayo’y nagsumpaan Na ako’y sayo at ika’y akin lamang*

“Kamusta ka na, Dave?”

Ngumiti sya. “Buhay pa naman. I heard you’re getting married.”

“Ha?! Di pa... wala pa ngang groom eh.”

Grabe! San kaya galing yung mga ganung tsismis?! Ang sinungaling naman...

“Di ba sya yung groom?” tinuro nya yung bwisit na kumakanta sa stage.

“Nako. Di ko yan gusto. Magiging dalawa muna ang buwan bago ko pakasalan yan.”

Tumawa naman si Dave. “Ikaw talaga. I miss your quirkiness.”

“Ewan mo talaga, Dave.”

“I still remember having a crush on you, Jam. The more a guy makes an effort, the more you hate him.”

“Mabait kaya ako sayo noon.”

“Meaning, di mo ko pinapahabol sa Labrador nyo dati pag bumibisita ako sa inyo?”

“Patay na kaya si Bite...”

“Condolence.”

“Okay lang. kamusta ka na? May girlfriend ka na, noh? Yiiiiiee.... Blooming sya.”

Tawa nang tawa si Dave. “I have a girlfriend nga. We’ve been together for 5 months already.”

“Tatag nyo.”

“Ikaw nga eh, king and queen kayo ng school. Your boyfriend is your first and last.”

“You mean si Chase?”

“Oo.”

“Di ko naman gusto yun.”

“He’s already your boyfriend pero di mo gusto...” ngumiti si Dave. “Iba ka talaga, Jam.”

Nag-end na yung song.

“Sige, Jam. Invite me sa wedding, ah.” Tumatawa sya uli.

“Baliw!” sabi ko.

Nagcontinue pa na ganun. Iba-ibang guys ang lumapit saken.

5th rose: Adam

Si Adam yung crush ko nung Grade six ako. Sya ang pinagtripan ni Chris noon. Nagconfess nga sya saken. At nasampal ko sya. Oo na, ako na weird. Bigla nya kasi akong hinila at mukhang hahalikan. After that, hindi nya na ako pinapansin. Bitter!! ☹)

Song na kinanta ni Chase ay:

I’m like a statue stuck staring right at you

Got me frozen in my tracks so amazed

How you take me back

Each and every time our love collapsed

Nagsorry si Adam saken pero awkward pa rin kami. Siguradong di ko na muli makikita yun.

6th rose: Carlo

Si Carlo ay kuya nina Clara at Clarice. Parang kuya ko na din yun. Mahilig sya manlibre at tipong class clown. Mortal enemies sila ni kuya. Nagsimula yun nung nasira ni kuya yung red na toy car ni Carlo. Since then, tindi na ng galit ni Carlo. Sila lagi ni kuya ang top one and two sa school. Para nga lang silang naguunahan sa pwesto. Tuwing brokenhearted si Carlo, ako tatakbuhan nyan. Pag sina Clara at Clarice kasi, kakantsawan lang sya at pagtatawanan.

Song:

I must admit you were not a part of my book

But now if you open it up and take a look

You’re beginning and the end of every chapter

You’re the best thing I never knew I needed

So when you were here I had no idea

You’re the best thing I never knew I needed

Now it’s so dear I need you here always.

Grabe! Ka-wow poise si Carlo. Tawa ako nang tawa nung kasayaw sya. Mukha tuloy akong SB.

7th rose: Lawrence

Si Lawrence and tutor ko nung highschool. First and second year highschool lang naman ako nagpatutor. Minsan, pag wala si kuya, sya ang nagi-intimidate sa mga manliligaw

Song:

You will always be beautiful in my eyes

And the passing years will show

That you will always grow

Ever more beautiful in my eyes

8th rose: Josh

Past manliligaw ko sya. Isa sa mga pinapahabol ko kay Bite pag bumibisita.

Song:

*And I'd give up forever to touch you
Cause I know that you'd feel me somehow
You're the closest thing to heaven that I'd ever be
And I don't want to miss you tonight*

9th rose: Drew

Past manligaw din. Binasted ko dahi; masyadong possessive. Ako na masama. Pero grabe kasi eh. Nakakabadtrip!!

Song:

*I don't want to fall to pieces
I just want to sit and stare at you
Cause I'm in love with you
And I don't want a conversation
I just want to cry in front of you
Cause I'm in love with you*

10th rose: Aidan

Cousin ko. Super duper close kami. Bi sya. Mas fashionista pa nga kesa saken eh. Sukat ba namang pagalitan ako na jeans lang ang suot ko. Ginawa pa nya habang nagsasayaw kami. Sya daw, nagpagawa pa ng suit. Grabe namaannn!

Song:

*I will cross the ocean for you
I would go and bring you the moon
I will be your hero and strength
Everything you need*

11th rose: Landon

Lalaking-lalaki sa hitsura si Landon. Mukha syang heartthrob. Kababata ko yun. At ako ang unang nakaalam na bading sya. Nung 7th birthday nya, puro robot at automatic na kotse ang niregalo sa kanya. At sinabi nya sa akin na ang gusto nya lang eh, Barbie. Hindi ko pa naiintindihan yun dati pero feeling ko, may mali dun. Nagkwento naman sya saken habang nagsasayaw kami. Tapos, tinanong kung pwede bang kunin yung number ng drummer. OMG! Pinagnanasahan pa ata si Sef!!! >.<

Song:

*One day when the sky is falling
I'll be standing right next to you
Nothing will ever come between us
I'll be standing right next to you.*

12th rose: Brad

Kababata ko din. Haha. Sya yung tipo ng kalaro noon na away-bati. Pinagtanggol ako sa mga bully once sya rin ang nagturo ng ilang technique ng self-defense saken.

Song:

*I, I can be everything you need
And if you're that one for me
Like gravity, I'll be unstoppable*

13th rose: Eric

Cousin ko din sya. Sya naman ang parang black sheep ng family-laging may kaaway, laging nakikipagbugbugan. Naging parang bodyguard ko sya for one week after ako awayin ng mga bully.

Song:

*I'm all about you I'm all about us
Baby you never have to question my love
And every night there's a new crowd
But it's always you I'm singing about
There is only one of these words I'm going out to
I'm all about you*

14th rose: Rafael

Nanligaw. Di ko sinagot. End of story =))

Song:

*I don't want to fall out
But we're all out of time
In one day
In no way
You'll be mine*

15th rose: Anthony

Nakadate ko lang sya once. Blind date na sinetup nina Clara, Clarice at Whitney. Di naging kami pero close friends kami.

Song:

*I remember what you wore on our first date
You came into my life and I felt
Hey, you know this could be something
Cause everything you do and what you say
You know that it takes my breath away
And now I'm left with nothing.*

16th rose: Ethan

Nanligaw sya at pinatigil ko. Pero, friends pa rin kami.

Song:

*If the sun should refuse to shine
And the moon doesn't hang in the night
The tides won't change seasons rearrange
When the world is through
I will still love you*

Chapter Twenty-five

At ang 17th rose ko, si Sef...

At oh my...

Grabe. First time ko syang Makita na nakapang-good boy na porma. Tulad pa rin ng normal ang ayos nya pero parang mas gwumapo sya.

“Happy birthday, Jam.” Sabi nya.

Tulala ako. Nubayun!!

“Jam? Jam?”

“...”

Tumawa sya. At saka lang ata ako binalikan ng boses.

“S-salamat.”

“Okay ka lang ba?” tanong nya.

“Ah. O-oo. Medyo pagod lang. kanina pa ko nagsasayaw eh.”

“Ah. Ganun ba? Sorry ah.” Sabi nya.

“Okay lang. Masaya naman ako sa surprise nyo. Di ko kasi expected na bigla palang may ganitong event.”

Oo nga pala! Si Chase!

Tumingin ako sa stage. Wala dun si Chase. May iba ng guy na kumakanta dun. Tapos, may lalaki din sa drums. Pumalit ata kay Sef.

*Just so you know
This feeling's taking control of me
And I can't help it
I won't see around
I can't let him win now.*

“Wow! Song ni Jesse McCartney.” Sabi ko.

“Bakit?”

“Ah. Wala. Crush ko kasi yun dati.”

“Ba't dati lang?” tanong nya.

“Wala. Ewan lang. Siguro nabawasan dahil di nako ganun ka-updated sa kanya.”

“Ahh...”

Tumingin ako sa stage. Wala pa din si Chase. Nasan na kaya yun?

“Um...”

“...” baka naman uminom lang ng tubig si Chase. Kanina pa kasi kumakanta. Baka paos na.

“Jam?”

“...” hala. Baka naman sumakit ang tyan. Tapos, naglabas ng sama ng loob sa CR.

“JAM!”

“Ha? Oh. Ano yun?” kinakausap pala ako ni Sef.

“Sige. Wag na lang.” sabi nya. Halatang nagtatampo.

“Sorry. Ano yun?”

“Hindi. Sige. Okay na. Ibibigay ko pa naman sana gift ko pa naman sana gift ko sayo.”

Gift!!

~_~++

“Akin na..” sabi ko.

“Nope.”

“Dali na, Sef...”

“Ayoko nga. Di tayo bati!” nagpout sya.

Hala! Nahawa ata kay Chase ang isang to.

“Please...” nagpuppy dog eyes ako. Hahaha! Wala pang nakaka-hindi saken pag gamit ko ang technique na to.

“Sige na nga...”

YES! PANALO AKO!! GIFT! GIFT! GIFT!

“Jam...” May biglang lumapit samen ni Sef.

“Oh, Whitney. Bakit??” At bigla akong hinila papalayo. Ay. Mas magandang term pala ang KINALADKAD.

“Seefff!! Yung gift!” Sigaw ko.

Tumingin lang sya saken.

I mouthed ‘sorry’.

At nag-nod lang sya.

I’m waiting here.

Been waiting here...

(SEF POV)

“Clara, stay ka muna.” Sabi ni Clarice.

“Ha?! Ano ka, hilo? Ayoko nga.”

“Kawawa naman si Sef oh. Walang kasayaw.”

“S-sige na nga...”

Lumapit saken si Clara. Ako naman, nakatingiin pa rin dun sa last place kung saan nakita ko si Jam.

“Sorry.” Sabi nya saken.

I shook my head. “Okay lang.”

I took her hand at nagsayaw kami. Di ko namalayan, nag-change nap ala ang song.

Drew looks at me

I fake a smile so he won't see

That I want and I'm needing

Everything that we should be

“Sorry ha. Mukhang na-interrupt namin kayo.”

I smiled at her. “Wag kang mag-alala.”

Maganda si Clara. Pakiramdam ko tuloy, porcelain doll sya na pag hindi ko iningatan, mababasag. Sa ngayon, nahahalata kong nag-guilty pa din sya.

Kailangan, madistract ko sya.

“Clara, pano kayo nagkakilala ni Jam?”

“Ha? Kami...uhm...nung grade two.”

“Ilang years na din pala kayo magkakilala.”

“Oo nga. Nagkakilala kami nung one day na nagkasakit si Clarice. Mag-isa lang ako. Tapos, kinausap nya ako. Sanay kasi akong lagging may kasama. Yun kasi yung point pag may kakambal ka. Never ka mag-isa. Dati, ang buhay ko parang puro kami lang ni Clarice. Pero nung nandun na si Jam, natutunan naming kailangan mag-open din kami sa ibang tao. Kaya nga ang tindi ng appreciation namin sa kanya.”

“Si Jam na si Jam nga yan.” Natawa ako.

“Ang ganda ni Jam, di ba?”

“Oo.” Inamin ko.

“Ikaw. Since may girlfriend na si Chase, dapat ikaw din magkaron na. ano ba hanap mo sa babae? Baka matulungan kita.”

“Syempre mabait.”

“Psh. Obvious na yan. Details naman.”

“Hmm... gusto ko ng babaeng matalino. Di lang sa school pero pati sa buhay. Dapat opinionated sya. Okay lang kahit di sya marunong magluto. Dapat may pagka-maangas sya- yung walang takot.”

“Parang...”

“Parang...?”

“Wala. Para kasing si Jam yung dinedescribe mo.”

Umiwas ako ng tingin. “Siguro nga...”

“Sef, pwede ba magtanong?”

“Sige.” Ngumiti uli ako.

“Ang sabi ni Jam, may babae ka na dawn a nagugustuhan..” -_-+

“Yup.” ^^

“At... pano mo sya nameet?” naalala ko tuloy sa kanya yung mga pulis sa detective movies. Ini-interrogate kaya ako nito?

“Blind date.” Nakangiti lang ako. Kaunwari hindi kinkabahan.

“Kelan yun?” -_-++

“Nung first year.” ^^

“Ba’t hindi mo yun ligawan?” -_-+++

“Kasi ayaw nya magkaboyf-” at di ko na natapos ang sasabihin ko kasi biglang nanlaki yung mata nya. Ano kayang meron??

“Okay ka lang ba?”

“Sef... you’re in love with your best friend’s girlfriend.” Sabi nya.

O_O

“N-no. I’m not.”

Pero isang tingin lang sa kanya, alam kong na-figure out na nya. Kaya di ko na kayang i-deny. Whether I like it or not.

Chapter Twenty-six

Okay. Harassment yata ang tawag dito. Seriously. Kailangan ko nang tumakas. Hinubaran nila ako at pinilit magsuot ng nakakadiring damit. Ay, di pala basta damit- GOWN.

Pagkatapos nun, inayos nila yung pagkaka-curl ng dulo ng buhok ko. Tapos, minakeup-an ako. Grabe. Ang ewan ng torture nila saken.

My face.. TT^TT

At para makumpleto ang pagpapahirap nila saken, sinuotan ako ng kung anu-anong chorva at high heels.

At hindi man lang pinatignan sa akin kung ano ang hitsura ko. Pag nagmukha akong clown dito... ><

Then, lumabas kami. Pagkalabas ko, bigla atang andaming tao sa labas. Parang may maliit na elevated area na parang stage. Tapos, stairs papuntang dance floor. Tumingin ako sa dancefloor at nandun si Chase mag-isa. Para syang naka-costume ng pang-medieval times. Bigla kong naalala nung bata ako... nakita ko yung costume na yun sa music video ng Bop Bop Bop Baby ng Westlife.

Teka nga...

Biglang may lightbulb na nag-on sa ulo ko.

Tinulak ata ako ng dalawang traydor na kaibigan kaya ako nahulog sa stairs.

I'm falling... pumikit na lang ako.

3...

2...

1...

Hm... teka. Di naman dapat ganito ang feeling nung floor dib a? I opened my eyes.

O///O Si Chase!! Bitbit na pala nya ako. Bridal style pa.

“Happy 18th birthday, Sweetie.” Sabi nya.

“B-bitawan mo ako!” at binaba nya ako. Tapos, bigla syang umalis. >< anu ba! Nagtampo na naman ata yung loko.

Bahala na nga sya!!

...biglang bumalik yung konsyensya ko. Magsorry kaya ako??

Nasan kaya sya??

Sundan ko kaya??

Papaalis n asana ako sa dance floor nang biglang may spotlight somewhere at lumayo yung mga tao dun. Merong parang nagp-piano na something.

*The strands in your eyes
That color them wonderful
Stop me and steal my breath*

Tinitigan kong mabuti.

Si Chase pala yun!! >.<

*And emeralds from mountains
Thrust toward the sky
Never revealing their depth*

Naghiyawan yung mga tao. Tapos, nagkatinginan kami. Tunitig lang sya saken.

*Tell me that we belong together
Dress it up with the trappings of love
I'll be captivated
I'm hanging from your lips
Instead of the gallows of heartache
That hang from above*

Ang pupu! Galing talaga nya kumanta!! Tumayo sya mula doon sa grand piano at may pumalit agad sa kanya.

*I'll be your crying shoulder
I'll be love's suicide
I'll be better when I'm older
I'll be the greatest fan of your life*

Lumapit sya saken. May hawak na purple rose. Hindi mukhang nilublob lang somewhere para maging purple yung rose. It was the real thing.

“Pinahanap ko yan. Wala naman kasing black n rose. Eh, second favorite color mo naman ang violet so...” medyo nag-aalangan sya.

“It's beautiful.” Nginitian ko sya.

He took my hand tapos, nagsayaw kami.

*The rain falls angry on the tin roof
As we lie awake in my bed
You're my survival
You're my living proof
My love is alive- not dead.*

Di ako makatingin sa kanya. Nahihya kasi ako. Ano bang mali saken ngayon?! Si Chase lang naman to eh... bakit parang may marathon uli akong sinalihan sa bilis ng heartbeat ko? Tapos, may collection pa ng butterfly akong nakain at nagkakagulo sa loob ng tyan ko.

*I'll be your crying shoulder
I'll be love's suicide
I'll be better when I'm older
I'll be the greatest fan of your life.*

Hinawakan nya yung chin ko. He raised my face to meet his gaze. Di ko na kaya to!! >.<

*And I've dropped out
I've burned out
I've fought my way back from the dead
I've turned in
I've turned out
Remembered the things that you said.*

He smiled. Tama naaa..... ayaw naaa..... TT^TT

*I'll be your crying shoulder
I'll be love's suicide
I'll be better when I'm older
I'll be the greatest fan of your
I'll be your crying shoulder
I'll be love's suicide
I'll be better when I'm older
I'll be the greatest fan of your life..*

The greatest fan of your life...

He spun me around tapos, niyakap nya ako from behind. Tapos, may something syang nilagay sa leeg ko. Necklace ata.

Tinignan ko yung pendant.

"Ito yung..." sabi ko.

"Yan yung ring na binigay ko syao last time. Di mo naman sinusuot kaya naisip ko, this way mas masusuot mo sya."

"Sino namang nagsabi sayong tinatanggap ko yung ring?" Sige na. Ako na mataray.

Tinuro nya yung dibdib nya. "Eto. Yung puso ko."

"Psh.. bumalik ka na sa prinsesa mo."

"Nandito na nga ako."

"Hindi. Alis ka. Shoo! Shoo!" Tinulak ko sya.

Hinawakan nya yung kamay ko. Tapos, ini-stay nya lang yun dun sa may chest nya. Then, binigyan ako ng isang pagwapo na smile.

At ako? Simple lang. di nakapagsalita.

Bigla syang sumigaw. "Thank you for paying attention sa eighteen roses ng birthday girl naten. Now, lalabas po kami para mabigay na sa kanya yung surprise for her. Enjoy the food!"

He linked our hands at hinila ako. Tumakbo kami palabas ng bar. Sinakay nya ako sa convertible nya. Nilagay uli ako ng blindfold.

"San tayo pupunta?" I crossed my arms.

"Secret."

Chapter Twenty-seven

Nagdrive na sya. Sandali lang mga fifteen minutes lang siguro. At least, this time wala na syang balak kidnapin ako. Nagstop kami at tinanggal nya yung blindfold ko. Nasa park kami. Tipong park na may fountain at slide and swing na pangbata. Tapos, meron ding bench.

“I want to show you something.” Sabi nya.

Dun kami sa harap ng fountain.

“Nakita mo ba itsura mo bago ka nila ilabas?”

“Hindi. Bakit? Mukha ba akong clown?”

Tumawa sya. “Define clown.”

“Mukha akong clown, noh? Kaya tinatawanan mo ako.”

“Tignan mo muna reflection mo at sabihin mo kung clown ba itsura mo o dyosa.”

Tumingin kaming dalawa sa may fountain.

OH MY GOSH!!

Meron dung lalaki. Si Chase na nakasuot ng pang-knight in shining armor na costume. Yun ngang sa Bop Bop Baby...

At sa tabi nya...

Isang babae na di ko kilala. Super ganda. May parang tiara sa ulo. Then yung hair nya parang waves ng ocean pag gabi. Dark and shiny. Tapos, her skin glows. At nagb-blush sya. Yung suot nya, purple na gown. At nakatingin sya sa akin. Gulat na gulat.

Nag-smile ako. Nag-smile din yung babae.

“A-ako ba talaga yan?”

“Yup. Ikaw na ikaw. Natatakot nga akong bitiwang ka eh. Feeling ko, anytime makakawala ka. At biglang mawawala na lang sa akin.” Inakbayan nya ako.

“Oy! Alisin mo yan.”

Tumawa naman sya. “Back to normal ka na uli.”

Umupo kami dun sa may swing.

“I can’t remember going somewhere like this nung bata ako.”

“How come?”

“Hmmm.... Kasi maaga akong tumanda.”

“Lahat ng tao hindi tumatanda. Lahat bata. Nakakalimutan lang nila ang pagkabata nila.”

“Hmm... di ko maintindihan. Iba pag Reyes ka. May plano na ang buong buhay mo. Si ate, pinakasal. Asawa kasi nya, possible na tulungan kami na maka-branch out ang corporation sa Europe. Yun na lang ang kulang namin eh. International na ang corporation. Kaya, ayun. Pinakasal ate ko.”

“Yan ang buhay natin eh.”

“Tayo? Ganun din kaya ang mangyayari?” I looked at him.

Hinila nya ako papalapit sa kanya. “I’ll never let that happen to you.”

Balak ata akong i-kiss sa cheek nung ewan. Buti na lang natakpan ko pisngi ko.

“Wag na wag mong gagawin yan!”

“Bakit?”

“May kasalanan ka saken.”

“Ano?”

“Kayo ni Chris ang nagplano nito, noh? Sya nagsabi sayo ng lahat.” Sabi ko.

Umiwas sya ng tingin. “O-oo eh.”

“Sabi ko na nga ba, may plano na naman yung ewan na yun. I bet he came back para manggulo uli saken.”

“Sweetie, nagiging paranoid ka na.”

“Hindi ah. Ganun talaga si Chris. Mag-ingat ka sa kanya.”

“Yes, sweetie.” Nag-salute sya.

Biglang nag-ring yung phone nya.

“Wait lang ah, sweetie.” Ngumiti sya saken. Tapos, pumunta sya somewhere na medyo malayo. Para siguradong di ko marinig.

Sino kaya yun?? Baka naman tumawag sa kanya parents nya at pinapauwi na sya. O kaya baka naman parents ko. Or si kuya at tinatanong kung saan na naman ako dinala ng mokong. Baka naman si... Alexandria kaya di nya ko pinapansin at lumayo pa para di ko talaga marinig.

Siguro nga...

Meron na naman atang grupo ng mga pulang langgam na nakapasok sa may dibdib ko tapos inaatake yung puso ko. Ang ewan naman!!

Mga ten minutes later, nag-end na yung phonecall at lumapit na sya sa akin.

“Sweetie, halika na.”

“Ba’t ako sasama sayo?”

“Please, sweetie...” Nagpacute na naman.

Ewan ko ba kung bakit parang ang init na naman ng ulo ko sa kanya. Tumayo ako sa may swing at umupo sa isang bench. Sinundan nya ako.

“Wag na wag kang uupo dyan.” Sabi ko.

“Sweetie, please sumama ka na.” sabi nya.

“Ayaw.”

“Luluhod ako dito sa harap mo, sumama ka lang.”

“I don’t care. Wala namang tao dito oh.” At wala ngang tao sa paligid. Wala na syang chance na mapahiya ako sa kaweirduhan nya. Lumuhod nga talaga sya sa harap ko. Tapos nakalapit pa saken yung isang kamay.

O///O Parang prinsipie talaga.

Tama na nga yan, Jam. Bawal yan! Bawal! Bawal! Bawal! Distract yourself. Wag kang tumingin sa kanya. ><

“Mommy, mommy. Tignan mo oh!” may narinig akong boses ng bata. Tinignan ko yung paligid. Meron ngang isang batang babae na naglalakad kasama yung mommy nya. Nakaturo samen ni Chase yung bata at nakatingin din yung mommy.

“Mommy, prince and princess sila, dib a?” sabi nung bata.

Nginitian ako nung mommy. “Oo. Mukhang di okay yung prince and princess at nagso-sorry yung prince.”

“Ba’t ganun, mommy? Di ba dapat lagging magkasama ang prince and princess?”

“Oo. Kaya nga magbabati na sila eh.” Sagot nung mommy. Then, she looked at me meaningfully. Parang nakadepende sa gagawin ko yung future ng paniniwala ng anak nya sa fairytales.

WAAHHH!!!! Nakakainis... ><

Tumayo ako at hinila si Chase. Gusto ko nang makalayo sa masamang tingin sa akin nung mommy ng bata. Kung di lang talaga sobrang coincidence, iisipin kong si Chris ang nagplano nun... Siguro nga paranoid na ako.

Bumalik kami sa kotse ni Chase. Yung red na convertible pala ang dala nya. Yung Porsche. Yung dream car ko.

Nagdrive na sya. Mukhang super saya ng loko. Hmm... ba’t kaya? -_-++

Medyo familiar yung dinaanan namin at mayamaya, nakita kong papunta na pala kami sa bahay. Ihahatid na pala mya ako pauwi. Nandun na kami sa harap ng bahay nang sinuotan na naman ako ng blindfold. Nakakainis! Ano ba talagang meron?! Nakatayo lang ako sa may main entrance ng bahay at narinig kong parang pinasok ni Chase yung car sa may gate. Dun nagstop sa harap ko. Tapos, lumapit sya at tinanggal yung blindfold.

“Sweetie, surprise!”

Oh my!

Nasa harap ko ang dream car ko. Black na Porsche 911 Turbo Cabriolet. Mukhang bagong bago. May purple na ribbon pa. tapos, halatang pinaganda pa lalo ni daddy. Meron syang skull na design sa may harapan. Color purple. Teka, baka si kuya pala. Di naman kasi alam nina daddy na gusto ko ang horror.

Sa sobrang saya ko, natulala ako.

Pakiramdam ko, naka-jackpot na talaga ako sa lotto!! XD

“Sweetie? Sweetie? Jam!” sabi ni Chase sabay pagsnap ng fingers sa harap ko.

Parang bigla akong nagising. Nagtatatalon ako at hinug sya. And si Chase naman ang natulala.

“Thank you! Thank you! Thank you!” sabi ko.

Then, nagkatitigan kami.

>///
< Shocks! Ang lapit nya!

Ngumiti sya sa akin. “You’re always welcome, Jamie.”

Hindi ko alam kung dahil bas a ngiti nya or sa pagtawag nya sa akin ng ‘Jamie; for the first time na nagawa ko yun. Pero...

I kissed him on the cheek. Sabay takbo at 103aran g pinto.

Pinakiramdaman ko yung heartbeat ko. Parang may itinayo dun na lugar para sa karera ng kabayo. Sobrang bilis. Tumakbo ako paakyat ng kuwarto. At inignore ko yung mga tingin ng maid saken. Feeling ata nila, nababaliw na ako. Siguro nga. Siguro nakidnap ako ng mga alien at pinalitan ang utak ko. Kasi ang totoong Jamie Nica Reyes di magagawa yun.

Sumilip ako sa may balcony. Nakatayo pa rin sya sa may pintuan. Hindi pa umaalis. Nagstay din ako dun. Waiting for him to leave. And, he did. Aafter fifteen minutes, umalis sya sa may main entrance at lumapit sa car nya. Then, tumingala sya sa may direction ng kuwarto ko.

Ang bilis kong pumasok sa loob para magtago. Mayamaya, narinig ko na ring umalis sya.

Hinubad ko yung bwisit na gown at nagbabad sa bathtub hanggang naging pruny yung hands ko at ang toes ko.

Tapos, humiga na ako sa kama and I closed my eyes.

Ano nab a ang nangyayari sa akin? Hindi naman ako ganito dati. I would never kiss a guy. I wouldn’y even think of a guy obsessively.. tapos, palaging bumibilis ang heartbeat ko.

Hindi kaya... I’m fal-...

NO! Hindi pwede! Bad! Bad! Bad! Wag na wag kang magtry to go there. It’s not worth it.

I touched my lips.

Bakit ko ginawa yun?

Hindi! Reflex action lang yun. Ngumiti kasi sya ng nakakaloko kaya na-kiss ko sya. TAMA! Parang pag napuwing ka! Mapapaiyak ka nun! Oo, nakakapuwing na dust si Chase.

Tama... ganun nga.

It doesn’t mean anything.

At nakatulog na ako. The last thing on my mind before I drifted off to sleep ay ang certain na ‘nakakapuwing nadust’.

Naguguluhan ako...

Chapter Twenty-eight

Day 27 December 14, WEDNESDAY

*I think I'm falling
Falling in love with you
But I don't
I don't know what to do...*

Argh! Nagising ako dahil sa sintonadong version ng song na yun. Handa na sana akong pumatay ng tao na sumira sa napakasarap kong tulog pero nagulat ako sa nakita ko.

Si Clara, Clarice at Whitney. Nasa loob ng kwarto ko at mukhang feel at home na feel at home sila.

Isa sa mga dapat malaman tungkol sa akin? Peevish ako. Lalo na pag sinira ang napakasarap na tulog ko. Pag nabadtrip ako, buong araw yun.

Mukhang naramdaman nila na may masamang tingin na naka-stay sa kanila kaya isa-isang lumingon sa akin.

“Anong ginagawa niyo dito?” sabi ko.

“WAAHHH!!!! Tita Clara, s-si Mommy Jam, oh... Nakakatakot!” tumakbo si Whitney papunta kay Clara.

“Shhh... Wala kasi dito si Daddy mo eh.” Sagot naman ni Clara.

“S-Sino si Daddy?” Tanong ni Whitney.

“Sino pa ba, eh di si Chase.” Sabi ni Clarice habang nakangiti na pang-asar.

“Ah. Ganun pala ah...” sabi ko.

3...

2...

1...

Nagsitakbuhan na sila palabas ng kwarto ko. At ako naman, hinabol sila. Ayun, nag-ikot kami sa loob ng bahay. Siguro takot nga talaga yung mga yun. Di ko kasi nahabol. Eh ako pa ang second na pinakamabilis tumakbo sa aming apat. Si Clara ang pinakamabagal. Si Whitney naman pinakamabilis dahil mahilig din kasi mag-exercise at minsan, yoga pa.

Nandun na ako sa may sala. Hmmm... san kaya sumuot yung tatlo? Di ko na Makita. Ang bilis magtago. Pero san nga bay un magtatago?

Hmmm... -_-

Oo nga! Sa kitchen! Mga patay gutom din nga pala yung mga yun gaya ko XD))

Nagtiptoe ako papuntang kusina. Mahirap na... baka maramdaman pa nilang papalapit na ako. Medyo tahimik pero na-feel ko na may tao dun.

Pagpasok ko, biglang...

“SURPRISE!!”

O_o

Nasa kitchen ang ate Jasmine ko, yung pamangkin ko na si Tina (anak nina ate ah ☺), yung tatlong binabalak kong i-murder, yung kuya ko, at yung ‘nakakapuwing na dust’.

“Uhm... ate, kelan ka pa nandito?”

“Hmmm.... Around four hours, eight minutes and twenty four seconds ago.” Bati nya saken habang nakangiti.

At kung nagtataka kayo kung bakit ganito ang usapan. Balik sa (CHAPTER TWO) si ate ay nandito sa Pinas. Dahil nga sa error na nakita ng husband nya, they decided to check with our international business partners. At ngayon lang sya bumalik.

“Happy Birthday, little sis! Dalaga ka na!” Hi-nug nya ako ng super higpit. Mukhang di ako mabubuhay ng matagal nito. Nai-imagine ko na headline sa dyaryo: Reyes daughter dies Cause- lack of oxygen.

“Ate, tama na. parang mamamatay na yung bunso natin oh.” Saway ni kuya.

Bumitaw si ate at nagpout. “Sorry na po. Namiss ko lang naman yung little sis ko eh.” Grabe ate ko! Parang bata umasta!

“Kasi naman, mommy. Wag mong sakalin si tita. Pag nawala si tita, sige ka. Wala ka na talagang little sis, mommy.” Sabi ni Tina.

Tiningnan siya ni ate. “T-talaga?”

“Oo. Kaya wag mong gawin uli yun, mommy.”

Niyakap ni ate si Tina at umiyak. Grabe! Ang weird talaga ng ate ko. Isipin mo. Makakita ka kaya ng isang nanay na kimo-comfort ng anak nyang super bata pa.

Ganyan talaga ate ko. Isip bata. Kala ko nga eh, hihintayin naming mag-fourty na ang age nya bago tumino at magmature. Nakita ko lang syang seryoso nung debut nya at wedding nya. After mag-asawa, sophisticated na sya pag social functions. At least, may improvement. Kahit ganyan ate ko, walking calculator yan. Kaya nga alam na alam nya kung ilan ang exact na seconds na itinagal nya dito. Valedictorian grumaduate si ate. Si kuya, ganun din. Kaya ako... sabihin na lang natin na expected nay un.

“Ate, tama na nga pag-iyak mo.” Sabi ko.

Pero parang mas lumala pa. lumakas lalo yung iyak nya.

“Sige ka, ate. Di kita kakausapin pag di ka tumigil sa pag-iyak dyan.”

“Talaga?”

“Oo.”

“Kahit makuryente ako?”

“Oo.”

“Kahit magkasakit ako?”

“Oo.”

“Kahit maging kamukha ko si Chuckie?”

“Oo.”

“Kahit maging kamukha ko si Chuckie habang may sakit ako at bigla akong makuryente?”

“Oo na sabi eh.”

Tumahan na sya. Tapos, halatang pinipilit na di maiyak. Si Tina, mukhang gusto nyang lamunin na sya ng lupa. Sina kuya, Clara, Clarice at Whitney pinipilit na di matawa. Tapos yung mokong naman, nakatalikod sa amin.

~_~++

Nilapitan ko. At... tumatawa sya!

“Hoy! Tumigil ka nga dyan!” sabi ko.

Hala! Tumawa pa lalo.

“Kasi, kanina... HAHAHA!... yung itsura mo... HAHAHA! Ano kasi... HAHAHA!” tapos, tawa pa uli.

Argh! Nakakairita namaannn....

Bigla nya akong nginitian ng pagwapo na ngiti. “Ang cute talaga ng sweetie ko. Kahit anong facial expression pa.”

Nagtilian yung tatlo. At nagparinig pa.

“Clara, gusto ko ng popcorn.” Sabi ni Whitney.

“Ganda ng Rom-Com movie na pinapanood natin, noh?” sabi ni Clarice.

“Clara, ba’t walang cheese tong popcorn?” sabi ni Whitney.

“Eh di dun kayo kumuha ng cheese sa dalawang yun oh.” Sagot naman ni Clara.

“Teka. Parang ewan naman yung girl. Ayaw pa umamin eh.”

“Oo nga noh.” Sabi naman ni ate.

~_~++ Traydor!!

“Pero, dapat kasi mag-effort lalo yung lalaki. Di nya aya madadaan sa cheesy lines lang ang lahat.” Sabi ni Tina.

Wow! May kakampi pala akong natitira.

Tinakpan naman ni ate yung bibig ni Tina. “Shhh... keep quiet. Usapang matanda to.”

How ironic...

“Kulang ng theme song.” Sabi ni kuya.

TT^TT pati si kuya... lahat sila kumakampi kay Chase...

“Oo nga. Theme song...” Sabi ni ate.

*I think I'm falling
Falling in love with you
And I don't
I don't know what to do.*

Nilapitan ko yung tatlo. “Oo nga pala noh? May pag-uusapan nga pala tayo sa labas, diba?”

Naramdaman ata ng tatlo ang balak kong gawin na pagpatay sa kanila kaya isa-isa nang nagpaalam at umalis.

“Ikaw, umuwi ka na din.” Sabi ko.

“Ayaw.” Sabi nya.

“Alis na kasi, Chase.”

“Kung nasan ang sweetie ko, dun ako.”

“Sigurado ka?”

“Yup.” Nakangiti pa yung loko.

“Ah... ganun ah...” sabi ko.

“Chase, magback out ka na. walang nananalo kay Tita Jam pag ganyan siya. Susuko ka lang din nyan.” Biglang nagpayo sa kanya si Tina.

“Okay lang. para sa Sweetie ko.” Sagot nya.

Siya nagsabi eh...

Lagot ka sa akin Chase Andrew!! Mwahahahaha!!

.....

At, umalis kami ni Chase. Ewan ko ba kung balak ko. Kung enjoyment nya na magbigay ng cheesy lines at magpacute, enjoyment ko naman ata ang awayin sya. O, dib a Masaya? Quits lang kami.

Ang goal lang ngayong araw na to ay siguraduhing di nya mapapanindigan nya yung sinabi nya. Yung kahit saan ako, dun din sya. Kaya, dadalhin ko sya sa mga lugar na boy repellent. At alam ko na kung saan uumpisahan... sa mall.

Chapter Twenty-nine

Ang saya saya naman! Ako yung nagdrive XD)) nakuha ko na ang driver's license ko. Finally, ako na nakakapagdrive. At ngayon, si Chase naman ang mag-iisip kung saan kami pupunta.

Pagkarating sa mall, di kami nahirapan maghanap ng pap-parking. Pano ba naman eh, dapat nasa school nga kami ngayon. At ako, umabsent lang. Nakakatamad kasi. At saka, di pa ako naka-get over sa kahapon. Eto namang si Chase, ewan ko kung ba't naman umabsent. Feel lang ata na guluhin ako buong araw.

Pagkapasook ko sa loob, gri-neet kami ng guard. Hmm... wala pa masyadong tao. Dun nalang kami nagbreakfast. Wala daw kasi sina manang at yung magaling na ste at kuya ko ay hindi marunong magluto. Hinintay pa tuloy naming magbukas yung mall. ><

AISH! Gutom na ko...

Um-order ako ng pancake, sausage with rice, tatlong hashbrown at roasted coffee. Di naman halatang gutom. Si Chase, pancake lang ang order.

Mabilis syang natapos kumain. Malamang, konti lang pagkain eh. At para malibang sarili nya, pinanood nya ko kumain.

"Bakit ba?" nakakairita ah.

"Wala lang." ^^

"Bakit nga?"

"Naalala ko lang... I like girls na may good appetite. Ayoko ng masyadong nagpapapayat. Ang panget tignan."

"Psh. Maniwala... si Alexandria na nasa cheering squad, mahilig kumain?"

"Oo. Namumulubi nga ako dun eh."

Ah. So, ganito pala sila ni Alexandria. Kaya pala...

"Sweetie, ba't ka tumigil sa pagkain?"

"Kasi, gusto mo ng girl na matakaw. Kaya mula ngayon magd-diet na ako."

Pinabalot ko na lang yung sausage at mga hashbrown na hindi ko man lang nakain. Tapos, binigay sa una naming nakita na pulubi.

TT^TT gutom pa ko...

Dahil dun, kailangang mas malala ang gawin ko sa kanya.

Inumpisahan ko sa store na pangshoes... Celine...

Tumingin ako ng sandals. Iba't iba ang nandun. May high heels, may flats, may makulay, meron din namang simple lang. pumili ako ng mga limang flats. Tapos, umupo. Si Chase naman, tinabihan ako.

“Ma’am, ito na po.” Lumapit sa amin yung saleslady. I took off my sandals. Yung saleslady naman, in-open na yung box.

“Miss, ako na lang.” Sabi ni Chase.

Isang tingin lang, biglang nagblush yung saleslady.

“Uhm, sir. A-ako na po.” Aba! Nagstutter pa!!

“Ako na lang bahala.”

Umalis na yung saleslady. Halatang kilig na kilig. Si Chase naman, ewan ko ba kung anon a naman nasa isip ng isang to.

Bigla siyang lumuhod sa harap ko.

“Hoy! Anong ginagawa mo?”

“Isusuot sayo yung sapatos.” Sabi nya habang hawak-hawak yung isa.

“That’s not necessary. Kaya ko naman, oh.” Sabi ko, sabay kuha ng kapares nung hawak nya.

Hinawakan nya yung kamay ko. “Ako na bahala.”

For some weird reason, bumalik na naman yung mga nagkakarerang kabayo. Ang bili-bilis nung thump na tunog ng puso ko. Argh! Tigil! Tigil! Ayaw ko >.< Wala akong magawa kundi hayaan sya. Nakaluhod sya sa harap ko at sinuot sakín yung flats.

>///
<

“The shoe fits. Alam mo naman ang ibig sabihin nun di ba?” nginitian nya ako.

Tumango ako kahit medyo naguguluhan na ko sa mga pangyayari. Kahit ano na basta tumigil lang sya sa pagiging ganyan.

ROUND ONE:

Chase-1

Jam-o

Nung medyo bumalik na ako sa normal, umalis na kami. Pumunta naman kami sa clothing store. Hmmm... mas mahihirapan sya ngayon. Tsamba lang yung kanina

Pinili ko syempre yung tipo ng store na super girly. Yung tipong pink na pink talaga. At isa ang napili ko... Candie’s.

Pagpasok namin dun, as always, amoy candy ang loob ng Candie’s. tinignan ko yung mga damit. Lahat...di bagay saken =)). Sila yung tipo ng damit na bagay kay Clara. Yung tipong inosente at girl na girl. Salamat na din sigurong di ko kasama si ate ngayon. Kasi kung nandito yun, baka lahat ng style ng damit bilhin nun sa sobrang saya nya sa store na to.

Lumapit yung saleslady.

“Good morning, ma’am.”

“Good morning.”

Tumingin-tingin ako ngf damit. Anubayun! Parang pati ako nahihya na nandito. Masyadong girly >.< Pumili ako ng iba’t ibang damit. Tapos, nagsukat. Si Chase, nasa labas lang ng pinto. Hinihintay ako.

Pagkalabas ko, nag-blush sya.

“Ito kaya...?” sabi ko.

“Uhm... sweetie. Wag mong suotin yan.”

“Bakit naman?”

“Basta. Wag yan.”

Ay! Masungit na!

Nagbihis uli ako. Tapos, lumabas.

“Sweetie, wag yan ang suotin mo.” Sabi nya uli.

Lahat ng pinili ko, lagi na lang nya ayaw. Palagi na lang na wag ko daw suotin. Ewan ko bas a lalaking yun. Bipolar ata. Nakakairita yun! Parang nang-aasar lang talaga.

Lumapit sake yung saleslady. “Ma’am kukunin nyo po ba?” tapos, dala nya yung lahat ng mga damit na sinukat ko.

“Hindi eh. Ayaw ata nya.” Tinuro ko si Chase.

Mukhang lumungkot yung saleslady. Siguro naisip nyang nagsukat lang ako ng kung anu-ano tapos, wala pala akong bibilhin. Tapos, ang dami pa nya saigurong liligpitin.

Nandun pa din si Chase sa isang tabi. Naghihintay pa rin ata na matapos ako. Nilapitan ko na sya.

“Alis na tayo.” Sabi ko.

“Wala ka bang bibilhin, sweetie?”

“Wala.”

“Kawawa naman oh. Pinahirapan mo tapos di ka pala bibili.”

ARGH! Kaninong kasalanan kaya yun?!

“Akala ko ba, wag kong suotin yung mga yun?”

“I mean, masyado ka kasing cute dun eh. Gusto ko, ako lang makakita. Mahirap na, baka may makakita sayo. Tapos, agawin ka nila saken.”

>.<

Tao ba talaga si Chase?!

ROUND TWO:

Chase-2

Jam-o

Nilapitan nya yung saleslady at binayaran yung mga damit. LAHAT ng sinukat ko. Buti na lang talaga, di pa binabalik nung saleslady. Nung sinabi nya na cash ang bayas parang nagkaroon ng peso sign yung mukha nung babae.

Finally, umalis na kami sa store na yun.

“Sweetie, suotin mo lang yo pag tayo ang magkasama.”

>///
< Tama naaa!!!

.....

Kung naging epic fail yung dalawang yun, siguro naman, di na nya kakayanin yung isang to.

Pumunta ako sa CR. As always, di talaga makakapasok ang lalaki dun. At si Chase, parang security guard na naka-station dun.

“Chase, wag kang sasama.,”

“But why?” nagpout sya.

Hala! Di ba obvious?! Malamang dahil pambabae to.

“Bawal.”

“Eh, dun pupunta ang sweetie ko sa loob.”

“Eh, pambabae nga to! Babae ka ba?”

“Sige. I’ll just wait here until you get back.”

Pumasok na ako. The truth is, di naman ako nac-CR. Gusto ko lang talaga awayin si Chase. Kasi naman. Lagi na lang meron syang way para mairita ako. Ngayon naman, siguradong din a nya magagawa yun.

Dun ako sa loob ng isang cubicle. Wala naman tao masyado sa CR. Di-nial ko na lang ang number ni Whitney.

“Hello?”

“Whitney! Kailangan ko tulong nyo!”

“OMG! Wait lang.” then, narinig kong tinawag nya si Clara at Clarice.

“Ano kasi eh..”

“NAKIDNAP KA?!”

“Hindi.”

“NA-HOLDAP KA?”

“Hindi.”

“NASUNUGAN KAYO?! OMG! Tatawag na kami ng bumbero. Teka, ano nga ba number? 163? 911? Taka lang, best. Wag kang magpanic.” Dire-diretso nyang sabi.

“Hindi kami nasunugan. Pwede ba patapusin nyo muna ako?”

“Okay.”

“Kailangan mapalayo ko si Chase.”

“Simple lang. yung binigay namin sayo di ba? yung how to make him break up with you.”

“Hindi yun.”

“Eh, ano?”

“Kasi, sabi nya kung nasan daw ako, dun din daw sya. Gusto ko ipakita sa kanya na di totoo yun.”

“Ah. Okay.”

“So, ano nga?”

“Na-try mo na sa place na maraming shoes?”

“Yup. No use.”

“Eh, sa boutique?”

“Wala rin. Mas malala pa nga eh.”

“Hmmm... place na pambabae na walang guys... sa CR kaya?”

“Nasa CR na.”

“Good! Ang kailangan mo na lang gawin, mag-stay ka dyan nang matagal. Kung may Makita kang place na pwede daanan para makalabas ka, dun ka dumaan. Di ka naman naka-dress di ba?”

“Hindi. Per walang dadaanan dito noh.”

“Okay. Pero, Jam. If you still fail na mapasuko sya, which is quite impossible, may isa pang paraan.”

“Ano?”

“Well, dalhin mo sa place kung saan bumibili ng ‘unmentionables’ ang babae.”

O///O

“S-sige. Okay na. bye.” In-end ko ang call.

Sana naman mag-work na to. Ayokong gawin ang payo ni Whitney....

Chapter Thirty

Mga isang oras later, nasa loob pa rin ako. Sobrang bored na ako kaya naglaro na lang ng taptap. Halatang wala na talagang magawa. Kung wala siguro akong dalang phone, kanina pa ako nabaliw at nagbilang ng tiles.

Maya-maya, biglang dumami yung mga babae sa CR. Di naman ako tsismosa. Pero syempre, CR yun. Pag nagsalita ka, may echo kaya rinig ng lahat.

Ganito yung conversation nila:

“OMG! Nakita mo ba yung guy sa labas?”

“Yup. Grabe! Ang gwapo nya!!”

“Artista siguro.”

“Siguro nga. Ang daming nagpapa-picture eh.”

“Pero baka hindi rin. Di ko pa sya nakikita sa TV eh.”

“Malay mo... extra sya.”

“Ganun kagwapo magiging extra lang? Imposible ah.”

“Tara. Punta na din tayo sa kanya.”

“Ha?”

“Yayain natin sya na sa atin na lang sumama. Mukha namang mag-isa lang sya eh. Kanina pa nakatayo lang dun.”

Tapos, narinig kong may footsteps na paalis.

Si Chase kaya pinag-uusapan nila?

Oh my!!

For some unexplained reason, kumulo ang dugo ko. Umalis ako sa cubicle. Tapos, sumilip sa labas.

^-++

Nandun pa rin si Chase. Ngayon, pinapaligiran na sya ng napakaraming babae. Yung tipong akala mo, isa syang creature na ngayon lang nila nakita. Argh! Nakakainis! Bahala na si Chase!! Wala na akong pakialam!!!

Lumabas na lang ako ng CR at dumire-diretso papuntang Dad's.

Sa di nalalamang reason, nade-depress ako at pinalala pa yun ng gutom ko. Tinodo ko na nga ang pagkain ko. Yung tipong sobra sa pagka-PG. di ako tumigil hanggang hindi pa sumasakit yung tyan ko.

Pero bad trip pa rin ako eh. >< Matapos kumain nang sobrang dami na lahat ng tao sa paligid ay akala ata nasa eating contest ako, naglakad-lakad ako para mabawasan naman yung kinain ko. Napadaan ako dun sa may CR pero nagtago ako para di ako Makita ni Chase.

At nanood na lang ako kung ano ang gagawin nya.

Mga 3 hours na din kasi halos mula nung pumasok ako sa CR. Pero nandun pa din sya. Nasa labas at naghihintay. Di kaya nangangawit ang isang to?

Pinanood ko na lang yung gagawin nya.

“Sumama ka na lang samin.”

“Hindi! Samen na lang. pasasayahin ka namin.”

-_-++ Ano ba tong mga babaeng to! Ang lalandi!!

“Sorry. I’m waiting for my sweetie.” Sabi ni Chase.

“Forget about her na lang. kami na ang samahan mo. Never ka naming paghihintayin.”

Aba! Ang kakapal ng mukha ah...

“No. it makes no sense to spend a lot of time with someone when you don’t love them but not know how to wait for someone you totally care for.”

>///
< Ano ba!!

Natahimik din yung mga babaeng lumalandi sa kanya. Na-nosebleed ata....

“Pwede ba akong pumasok sa loob so I can check if she’s okay? Kanina pa kasi sya doon eh. Please?” He smiled.

At lahat ng babe doon ay tumango na lang.

Hala! Napipi na ata!!

O///O Weh?! Papasok sya sa loob?! Hala!

“Ch-CHASE!!” Sinigaw ko pangalan nya. Tapos, bigla na lang nasa tabi ko na sya.

“Sweetis, ba’t nasa labas ka na?”

“Kasi lumabas ako kanina pa.”

At isa-isang umalis yung mga babae matapos nila ako tignan nang masama.

“Ba’t ka umalis, sweetie?”

“Halata namang din a ako kailangan, eh.”

“What do you mean?”

“Marami ka nang kasama kanina, iiba a? Sila na lang kasama mo.”

“Sino?”

“Yung mga babaeng nakapaligid sayo.”

“Di ko naman sila kasama, sweetie.”

“Ewan ko sayo. Bahala ka nga.” Then, naglakad ako papalayo.

Bigla nya akong hinila. “Teka, sweetie.” Tapos, tawa sya nang tawa.

“Hoy! Anong tinatawa-tawa mo dyan?” Nakakairita sya!! >.<

“Sweetie, don’t tell me na...” Tapos, tawa uli.

“Na ano?!”

“Nagselos ang sweetie ko.” Sabi nya sabay pisil sa cheek ko.

“Ay?! Ako, magseselod? You wish.” Sabi ko. >///
<

Tinanggal ko yung kamay nya at naglakad uli palayo. Bahala na kung saan pupunta.

Nasa likod ko pa din sya at sinusundan nya ako. Siguro tumatawa pa rin sya. Bahala na sya. Nakakainis kasi...

Bigla nya akong hinila uli.

“Sorry na sweetie.”

“Anong sorry-sorry?! Di tanggap ang sorry lang dito.”

“Ikaw kasi eh. Ang cute mo magselos.”

“Sino naman nagsabing nagseselos ako? Gusto mo, tawagin ko pa yung mga babaeng yun at ibigay ka sa kanila?! Lagyan pa kita ng red na ribbon para gift ka.”

Ngumiti lang sya at hinug ako. “That will never happen.”

“Bitaw nga.”

“Let’s just stay like this for a minute.” Sabi nya.

Di na lang ako humindi. Mahirap na. baka mas mapatagal pa kung umayaw ako. Sixty seconds lang naman eh.

“I seriously like you.” Sabi nya.

O///O

Bigla namang nagkaron ng karera sa loob ng dibdib ko.

Naririnig kaya nya?

Bigla syang bumitaw.

“Sixty seconds nay un. Baka sabihin mong sumosobra na ako.” Then, ngumiti sya.

Parang biglang masyado nang malamig. Ang weird kasi, sanay naman ako sa aircon...

Hinawakan nya yung kamay ko.

“Uwi na tayo.” Sabi ko.

Di na uli ganun kalamig. For some reason, okay na uli yung temperature ng paligid. Nasa may parking lot na kami nung nagsalita uli sya.

“About what I said. I’m not asking you to answer me right now. I’m willing to wait. Gaya ng paghihintay ko sayo kanina, hihintayin ko ang sagot mo. As long as it takes.” Sabi nya.

Chase Andrew, bakit ka ba nagsasabi ng words that make me start to fall for you?

Chapter Thirty-one

DAY 30 December 17 SATURDAY

The past few days, sinubukan kong umiwas kay Chase. Hindi ko alam kung bakit. Ewan ko nga ba talaga. Para kasing may kung anong nangyayari saken pag nandyan sya. Hindi ko talaga maintindihan.

Siya pa rin ang naghahatid-sundo saken. At everyday, meron uli akong nakikita na stolen picture ko sa bag ko.

Hindi ko talaga maintindihan si Chase.

Kapag lunch, kasama ko friends ko. Yung tatlong kaibigan ko na may pagka-ewan. Ang magkakasama naman, sina Chase, Sef at yung other friends nila. hindi naman ako nakakatagal these days na nandyan sya. Kaya, umiiwas na lang talaga ako.

Ngayon, nandito ako sa bahay nina ate. Medyo matagal na din since last na nag-stay ako dito. Pakiramdam ko, ang dami nang nangyari. Parang din a ako yung babeng dating nags-stay dito at din a ako ang Jam na nagsusuot ng mga jeans at t-shirts na nakalagay sa closet dun.

Nilapitan ko yung salamain dun. At nakalagay pa rin yung papel na yun.

How to Make Him Break Up with You:

1. Do what he hates
2. Make him angry
3. Pick fights with him
4. Cheat on him
5. Break his heart

Napangiti ako. Kelan ko ba gagawin tong mga step na to? Kelan ba masasabing gusto niya na ako?

At ang pinakamahalaga...

Gusto ko pa ba tapusin to?

.....

DAY 31 December 18 SUNDAY

May earthquake. Ugh. Nahihilo ako. May earthquake...

Pagkagising ko, nakita ko yung dahilan kung bakit akala ko may earthquake. Yung ate ko, tumatalon-talon sa kama ko sabay sigaw ng "WAKE UP!!!"

^-++

"Ayaw!" I pulled the covers tapos, tinakpan ko ang sarili ko.

"Ah, ganun ah!!" sabi ni ate. Tapos lalo nyang nilakasan yung pagtalon nya. Ako naman, nahihilo na.

"Tina, halika dito!!"

Aba! Dinamay pa ang sarili nyang anak. Ano ba yan! Binato ko si ate ng unan pero nakailag.

SAYANG!! >.<

Matapos siguro ng mga fifteen minutes na ganun lang sya bago ako finally tumayo. Tinignan ko ng masama si ate pero nginitian lang nya ako. Argh!

Badtrip talaga!!!

“Jam, may bisita ka.”

“Sino?”

“Si ano... HAHAHA!” hinampas nya ako. “Si...”

At dahil matindi ang galit ko sa mundo at sinira ang napakasarap na tulog ko, nag-collapse uli ako sa kama.

“Hoy! Gising! Bili!! Hinihintay ka kaya ni Chase.”

Bigla akong nagising.

O_O Si Chase??

Anong ginagawa nya dito? Pano nya nalamang nandito ako? Di kaya... stalker talaga sya.??

Tinulak ako ni ate sa CR. “Maligo ka na!”

“Ayaw! Si Chase yun eh. Ayaw ko pumunta.”

“Anong sasabihin ko?”

“Hm... natutulog pa ako.”

Lumabas sya ng pinto. Tapos, sumigaw. “CHASE, TULOG PA DAW SI JAM SABI NYA!!!”

^-^

Ano ba tong ate ko...

Naligo na lang ako. Wala talagang use na si ate ang magbigay ng excuse. Di sya magaling magsinungaling, eh. Nagbihis ako ng medyo maayos na damit. Tapos, bumaba na ako.

Nandun si Chase sa sala. Halatang hindi sya komportable. Ikaw ba naman ang tignan nang masama ng isang three-year-old na bata na para kang criminal, di ka ba magiging uncomfortable? Nung marinig nya yung mga footsteps ko, tumingin sya at ngumiti nang super pagwapo.

Ba-thump. Ba-thump. Ba-thump.

Hinahon, Jam. Wala lang yun. Tama na. di pwedeng kabahan ka kapag nandyan siya. ><

“Good morning, sweetie.”

“Ba’t ka nandito?”

“I want to greet you.”

Ha? Anong meron? Di ba, kakatapos lang ng birthday ko??

Tumayo sya dun sa couch at mulapit sa akin. Then, may binigay syang flowers. Sobrang tindi ng ngiti nya. "Happy."

"Ha? Di ko gets." Sabi ko.

Bigla syang nagpout. "You mean, sweetie, nakalimutan mo na?"

"Na ano?"

Binatukan ako ni ate. "Sobrang special na occasion , nakalimutan mo?"

"Eh, ang kulit nya. Ano nga yun?"

"Niloloko mo ata kami. Di talaga ngayon, noh?" Tanong ni Tina kay Chase.

ARGH!!

"Ano ba talagang meron?" tinignan ko si Chase. Sya naman, hinila lang ako papalapit at nilagay sa kamay ko yung flowers na kanina pa nya inaabot.

"First monthsary natin, sweetie." Sabi nya.

"Talaga? And so?"

"Celebrate tayo ng monthsary natin."

"Ayoko."

"Dali na..." He pleaded.

"No."

Bigla akong hinila ni ate pabalik sa taas. Ewan ko kung bakit.

"Magbihis ka!"

"Ate, ayokong sumama sa kanya."

"Jam, you have no choice. Boyfriend mo na yan. Kawawa din naman yung tao, oh. Kanina pa kaya sya naghihintay sayo." Biglang nagseryoso si ate.

>.< nakakatakot!!

Nagbihis na ako. Tapos, bumaba. Pagkakita sa akin ni Chase, himawakan nya yung kamay ko. Tapos, dumiretso kami sa may kotse nya. Yung car nya, yung red na version ng car ko.

Bakit kaya parang ang saya nya?

Sa Enchanted Kingdom nya ako dinala.

-_++ Mukha ba akong bata? Ang ewan naman.

“Sweetie, dun tayo, oh.” Tinuro nya yung Anchors Away.

“Ayoko dyan.”

“Please, sweetie.” Nagpapacute na naman.

“Sige na nga. Ikaw din magsisisi.” Sabi ko.

Marami na yung tao sa Enchanted. Syempre, December na eh. Buti na lang, Sunday ngayon. Kung weekdays kami pumunta, baka oras ang hintayin namin para makasakay sa rides.

Tahimik lang si Chase sa Anchor’s Away. Halatang walang takot. Samantalang ako naman, nahihilo na. mula pagkabata, pag sumakay ako dito, nasusuka ako after. Pag rollercoasters naman eh, walang effect sa akin.

Pagkatapos nung ride, tumayo agad si Chase. Ako naman, di pa makapaglakad ng diretso.

“Sweetie, halika na.” Hinawakan nya yung kamay ko at in-assist ako pababa.

Pag-alis namin, bumitaw na ako sa kanya.

“Sweetie, galit ka ba?”

“...” San kaya malapit na CR?

“Sweetie, ano ba ginawa ko?”

“...” Dun kaya sa dinaanan namin kanina?

“Sweetie, please kausapin mo na ako.”

“...” Magtanong kaya ako?

“Sweetie!” Bigla nya akong hinila.

O///O Shoot! Ang lapit ko sa kanya.

“Sweetie, anong nangyari sayo?”

Ako naman, nasa kitchen lang. since pag nasa kitchen ka, nakikita mo naman yung living room, nagstay na laang ako dun. Pinapanood ko yung family ni Chase.

Ang sya nila. napaisip ako. When was the last time I spent Christmas with my family na ganito kami? Sure, magkakasama kami. Pero like always, pag nagdi-dinner, parang may business meeting. Ang nag-iikot lang, ako at si ate.

Biglang may humawak sa waist ko. Napabitiw naman ako sa mug nung hot choco.

Napasigaw ako.

“Sweetie, ako lang to.”

Okay. Si Chase lang pala.

Biglang nag-open yung pinto.

“Jam! Okay ka lang ba?!” nandun si Tita Gina at Tito Arthur.

“Uhm, actually, kasalanan ko, Mom. Nagulat ko kasi si Sweetie.”

“Liligpitan ko na lang po, Tita Gina.”

“Bayaan mo na lang. sabi ko naman dib a? may dalawa pang kasambahay na natira dito. Di naman siguro sila magagalit if ipaligpit ko yan.”

“Okay lang po talaga. Kaya ko, Tita.”

“Don’t be silly. Halina kayong dalawa. We’re playing monopoly sa sala. Kanina pa kami naghihintay sa inyo.”

“Yes po.” Sabi ko.

Bumalik si Tita Gina sa living room.

Si Chase naman, ngumiti saken.

“Anubayan! Nakabasag pa tuloy ako.”

“Sweetie naman, I just wanted to hug you.”

“Psh. Hug yourself.” Grabe! Naiirita na ako!!

“Sweetie, nhow about tus? Just let me hold your hand. Di na kita aasarin.”

Oh well... no choice.

He held out his hand. And I took it.

Bigla na namang bumibilis yung heartbeat ko.

What if I actually fall for him after three days??

Chapter Thirty-five

Sobrang saya kasama yung family ni Chase. Buong mansion nila parang napuno ng tawanan, tapos, halatang enjoy talaga lahat.

Magkakasama yung mga matatanda, teens at mga bata.

Si Angela, Trixie, Jane, tapos yung twins na si Jack and Jill, magkakasama. Lahat ng mga yun, pinsan ni Chase. Ranging from five to eleven years old sila.

Yung matatanda naman, yung grandpa ni Chase, Tita Gina, Tito Arthur, 'Kuya' Dominic, 'Ate' Irish, Tita Ella at Tito Charlie ni Chase, pati yung Tito George nya.

Mga nakasama sa teens, ako, si Chase, at ang mga pinsan nya na si Charlene, Maria at Mike na mga ka-age lang namin.

Since December 24 nga ngayon, we waited until midnight na. Then, nag-exchange na kami ng gifts. Syempre, may gift sa akin yung parents ni Chase. Buti na lang talaga na si ate ang nag-pack nung stuff ko. Meron na kasing nakalagay dun na gifts. Then, naka-label na. merong gift para sa lahat ng nandun. Buti pa sila alam nila kung sino makakasama ko during Christmas. Ako kasi, I had no clue.

"Merry Christmas, Tita Gina." Then, binigay ko yung gift ko sa kanya.

Mayamaya, lumapit si Chase. Binigyan nya din yung mommy nya ng gift.

"Thank you, Jam. Thank you, Anak." Ngumiti si Tita. b\igla syang umurong pabalik.

"Kayong dalawa, don't move." Sabi ni Tita.

Ano kayang meron??

...

Bumalik si Tita Gina na may dalang camera. "Okay. Go!"

"Uhm... Tita, ano po yun?" Di ko gets.

Tinignan ko si Chase. Nakatingin lang sya sa floor. At nagb-blush sya.

O_O

"You know what that means." Then, tinuro ni Tita yung ceiling. Tinignan ko naman

Oh my!!

May mistletoe sa taas namin ni Chase.

Kailangan mag-kiss under a mistletoe. I've never thought na magh-hate ako ng isang paniniwala pero ngayon, kung pwede lang talaga magbayad para din a gawin to, magbabayad talaga ako.

"Chase ang Jamie sitting on a tree. K-I-S-S-I-N-G!!!" Kumanta naman yung mga bata.

>///
< Nakakahiya!!

Nakatingin pa rin si Chase sa floor.

“What to do?” tinanong ko sya.

“Ah. Sorry ha. Sabi ko na nga ba may plano si Mom.” Haha. Nagbubulungan na kami dito.

“Sasabihin kong okay lang pero hindi talaga. Aish! Ano gagawin natin?”

“Pag di natin sinunod si Mom, mas magiging malala yung mga next nyang paplanuhin.”

O_O Okay. Natatakot na ko kay Tita.

Pero sa bagay... medyo okay na din ata.

Ang cute naman ng lips ni Chase...

O///O

Hala! Ano yung pumasok sa isip ko?! Bad yan!! >_<

“Jamie.” Tumingin sya saken.

>///
< Uwaaa!! Don't look at me like that!!

Hinawakan nya yung right cheek ko. Then, he kissed my left cheek.

>__< Nakakahiya talaga!!

CLICK.

Oh my!

Na-picturan pa kami ni Tita.

“Hay, nako. Ang ganda nyo talaga tignan dalawa. Bagay na bagay kayo.” Sabi ni Tita Gina.

TT_TT maraming nakakita dun sa kiss. Pero tama na Jam. Tigilan ang pagmumumukmok. Ikaw rin ang mahihirapan.

Hindi nangyari yun.

Hindi nangyari yun.

Hindi nangyari yun.

“Sweetie, may gift ako sayo.”

Gift!! -_-++

May nilabas syang maliit na box. Then, lumuhod sya sa harap ko.

OMG! Don't tell me na...

>///
< Ayaw!!

Then, inopen nya yung box.

Ay. Hindi pala ring. Charm lang pala uli.

Tumayo si Chase. Then, kinabit nya yung charm sa bracelet ko.

“Sweetie, disappointed ka ba na hindi engagement ring yung laman?”

“Ba’t naman ako madi-disappoint? Okay lang yun. Ayaw ko din naman na pakasalan ka.” Yabang talaga ng isang to!!

“Okay lang yan, Sweetie. I’ll make you mine at the right time.” Tapos ki-niss nya yung hand ko.

O///O

Then, ngumiti uli sya nung parang nagpapapogi na ngiti nya. “Sweetie, gift ko sayo ang mga magiging anak natin.”

What?! Anong sinasabi nya!!

>///
<

“Tara, Sweetie.”

“Saan?” Tinanong ko sya. Pero di nya ko pinansin, dun sya pumunta kay Tita Gina na kanina pa kinikilig.

“Mom, wala na po tayong extrang room di ba?”

“Wala na, anak. Teka, why are you asking?”

Hinawakan nya yung kamay ko. Then, hinila ako. Tapos, sabi nya kay Tita. “We’ll be sharing my room.”

ANOOO?????!!!!!!!

Tri-ny kong lumayo sa kanya pero inakbayan nya ako.

“Well, kung okay lang kay Jam, okay na din sa amin ng dad mo.” Sabi ni Tita Gina.

No! Tita, ayaw ko po makasama tong lalaking to!!

“Son, make me proud.” Sabi ni Tita.

“Yes, dad.”

“Mukhang maaabutan ko pa ang mga apo ko sa tuhod.” Bigla namang nagsalita yung lolo nya.

ANUBAYAN!!

Dinala nya ko dun sa kwarto nya. Dun lang ako tumayo sa pinto. Ready na tumakas pag napagkita sya ng masamang balak saken.

Dun sya nakaupo sa kama.

“Halika dito, sweetie.” Pi-nat nya yung space beside him.

“Ayaw ko.” Napahawak ako sa doorknob.

“Alam mo, Sweetie, pag umalis ka dito pabalik ka lang din nila.”

Nag-ready na akong lumabas.

“Ikaw ang pipili. Lalapit ka dito or... bubuhatin kita, Sweetie.”

T_T

Naglakad ako tapos, tumabi sa kanya. Well, actually dun ako mga sampung dangkal ang layo sa kanya. Malaki kasi yung kama nya. Tipong kasya siguro kahit apat na tao na tabi-tabi matulog dun.

“Sweetie.” Lumapit sya.

Lumayo ako.

Lapit.

Layo.

Lapit.

Layo.

Lapit.

ASDFGHJKL!! Wala na akong uurungan!! Dulo na to

Jamie.” Hinawakan nya yung cheek ko. Tapos, palapit nang palapit yung mukha nya.

>_< Ayaw ko pa po!!

“Chase, bata pa ako.” Napasabi tuloy ako ng ganun.

Tumingin sya saken ng parang nagulat sya sa sinabi ko. Natanggal yung kamay nya sa cheek ko. Tapos, tumawa sya.

“Sweetie, akala mo na... HAHAHHAHAHAHAHAHAHA.” Tawa nang tawa yung ewan na lalaki.

ARGH!!! Pinagt-tripan lang ako?!

“Hoy! Nako! Ang sama talaga ng ugali mo!” sabi ko.

Bigla syang ngumiti saken. “Pag ginawa na natin yun, di kita pipilitin. Gusto ko ready ka na.”

ASDFGHJKL!!

“Never kita papatulan.” Sabi ko. Grabe parang namumula pa rin ata mukha ko. Ano ba to!!

Tumawa lang sya. Then, lumabas sya dun sa parang balcony ng kwarto nya.

Inhale. Exhale.

Kalma. Kalma lang, Jam.

Oo nga. Di ko pa pala nabibigay sa ewan na to yung gift ko sa kanya. Pero sige. Kahit wala na syang gift saken. Nakakatakot yung gift nya eh.

Pansin ko, sya lang yung di nilagyan ng gift ni ate. Assuming siguro sya na bibigyan ko ng gift si Chase. Psh. Pano kaya kung di ko nga nabilhan ng gift yun? Eh di wala akong bibigay sa kanya? Tapos, magtatampo sya. Tapos, yung mukha na naman nyang parang ewan na nagp-pout ang makikita ko. Haha!! Benta naman!!

Dun lang nakalagay yung gift ko sa kanya sa isa sa mga suitcase na dala ko. Pero may problema...

Dalawa kasi yung binili ko. Di ko sigurado kung alin ang bibigay ko dun sa mokong.

Yung isa, necklace pero leather yung cord. Tapos, pendant nya, microphone na parang may design na star pero maliit lang.

Yung isa naman, joke lang na gift. Payong sya na alternate na red and blue tapos may pattern na parang langgam na gumagapang sa kanya papunta dun sa parang center. Para bang spiral na linya ng langgam.

Yung feeling ko kasi, masyadong assuming. Nakita ko yun online. Then, tumawag ako dun sa jeweler na lagging binibilhan ng family namin. Yung star, dinagdag ko lang sa design. Originally, silver dapat yung chain pero ayoko. Pakiramdam ko kasi, di ganun ang gusto ni Chase. Parang di bagay sa personality nya. Yung pendant, sabi ko, white gold dapat. Bakit? Kasi white gold na necklace yung suot ko the first time we spoke to each other. Para nga akong na-possess eh. Na-realize ko na lang yung nagawa ko nung tapos na yung necklace at nakangiti ako habang hawak yun.

Nako talagaaaaa.....

Yung payong, nakita ko nung kasama ko sina Clara at Clarice. Ewan, bigla ko lang syang naalala. Red and blue. Yun yung color ng suot namin nung dalwang time na nagkapareho kami ng color na suot na damit. Tapos, langgam kasi, malamang, sweetie tawag nya saken.

Baka naman isipin nyong gusto ko sya..

HINDI, uy!!

“Sweetie, eto na gift ko sayo.” Nagulat ako nung sinabi nya yun.

Tinignan ko sya.

O

Oh my!!!

Di nga...

KYAAAAAHHHHHHHHHHHHH!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!!

Chapter Thirty-six

Sa isang box, may dalawang cute na cute na puppy. Shitzu ata tawag dito.

Kyaaahhhhh!!!!!! Ang cute talaga >.<

Color white sila na parang may brown na something. Tapos, parehong may ribbon na nakalagay sa kanila. Nagkakahol sila.

“Merry Christmas.” Sabi ni Chase.

Di ko na sya napansin napansin. Dumire-diretso ako dun sa dalawang puppy na hawak ni Chase. Ang cute nung mga eyes nila. Pakiramdam ko tuloy, immune na ako ngayon pag nagpuppydog eyes si Chase.

Kuniha ko yung isang puppy tapos, kinarga ko.

“Chase, thank you talaga.” Hi-nug ko si Chase.

Ewan ko na naman kung ano ang sumapi sa akin at ginawa ko yun. Pero I don't care. Masyado akong Masaya kasi ang cute ng puppy.

“Sweetie, nakikita tayo ng mga bata.”

Huh? Ano daw??

Teka, mga bata...?

Bata = baby = anak

Oh! So, ibig sabihin, yung sinsabi nyang regalo nya sa akin eh, mitong mga puppy na to.

Awww....

Ikaw kasi, Jam. Overactive ang imagination mo. Kung anu-ano pumapasok dyan sa isip mo.

“Two months pa lang yung tanda nilang dalawa. Bigay sila saken nung kakilala ko. Pagkakita ko, naalala kita.” Binaba nya yung box sa floor.

“Sinasabi mo bang mukha akong aso?” binaba ko rin yung isang puppy na karga ko at nilagay ko dun sa box. Nakaupo kami ngayon ni Chase sa floor. Magkaharap kami pero nasa gitna yung mga puppy.

Tumawa sya. “Hindi. Naalala ko lang yung mga kwento sa akin ng mga nanligaw sayo. May Labrador ka daw na si Bite. Tapos, pag ayaw mo dun sa manliligaw, pinapahabol mo kay Bite.”

“Psh. Yun lang pala.”

“Sweetie, pangalanan natin tong dalawa nating anak.”

“O, sige. Yung karga ko kanina, si Bite the second.”

Tumawa sya.

-_-++ Seryoso ako dun ah.

“Sweetie naman. Ibahin mo naman tawag mo sa anak natin.”

“Bakit naman? Ang cute kaya.”

“Parang inaaway mo naman sya.”

“Hindi ah. Yun talaga gusto kong name nya.”

“Ganito na lang. Ako sa babae. Ikaw sa lalaki. Yung babae yung may red na ribbon. Tapos dun sa lalaki yung green.”

“Okay.” Kinuha ko yung lalaking puppy.

Hmmm..... Ano kaya papangalan ko dito?

“Ikaw na mauna.” Sabi ko.

“Tatawagin ko syang Tweety. Para malapit sa name ng Sweetie ko.”

“Eh, Jamie Nica kaya pangalan ko.”

“Para sa akin, si Sweetie ka forever.”

“At saka...” isip, Jam. isip ng way para madiscourage sya. “Lalaki kaya si Tweety.”

“Eh dib a may model naman na ganun din ang name? Oh, yun. Babae yun.”

Ay. Ewan.

“Eh, sya. Ano pangalan nya?”

Hmm... ano nga ba??

Eh wala naman akong tawag kay Chase eh. TEKA!! Ba’t ko naman ipapangalan kay Chase ang napakacute na creature na to?! Kawawa naman sya...

“Jerry.” Oops. Nadulas ako.

“Ha? Ba’t Jerry?”

“Wala.”

“Teka, sweetie. Wala namang ganyanan. Sinabi ko sayo yung reason kung bakit Tweety di ba? Dapat sabihin mo na sa akin kung bakit Jerry.”

“Pinilit ba kita na sabihin mo yung reason?”

“Di naman pero... ang daya mo.” Nagpout sya.

WAHAHAHAHAHA!!! Ayan na naman sya.

Pero kahit anong pagpapacute ang gawin nya, di ko talaga sasabihin kasi...uhm, nakakahiya eh!!

Kailangan ma-distract ko sya.

“Chase, may gift pala ako sayo.”

Bigla na lang nya nakalimutan yung tungkol dun sa Jerry. Tapos, ngumiti sya ng nagpapacute.

“Ano yun, Sweetie?”

AY! SHEMAY!! Di ko pa pala napipili kung alin sa dalawa yung bibigay ko sa kanya.

Bahala na nga...

“Ahm... e-“ biglang nagring yung phone ko.

WHITNEY

Yes! Safe ako!!! XD

“Chase, wait lang ah. I have to answer this.”

“Balik ka agad, Sweetie. Gusto ko na makita gift mo.”

Pumunta ako sa may balcomy. Malay ko ba kung ano pag-uusapan namin. Mahirap na. Baka mabanggit ko yung plan at mabuko pa ako ni Chase.

“Hello.”

“JAAAMMMMM!!!!!!!!!!!! Sasabunutan kitang babaita ka!!”

“Ha? Bakit?”

“Ang shunga mo. Di ko keribels yang mga kaechosan mo.”

“Teka, Whitney. Huminahon ka. Okay? Umpisa sa simula. Merry Christmas.”

“Merry Christmas.” Sagot nya pero halatang nagpipigil sya.

“Okay. Sige. Go.”

“Okay. Ikaw kasi babaita ka!! Nung 23, tumawag sya sayo di ba? Ba’t di mo pinuntahan dyowa mo? Echosera kang palaka-er!!”

“Whitney, di ko ma-gets.”

“Argh! Ang shunga shunga mo talaga! Birthday ng dyowa mo.”

“Dyowa?! Sinong dyowa?”

“Birthday ni Chase nung 23. Buong araw ka nyang hinintay kahit parang chuchu na sya dun. Kahit parang pangitngiti yun pero totoo lang, ikaw lang hinahanap nun. Shunga ka kasi. Pero, in fairness, ang haba ng hair mo. Paano mo ba sya napa-fall sayo?” grabe. Dire-diretso lang lang yung pagsasalita ni Whitney. Di kaya sya nauubusan ng hininga?

So... birthday pala nya. Kaya pala...

Ano na gagawin ko ngayon? Mukhang di na ako pwedeng magdecide sa dalawang yun ah.

“Pano ba yan? Di mo na sya makikita hanggang New Year’s Eve. Nandyang ka na sa France. Ang epic fail ng love life mo, best.”

“Uh, Whitney, best.”

“Yes? May solusyon ka na?”

“Wala ako sa France.”

“OMG!! Anong nangyari?! Nagkaemergency, noh?? Okay ka lang ba? Si Jay? Si Ate Jas, okay lang ba? Si Tina kasama nyo ba?”

“Actually, di ko kasama si ate, si kuya at si Tina.”

“WHAT?!!! Eh nasan ka? Safe ka ba dyan?”

“Tingin ko naman, safe ako.”

“San ka nga?”

Sasabihin ko bas a kanya o hindi? Pag sinabi ko, siguiradong kakalat na naman to at huge issue na naman. Pero pag hindi, magf-freak out sya at baka sugurin pa sina ate sa France.

“Dito ako kina Chase.”

“Ah. Okay. Susunduin ka na namin... TEKA!!! Kina Chase?!!!”

“Oo. Set up ni Ate.”

“Kaya gusto ko si Ate Jas eh.”

“Tama na nga. Sige na. kanina pa naghihintay yun.”

“Yiieeee... Aya na sinasabi ko eh. The! This is really is it is it na!!” then, tumili sya.

Binabaan ko na nga. Grabe naman kasi eh. Nababaliw na nga ako dito tapos sya, kilig na kilig pa.

Pagbalik ko, nakita kong nilalaro ni Chase si Jerry at Tweety. Para syang bata. Nung napansin nya ako, ngumiti sya saken.”

“Sino yun?”

“Ah. Wala.”

“Sweetie, ang cute nila noh?” tinuro nya si Jerry at Tweety.

“Oo. Ah, yung gift ko nga pala sayo.” Binuksan ko yung suitcase. Then, kinuha ko yung dalawang gift. Yung isa, nasa paperbag. Yung isa naman, nasa maliit na box.

Dun sya sa may kama. Pagtingin ko, wala na si Tweety at Jerry.

“Nasan na sila?”

“Ah. Kina manang muna sila matutulog. Okay lang naman yun sa kanila eh.”

“Ikaw naman oh. Eto na oh. Merry Christmas at... Happy Birthday.” Sinabi ko yun. Then, humiga na ako sa kama at tinago yung mukha kong pulang-pula na naman.

O///O

Ano ba tong epekto ng epal na to saken...

Di ko tinanggal yung kumot hanggang nakatulog na ako.

Chapter Thirty-seven

(CHASE POV)

“Ikaw naman oh. Eto na oh. Merry Christmas at... Happy Birthday.” Sabi ni Mica. Tapos, ayun nagtago na sya sa comforter ng kama ko.

Napangiti naman ako. Ang cute nya talaga.

Kanina pa akong parang bata. I can't help it. Sabi nya kasi na may regalo sya sa akin at hindi ko expected yun. Natuwa rin ako kasi binate nya ako ng Happy Birthday kahit na alam kong tapos na yung birthdayko. Napasaya na nya ako nun.

Medyo badtrip nga eh. Hinintay ko kasi syang dumating. Nandun nga ako sa may pintuan at inaabangan sya. Gusto ko san syang makita eh.

Binuksan ko yung paperbag. At ang mahiwagang gift ay...

PAYONG...?

Binuksan ko yung payong. Nakakatawa. May nakalagay pang design na parang mga langgam. O di ba? ang creative ng Sweetie ko. Alam kong joke lang para sa kanya tong gift na to pero masaya na ako. Makita nga lang sya, masaya na ako. Nang malaman ko na I get to spend Christmas with her, para na akong bata na na-excite.

Yung nandito sya, sapat na yun na birthday gift at Christmas gift. Okay na sa akin yung payong kasi, at least, naalala nya ako.

Binuksan ko yung box at nagulat ako.

Yung regalo nya, necklace.

Akala ko pa naman ayaw nya yung gift ko. Yun pala ganun din ireregalong nya saken. Hindi naman sa assuming ako na gusto nya ako. Masaya ako na na-appreciate nya yung binigay ko sa kanya.

Tinanggal ko na yung pagkaka-talukbong nya sa cover. Tapos, inayos ko para makatulog sya nang maayos. Di pa pala sya naka-unan. Kumuha ako ng unan tapos, dahan-dahan kong inangat yung ulo nya para di sya magising. Nung okay na, dun ako humiga sa tabi nya.

Ang ganda talaga nya. Para syang anghel. Bihira ko lang sya Makita na ganito. Kadalasan kasi, naiirita sya sa akin. Pero kahit ganun, maganda talaga sya. Kahit nakakunot yung noo nya, ang cute tignan.

Yung lampshade sa likod nakatapat sa kanya. Para tuloy syang mag halo. Ang swerte ko talaga sa kanya. Sana...sana gusto na din nya ako.

HAY!!

Tumingin na lang ako sa ceiling. Ano ba to!! Para na akong ewan. Nag-eemote mag-isa. Mamaya, may laslas na ako nito oh. Joke lang.

Pero sana nga talaga. Kasi ako, di ko sya gusto... MAHAL KO SYA.

HAY!!

Tama na. pati ako, nababaliw eh.

Bigla nyang hinila yung braso ko at niyakap.

O///O

T-T-TEKA!!!

Tinignan ko sya. Tulog pa rin sya. Pero ngayon, umiiyak sya habang tulog.

Para tuloy... parang gusto ko syang gisingin. Pero, di ko kaya. She's still like an angel. Then, it's like my heart's breaking dahil umiiyak sya.

"Bite..." Bigla syang nagsalita.

BITE??

...

BITE?! Hahahahaha! Yun pala iniinyakan nya. Kala ko naman napakaseryoso.

Sinubukan kong tanggalin yung pagkakahawak nya para punasan ko yung luha nya. Pero, no use. Ginalaw ko lang yung braso ko eh, mas hinigpitan nya yung pagkakayakap nya.

"Bite, wag kang umalis. Dito ka lang." sabi nya.

Sigh...

"Hinding-hindi ako aalis."

Dahil ayaw nyang bitawan yung kanan ko, yung kaliwa kong kamay ang ginamit ko para punasan yung tears nya. Then nilagay ko yung kamay ko sa cheek nya.

Ang ganda nya talaga...

Tumigil na sya sa pag-iyak pero yakap pa rin nya yung braso ko.

Okay lang.

Kahit ngayong gabi lang.

Kahit ngayon ko lang sya makasama.

.....

(JAM POV)

December 25, SUNDAY

"Honeybunch, bagay na bagay sila."

"Oo nga, cupcake. Tamang-tama talaga sila para sa isa't isa."

"Parang tayo lang, honeybunch."

“Asus, ikaw talaga, cupcake. Ganyan din ba ako kaganda noon?”

“Sinong nagsabing noon? Hanggang ngayon, honeybunch.”

Hmm... nananaginip pa ba ako?

“Honeybunch ah, damihan mo na ang kuha.”

“Syempre cupcake. Sinasamantala ko habang tulog sila eh. Alam mo naman, magagalit sa atin nyan ang anak natin pag nagising.”

“Honeybunch, gamitin natin sa family calendar ah.”

“Yan din idea ko, cupcake.”

Bakit parang di naaalang yung mga boses nay un sa isip ko? Panaginip pa ba to???

Inaantok pa ko eh...

BLAG!!

“Honeybunch, okay ka lang?”

“Oo. Kunin mo na lang yung camera, cupcake.”

Teka, parang kilala ko yung mga bises nay un ah. Gigising na nga.

blink

blink

O///O

W-WEH??!!

His face was inches from mine. Yung forehead namin magkadikit. Tapos ang lapit ng lips nya. Tapos... tapos...

AH! JAM! TIGILAN!!

Nabaliw ako at accidentally, nagkaumpugan kami ng noo. Tapos, our noses bumped and salamat na lang dahil doon at hindi kami nag-kiss.

CLICK!

Biglang may nag-flash. Pagtingin ko, si Tita Gina at Tito Arthur pala, pinipicturan kami. Pagkakita ko sa kanila bigla silang tumakbo palabas.

Ha?!

Ibig sabihin... totoo yung panaginip ko kanina. Ibig sabihin... kanina pa nila kami pinipicturan.

Tinignan ko uli si Chase. Grabe! Tulog pa rin sya.

Yung kamay nya nandun sa shoulder ko at... OMG! Yakap ko pala yang kabilang braso nya!! >///<

Binitawan ko yung braso nya at sinubukang makawala pero no use ulit.

Bakit??

Kasi bigla nya akong hinila at tuluyang niyakap.

WAH!! Tunlungan nya po ako.

Naririnig ko yung heartbeat nya. Dun kasi ako sakto sa chest nya.

Grabe! Ang bilis ng heartbeat nya. Siguro kasi... mahal nya ako?!! ECHOS!!!

Masama mag-assume, Jam. ang mahilig mag-assume, maagang namamatay.

Siguro ganun lang dahil... 'athletic' sya. OO! TAMA! 'ATHLETIC' SYA!!!

At bumibilis ang heartbeat ko dahil 'athletic' din ako.

TAMA! 'ATHLETIC' KAMI PAREHO!!!

Hmm... nabo-bore na talaga ako. Ibig sabihin, kailangan ko pa hintaying magising tong bwisit na to.

After five minutes...

ARGH!! Di ko na kaya. Hanggang ngayon, 'athletic' pa rin kami. Hahaha. Pero, seryoso. Di ko na talaga kerri na ganito.

After five more minutes...

NABABALIW NA AKO!! Ba't ganun?? Mukha na akong ewan. Medyo nawi-weirduhan na ako dito. Ang tagal naman nya magising. Nakailang subok na rin ako umalis pero The Hulk nga sya kaya, ayan di ako makaalis.

Bigla na namang may ewan na parang pumapasok yung kanta ni Colbie Caillat sa isip ko. Ewan pero parang nasa isip ko sya.

Kakantahin ko kaya? Wag na! parang di naman kailangan eh. Pero matagal na rin akong hindi kumakanta. Psh. Tumigil ka nga, Jam. mamaya magising pa yung bwisit tapos, marinig nya. Sa bagay...

Haha! Kontrahin ba ang sarili??

Tumingala ako para tignan si Chase.

WAFUUUU!!! Ang ... ang gwapo pala nya pag tulog...

>///< WAAHHHH!!!! Maghunodili ka, Jam!!! tigilan mo na sya.

Pero... pero parang ang gwapo...

STOP! TAMA NA! DON'T LOOK!! >///<

Isa na lang ang way para ma-distract ang sarili ko. Kakanta na lang nga.

Nakatitig ako sa chest nya tapos, para akong nagd-drawing ng heart sa saktong tapat ng heart nya gamit yung daliri ko.

*It's always been about me, myself and I
If all relationships were nothing but a waste of time
I never wanted to be anybody's other half
I was happy saying that our love wouldn't last
That was the only way I lived til I met you*

Oo nga. Before Chase, parang wala akong nagustuhan ng sobra. Oo. May mga naging crush ako, then, MU. Pero parang wala yung sobra akong tinamaan. Lahat ng relationship parang masama ang tingin ko. Parang nakakasakal kang kaya ayoko magboyfriend. Okay na sa aking sabihin na di magla-last kaya di naging kami. Pero, parang pagdating kay Chase, iba eh.

*You make me wanna say
I do, I do, I do, do, do, do, do, do, do, do
Yeah, I do, do, do, do, do, do, do, do, do, do
Cause everytime before we spend like
Maybe yes and maybe no
I can live without it I can let it go
Ooh I did I get myself into
You make me wanna say
I do, I do, I do, I do, do, do, do, do, do, do*

Oo nga. Pati pag-aaway namin, parang di ko makalimutan. Nung akala ko galit na sya sa akin, di ako nakatulog agad. Di ko matiis na ganun kami.

*Tell me is it only me
Do you feel the same?
You know me well enough to know
That I'm not playing games*

Ito rin yung gusto kong itanong sa kanya. Gusto nya ba talaga ako? O dahil lang talaga sa deal ang lahat ng to? Pero kung oo, kilala naman nya ako eh. Di ako basta joke joke lang. nagseseryoso ako pagdating sa ganito.

*I promise I won't turn around
And I won't let you down
You can trust and never feel it now
Baby, there's nothing there's nothing
We can't get through*

Kaya ko ba yun? Kaya ko bang maging better girlfriend sa kanya kesa kay Alexandria? Pero, tingin ko, kaya ko naman siguro kasi, kung mahal ko talaga sya, makakaya ko yun.

*So can we say
I do, I do, I do, do, do, do, do, do, do, do
Oh baby, I do, I do, I do, do, do, do, do, do, do, do
Cause everytime before we spend like
Maybe yes and maybe no
I won't live without it I won't let it go
Woohhh can I get myself into*

Siguro nga, kahit deal lang to, di ko kaya na totally mawala sya.

*You make me wanna say
Me, a family, a house, a family
Ooh can we be a family*

*And when I'm eighty years old
And sittin' next to you*

Naalala ko yung sa carindera. Yung words nya sa akin. Tapos, yung bahay nila na tinanong nya kung gusto ko doon tumira.

*And when we remember when we said
I do, I do, I do, do, do, do, do, do, do, do
Oh baby I do, I do, I do, do, do, do, do, do, do, do
Cause everytime we spend before like
Maybe yes and maybe no
I won't live without it
I won't let it go
Just look at what we got ourselves into
You make me wanna say I do, I do, I do, I do, I do
Love you*

Bigla akong napaisip. Kinakabahan ako pag nandyan sya eh. Tapos, pakiramdam ko may karera ng mga kabayo sa dibdib ko.

Ibig sabihin... gusto ko sya??

Pero, di pwede! Kasi di ko alam kung ganun din yung nararamdaman nya.

Pero, siguro okay lang din naman. Basta wag lang ako ma-fall in love sa kanya.

Haayyy....

"Siguro nga, crush kita." Sabi ko. Then, tinapos ko na yung pagd-drawing ng heart.

O_O

Biglang gumalaw si Chase... Weh!! Hala!!!

Tinanggal nya yung pagkakayakap nya saken tapos nag-inat inat.

>///
<

Pano kung narinig na nya?!

Tumayo sya tapos sabay smirk.

"Sabi ko na nga ba type mo ko eh." *insert evil laugh here*

"H-ha? Hindi ah.."

"Kakasabi mo pa lang. pero kawawa ka naman. Si Alexandria pa rin ang mahal ko. Sya lang ang Sweetie ko. Kala mo ba magugustuhan kita? Napilitan lang ako." Tapos, tumingin sya sa akin na parang naaawa sya saken.

Then, biglang pumasok si Alexandria. "Poor you. Umasa ka sa wala."

Then, inakbayan sya ni Chase. "Let's go, Sweetie."

Then, iiwan nila ako.

“Chase!! NOOOO!!!!!!!!!!”

Tama na. Tama na.

Pangit na imagination!!

Tigilan na ang pagi-imagine ng ganyang mga bagay. Di ba nga, ang mahilig mag-assume, maagang mamamatay??

Io-observe ko na lang si Chase. Malay natin, Makita ko kung narinig nya yun.

Nginitian nya ako. “Good morning, Sweetie.”

“Alam mo bang bwisit ka?! Kanina mo pa kaya ako yakap! Di ako makapagbreakfast dahil sayo.”

Pagkasabi ko ng word na ‘breakfast’, parang magic na naramdaman ko yung gutom ko.

Nag-stretching pa sya. Ako naman, tumayo na sa kama at nagsuklay. Di naman uso saken ang bad breath pag umaga. Abnormal ata ako eh ^^

“Let’s go, Sweetie.” Sabi nya sa akin.

Bigla kong naalala yung nana-imagine ko kanina.

“Chase, may narinig ka ba?”

“Narinig? Hmm.... Oo..”

O_O

OMG!!

“Ano?”

“Narinig ko yung puso ko. Sinisigaw yung name mo.”

^-_++

Psh. Cheesy lines na naman pala.

“Pwera sa bwisit mong puso, wala nab a?”

“Wala naman. Bakit, may sinabi ka ba?”

“Ah? W-wala...” Umiwas ako ng tingin.

Pero, at least. Di nya narinig yun. Kung narinig nya, baka kumuha ako ng shovel at ibinaon ang sarili ko nang buhay sa lupa.

“Sweetie, una na ako.”

“Sige.” Kailangan ko pa magparty at napakasaya ko na wala syang alam.

WOOHOOO!!!!

Nandun na sya sa door. Ako naman, nagtatatalon na sa tuwa. Di naman nya Makita eh. Nakatalikod na sya.

“Nga pala, Sweetie.” Sabi nya bigla.

Tumigil ako sa pagtalon. “Oh?”

Ngumiti sya saken.

“Ang galing mo kumanta.”

O///O

Oh

My

God!!!

NARINIG NYA!!!

Kumuha ako ng unan at binato. Yun nga lang, nasara na nya yung pinto.

TT_TT

Ano na gagawin ko ngayon??

Chapter Thirty-eight

Suot ko pa rin yung t-shirt at jeans kahapon. Di pala ako nakapagbihis nung gabi dahil sa sobrang pagod. At kahit na gusting-gusto ko na mag-shower, di pwede. Kailangan ko munang magbreakfast.

Pagkababa ni Chase, sumunod agad ako. Ang ewan nga eh.

Nandun na sya sa may dining table. Yung mga bata, kinakantahan sya ng Rudolph the Red-nosed Reindeer.

“Good morning po.” Binati ko sila.

O_O -> reaction nung mga bata.

Tapos, ayun, balik uli sila sa pagkanta ng Rudolph the Red-nosed Reindeer.

Nagblush ako. Naalala ko yung kanina. Pagtingin ko naman kay Tita Gina, kilig na kilig sya. Tuwang tuwa sila ni Tito Arthur.

Oo nga! Nakita pala nila yung pag-bump ng noses namin ni Chase!! >///
<

Si Chase naman, nagb-blush gaya ko. Pero diba tulog sya kanina? Di naman siguro nya alam yun, diba?

“Nga pala, magsisimba tayo after breakfast, okay?” sabi ni Kuya Dominic. Tumigil na yung mga bata sa pang-aasar. Nagkwentuhan na lang sila. Mga excited ata magsimba.

After breakfast, syempre naligo na ako. Then, I checked my bags. Grabe! May label pa yung mga damit. Meron dung nakalagay na ‘For Sunday Mass’.

Peach sya na dress na parang pa-tube. Tapos may light pink na cardigan.

Sinuot ko yan. Then, naglagay lang ako ng clip para sa hair ko. Nagsuot ako ng necklace. Yung bigay ng parents ko. Yung suot ko the first time I met Chase at nagkausap kami.

Nasa church na kami. At dahil trip nina Tita Gina, pinagtabi kami ni Chase. At pinaggigitnaan kami ng mga cousin nya na bata.

Sa ngayon, Our Father na. kaya, no choice. Magka-hawak kami ng kamay. After nung song, sinubukan kong bumitaw.

“Chase, bitaw.”

“Sweetie naman. Gusto ko lang hawakan yung kamay mo.”

“Kahit nasa simbahan tayo at dapat making na sa pari?”

“Nagp-practice lang ako, Sweetie.”

“Ano namang klaseng experience ang ginagawa ko?”

“Practice kung pano kita ihaharap sa altar.”

-_-++ Bwisit!!

“Pasmado ako.” Sabi ko.

“Hindi ka pasmado. Nahawakan ko na kamay mo dati.”

Tss... oo nga pala. Ano bay an.

^-

Dumating na sa part where we had to kneel. At ayaw pa rin bitawan ang kamay ko.

“Bitaw na.”

“Aya.”

“Eh pano ako magp-prayer position?”

“E di ganito.” He took my hand. Nakaluhod kami pareho. Yung intertwined hands namin, pinatong nya. Then, nilagay nya yung hand ko sa magkahawak naming kamay. Tapos, humawak din sya. Dahil doon, mas lalo kaming nagkalapit.

Ba-thump. Ba-thump. Ba-thump.

Argh!! Di ako makapagconcentrate.

Nung nagcommunion na, binitawan nya na ako.

Finally!! He let go of me.

^o^

Pero, after the communion, hinawakan nya uli yung kamay ko. It's seriously weird, huh? Kasi nung una, kinakabahan ako. Ang bilis-bilis nung heartbeat ko. Pero nung tumagal na, ewan ko ba. Nakalimutan ko na na hinawakan nya ang kamay ko.

“Tita Gina, babalik nap o ba tayo sa house nyo?”

Nagtinginan si Chase at Kuya Dominic.

-_-++ ano kayang meron??

“Uhm, actually, Jam. we have this family tradition. We spend Christmas sa beach.”

O_o What the?!

“Tita Gina, sorry po. I didn't know.”

“Don't be. It's not your fault. Sinabihan ko na yung ate mo. It must've slipped her mind. Oh well, okay lang yan. She told me kung aling bag ang may gamit mo for the outing. Kaya, no worries.” Nagsmile si Tita.

Siguro kung di lang ako makaka-commit ng genocide, baka matagal nang nawala si ate Jas sa mundo. Pasalamat syang mahal ko sya at kapatid ko sya.

Pagdating sa beach, nagkaron na ako ng reason para bitawan ako ni Chase. Magbibihis kasi kaming lahat bago maglunch.

Ganito yung arrangement:

- 1- Kuya Dominic at Lolo Eddie
- 2- Tita Gina at Tito Arthur
- 3- Tita Ella at Tito Charlie
- 4- Angela, Trixie, Jane, Yaya Minerva
- 5- Jack and Jill, Tweety at Jerry, Yaya Adelfa
- 6- Chase at Mike plus Jordan (boyfriend ni Charlene), Nate (boyfriend ni Maria)
- 7- Charlene, Maria at ako.

“Jam, right?” tanong ni Charlene.

“Uh, yup.”

“Sorry. We’re not properly introduced. Si Chase kasi ang gusto kanya ka lang.” tumawa silang dalawa.

“Okay lang.” I smiled.

“Ako si Charlene at sya syempre si Maria. Since magiging tentmates tayo for tonight kailangan mo ng crash course sa ugali namin. Ako yung masasabi mong nerd. I’m addicted to books. Wag na wag mo akong kakausapin lalo na kung nagbabasa ako.”

“Para ka palang yung best friend ko na si Clara. Mahilig kasi sya magbasa ng novels.”

“Oh. More on science books kasi ako.”

In fairness, di halata ah. Kung nakita ko lang sya without knowing her, baka inisip ko na popular type sya at hindi mahilig sa libro.

“I know what you’re thinking. I don’t look like a nerd at all. Nasa genes kasi. Pero, seriously, I’m a nerd at proud ako! Etong si Maria ang popular.”

Si Maria naman, naka-glasses at nakaponytail lang ang buhok. Siguro, sya yung pinagkamalam ko na nerd.

“Maria, seriously. Tumitigil na yung stalker mo last week. Nahuli na sya kaya okay na na bumalik ka sa dati.”

“Sorry.” Tinanggal ni Maria yung glasses nya. Pati yung ponytail. Grabe! Straight na straight yung buhok nya.

E di sya na maganda.

“Dong shinun ah joo yeo ppu da.” Sabi bigla ni Maria.

O_O ano daw??

“Sabi nya, you’re very pretty. Naadik kasi sya sa koreanovela. Tapos, ayun. Napagtripan mag-aral ng Korean pati hangul. Pagpasensyahan mo na ah.”

“Wow. Uhm, thank you.” Huge compliment ata kung galing yun sa kasingganda ni Maria.

Naghubad yung dalawa. Sa ilalim pala ng damit nila, nakasuot na yung bikini nila. eh, ako hindi pa.

“Coming?”

“Ah. Sige. Mauna na kayo. Hahanapin ko pa yung akin eh.”

“Okay.” Umalis na sila.

Hinalughos ko naman yung bag na para daw sa akin. Binali-baligtad ko na pero di ko talaga Makita yung tankini ko at shorts. Pero meron dung two-piece na purple and black yung print.

Don't tell me na...

Patay!! Di ko kayang lumabas na suot ko to.

Nagbihis na ako ng bikini nay un. Isa lang kasi ang naisip kong paraan. Tatawagan ko si Chase.

Calling...

SWEETIE KONG SUPER GWAPO <3

“Sweetie!! Namiss mo ko agad?”

“Ewan ko sayo.”

“Mahal mo lang ako eh.”

“Magtigil ka nga. Mag hihingin lang akong favor sayo.”

“Ano yun? Sabihin mo lang. I'll do anything para sa Sweetie ko.”

“Magdala ka ng T-shirt mo na pwedeng hiram tapos pumunta ka dito sa tent namin.”

“Yes, Sweetie.”

“Chase, pakibilisan ah.”

“Yes, Sweetie.”

“At s-salamat.” >///
<

“Uhm... y- you're welcome.”

In-end ko na yung call. Mamaya kung ako pa masabi ko eh. Di naman nakasawa yung tent kaya walang problemahin si Chase sa pagbukas nun. Umupo na lang ako tapos inayos yung bag na binali-baligtad ko kanina.

“Sweetie, ito na yung-“

Humarap ako. Si Chase naman, biglang natulalang ewan.

“Ahm... salamat.”

Bigla nyang binato sa akin yung tshirt tapos tumalikod sya. Ako naman, sinuot ko na yung shirt.

“Okay na.” I said.

Kinuha ni Chase yung kamay ko. Then, lumabas na kami sa tent.

Ano kayang meron??

Chapter Thirty-nine

(CHASE POV)

Dito na kami sa beach. Dahil ang kasama ko eh si Mike lang at young boyfriend ng mga pinsan ko, bored na ako. Miss ko na yung sweetie ko. T_T

Pagkarating na pagkarating sa tent, agawan agad ng pwesto. Ako naman, din a nakisali sa kanila.

“Hoy! Boy, anong pinagmumukmok mo syan?” sabi nung Jordan.

“Ganyan talaga yan. Gusto na naman kasing ma-solo yung girlfriend nya. Eh, last night na to. Malas nya lang, naagaw nina Maria yung girlfriend nya.” Tawa lang ng tawa si Mike.

Sige, Mike. Tawa lang. ikaw na Masaya.

“Buti nga ako, may girlfriend. Kesa ikaw, basted.” Sagot ko naman.

“Eh g*go pala to eh!” Ayun. Pikon na naman.

Nag-ring yung phone ko.

MY ONE AND ONLY SWEETIE <3

Ngumiti ako.

“Oh! Oh! Tignan nyo yan oh. Nababaliw na!” sabi ni Mike.

Pinagtinginan lang sya nina Jordan at Nate.

“Boy, nakakaawa naman.” Sabi ni Jordan.

“Oo nga. Mukhang wala nang nagmamahal.” <- Nate

“Ang sabihin mo, kulang sa pagmamahal ng babae.” <- Jordan

Sabay tawanan uli yung mga loko.

Psh. Mas importante yung sweetie ko kesa sa mga baliw na to noh?! Umalis lang ako sa tent. Maayos nay un. Baka di ko pa marinig sweetie ko sa sobrang ingay dun.

“Sweetie!! Namiss mo ko agad?” tinanong ko sya. Bakit? Kasi miss ko sya agad.

“Ewan ko sayo.” Ang sakit ah. Cold sya lagi =))

“Mahal mo lang ako eh.” Sige. Isang hirit pa.

“Magtigil ka nga. May hihilingin lang akong favor sayo.” Ouch. Kaya pala.

“Ano yun? Sabihin mo lang. I’ll do anything para sa sweetie ko.”

“Magdala ka ng tshirt mo na pwedeng hiram. Tapos, pumunta ka dito sa tent namin.”

“Yes, sweetie.”

“Chase, pakibilisan ah.”

“Yes, sweetie.”

“At s-salamat.” O sige na. pati heartbeat ko, pinapabilis nya.

“Uhm... y-you’re welcome.” Sabi ko.

Ano ba!! Nauutal na naman ako. Bahala na nga >.<

Bumalik ako dun sa tent at kumuha ng tshirt.

“Hoy! Chase! Hoy! Hoy!” tinatawag ako ni Mike.

Di ko na lang sinagot.

“San ka pupunta?”

“Sa kabilang tent. Sige. Alis na ko.” Di ko na hinintay na makasagot sila. Mamaya, baka mangtrip pa yung mga yun.

Pagpasok ko sa tent nina Sweetie, may nakita akong nakatalikod. Pero naka-bikini eh. Siguradong hindi ito yung Sweetie ko. May allergy ata yun sa mga pambabaeng damit eh.

“Sweetie, ito na yung-” pero, may kutob ako na sya to.

Bigla syang humarap.

O_o

“Ahm... salamat.” Sabi ng sweetie ko.

Binato ko sa kanya yung tshirt. Syempre, mahina lang. ayoko atang masaktan ang sweetie ko. Tapos, tumalikod ako.

Bakit?

Ang ganda kasi nya. Di naman tipo ng babae na pang-FHM. Ayoko din naman kasi ng ganun. Yung parang masyadong showy na babae-yung mga sobrang confident sa sarili.

Pero, di ganun si Jamie. She’s... she’s clueless na sobrang ganda nya. Para pa nga syang ayaw sa itsura nya. Di nya ba nakikita na ang dami namin na nagkagusto sa kanya?

Di sya sobrang sexy. Tama lang. pero dahil sa suot nya, parang mas lalo tuloy nahalata yung pagkasexy nya.

Tss... tigilan na nga.

Bakit ako ganito? Simple lang. kasi, I’m a guy. There are certain things we find attractive. At sa ngayon, I find Jamie attractive.

Damn! Tama na. I promised myself na hihintayin ko sya at pag sinabi nya lang na right time na, at saka lang. pero syempre, marriage muna.

“Okay na.” kinuha ko yung kamay nya. Ayaw na ayaw ko na tong bitawan. At paglabas namin sa tent...

TEN-TE-NE-NEN drumroll please...

Nasa labas halos ang buong angkan. Syempre, nangunguna ang aking ina. Aish! Sabi na nga ba eh...

“Mom.” Sabi ko. Si sweetie naman, tahimik lang pero halatang nahihiya na.

Na-gets ata ni mom na nababadtrip na ako kaya ayun, umalis na. at yung tatlong baliw na kanina pa ako binibwisit, di lumapit. Takot siguro.

“Halika na. Lunch na.” hinila ko sya. Tapos, dun kami papunta sa parang nipa hut na lagi naming tambayan dito.

Pansin ko lang, di pumapalag si sweetie. Okay na sa kanyang hawak ko yung kamay nya.

Napangiti ako bigla.

Siguro... siguro may pag-asa ako sa kanya.